


***Kapag Nabubuwal ang Lahat***

"Ikatlong bahagi ng bayan ang mamamatay sa salot at gutom; isa pang ikatlo ang mabubuwal sa tabak; at ang malalabi nama'y pangangalatin sa lahat ng dako at uusigin ko pa rin ang mga ito at pagbubuntunan ng aking poot." Ito ang mga salita ng Diyos na sinabi ni Ezekiel sa pagkawasak ng Bayang Banal. Magagamit din kaya ito sa kasalukuyang krisis ng Iglesya?

Sa loob ng ilang taon, nawala na sa Iglesya ang kahanga-hangang panlabas na anyo ng mga templo at mga seremonya, ang pagkarelihiyoso ng nakararami sa sambayanan, ang katapatan ng mga pari nito na nasa lahat ng dako, ang katatagan ng isang pananampalatayang di mapag-alinlanganan at ang pagsunod ng lahat sa Roma. Nabubuwag ang lahat ng ito. Maraming umaasa na magbubunga kaagad ang pagpapanibagong sinimulan ng Konsilyo. Ngunit naglalaho sa bawat araw ang waring pinakamahalagang magbibigay-katiyakan sa hinaharap.

Magugunita ang iba pang mga salita sa aklat ni Ezekiel: "Hindi ko maipahihintulot na kayo'y maging isang bayang tulad lamang ng iba; kundi sapilitan akong maghahari sa inyo. Titipunin ko kayo mula sa mga bayan at haharapin ko kayo. Sasailalim kayo ng aking kapangyarihan." Hindi kaya tinatawag ngayon ng Diyos ang mga puwersa ng pagkawasak? Ang Diyos kaya ang nagbubuwal sa mga gawa-ng-tao na sa akala naman nati'y siyang Iglesya? May maiiwan siyempreng *labi* gaya ng sabi ni Ezekiel – silang ang pananampalataya'y dinalisay ng pagsubok at mas malayang magagalawan ng Espiritu ng Diyos.

Ang kasasabi ay sapat na para maintindihan ang kahalagahan sa ngayon ng aklat ni Ezekiel. Siya ang saksi ng Diyos sa mga huling taon ng kaharian ng Juda, bagamat nasa piling ng mga ipinatapon sa Babilonia.

Tiyak na magtataka tayo sa lengguwaheng iniuukol niya sa Diyos na laging nagbababala at parang nalulugod pa sa kagipitan at pagdurusa ng kanyang bayan bilang pagbibigay-daan sa kanyang galit at selos. Pero puwede kayang mangusap tungkol sa pag-ibig nang hindi binabanggit ang mga salitang *selos* at *karahasan*?

May selos at karahasan din sa pagsakop ng Diyos sa mga taong makalaman at makasalanan. Hinahanap ng asawa ang kanyang taksil na maybahay sa piling ng mga mangingibig nito at ibinabalik niya sa dahas. Ang may kalabisang pananalita ni Ezekiel ay hindi dapat makapagpalimot sa atin sa iba pang pahina ng Biblia kung saan ipinahahayag ng Diyos ang kanyang karinyo. Pero hindi rin naman natin maisasaisantabi ang mga ito sa pagdadahilang mabait na tatay ang Diyos. Maaaring naranasan na natin sa ating sariling laman ang kapighatian ng makasalanang humahamon sa Diyos: tungkulin ni Ezekiel na ibunyag na lahat ang pait ng kasalanan at ipagsigawan ang galit ng Diyos.

## *Ang Aklat ni Ezekiel*

Malamang na isang batang pari si Ezekiel na dinalang bihag sa Kaldea kasama ng sampung libong ipinatapon makaraan ang unang paglusob sa Jerusalem sa taong 598 (tingnan ang 2 H 24:14). Doon siya tinawag ng Diyos gaya ng kanyang ikinukuwento sa atin (kab. 1 at 2).

Ang unang bahagi ng kanyang aklat (kab. 1-24) ay naglalaman ng kanyang mga pahayag na nagbabalita sa ganap na pagkawasak ng kanyang bayan.

Kasunod ng mga propesiya laban sa mga banyagang bansa (kab. 25-32), nasa ikatlong bahagi naman ng aklat ang mga pangako sa mga itinapon. Sapagkat ayaw ng Diyos na mamatay ang kanyang bayan.

May alam tayong mga lahing naglaho at mga dayuhang nakalimot sa sariling bayan sapagkat nakakita sila ng trabaho sa ibang bansa. Sa ganito rin sana mamamatay ang sambayanang Judio pagkaraan ng krisis na nagwasak sa Jerusalem. Nang nasa Babilonia sila, sa pagkakadeport sa isang mas maunlad na bansa, pinananabikan ng matatanda ang kanilang lupang tinubuan habang walang iniisip ang mga kabataan kundi samantalahin ang bago nilang kalagayan. Ngunit sa kanyang mapanghamong pagtuturo ay patuloy na hinuhubog ni Ezekiel ang konsiyensiya ng mga magsisiuwi sa Judea balang araw para itayo ang bagong kaharian ng Diyos (kab. 33-39).

---

**1** • 1 Sa ikalimang araw ng ikapat na buwan
ng ikatatlumpung taon, nasa piling ako ng
mga itinapong nasa baybay ng Ilog Kebar, nang
nabuksan ang langit at nakakita ako ng mga
pangitain mula sa Diyos.
2 Sa ikalimang buwan ng ikalimang taon ng
pagkatapon ni Haring Yoakin, 3 dumating sa
paring si Ezekiel na anak ni Buzi ang salita ni
Yawe sa pampang ng Kebar sa lupain ng mga
Kaldeo.
Doon ako hinagip ng kamay ni Yawe.

**Nakita ni Ezekiel ang Luwalhati ni Yawe**

• 4 Tumingala ako: mula sa hilaga'y
may buhawing may dalang makapal na
ulap. May sumisiklab na apoy sa loob
niyon, na tumatanglaw sa paligid; at may
parang nagniningning na metal naman sa
gitna ng apoy.
5 Nasa gitna nito ang parang apat na
nilalang na magkakasing-anyo. 6 May
apat na mukha at apat na pakpak ang
bawat isa. 7 Tuwid ang kanilang mga binti
at parang sa guya naman ang kanilang
mga paa, makinang na parang tansong
pinakintab. 8 At sa ilalim naman ng kani-
lang mga pakpak (sa apat na tagiliran),
may mga kamay na tulad ng sa tao.
9 Magkakadikit ang kani-kanilang mga
pakpak. Hindi sila lumilingon sa kanilang
pagsulong sapagkat nakakadiretso sila
saanman nakaharap ang kanilang mga
mukha. 10 Ganito ang itsura ng kanilang
mga mukha: may mukhang tao silang
apat pero may mukha rin ng leon sa ga-
wing kanan ang bawat isa, at may mukha
naman ng baka sa gawing kaliwa, at may
mukha rin ng agila ang bawat isa. 11 Naka-
bukang pataas ang kanilang mga pakpak.
Ang dalawang pakpak ng bawat isa ay

---

• **1.1** Nagsisimula ang aklat sa dalawang nagkakaibang introduksyon. Walang nakaaalam sa kahulugan ng "ikatatlumpung taon" sa unang bersikulo; maaaring pagkakamali ito ng kumopya sa orihinal. Dinadala naman tayo ng "ikalimang taon" ni Yoakin sa taong 594 bago ipinanganak si Kristo.

*Doon ako hinagip ng kamay ni Yawe.* Nangangahulugan ito na dumanas si Ezekiel ng ekstasis: para bang iniwan niya ang kanyang katawan at mahiwagang nakikipagniig sa Diyos ang kanyang espiritu. May nalalaman siya sa misteryo ng Diyos, tinanggap niya ang kanyang misyon at siya'y nagiging bagong tao.

• 4. *Mula sa hilaga'y may buhawi.* Nakapanaig kay Ezekiel ang malalakas na imaheng kaalinsabay ng mga salita ni Yawe. Muli nating matatagpuan sa kabanata 10 ang pangitain tungkol sa Karwahe ni Yawe. Ipinakikita rito na iniiwan ni Yawe ang Templo sa Jerusalem papunta sa Babilonia para manirahan sa piling ng mga itinapon.

May paniwala ang mga tao nang panahong iyon na may kani-kanilang santuwaryo at lugar ang kanilang mga diyos at para bang "nakukulong" ang mga ito sa mga iyon. Kaya inisip din ng mga Judio na hindi matatagpuan si Yawe sa labas ng Palestina. Malayo sa

nakadikit sa pakpak ng kanilang katabi,
at nakatakip naman sa sariling katawan
ang dalawa pang pakpak. 12 Nakapupunta
sila kung saan nakaharap ang kanilang
mga mukha. Saanman papunta ang es-
piritu, pumupunta sila nang hindi lumili-
ngon.

13 May makikitang mga bagang nag-
niningas na paroo't paritong parang mga
sulo sa pagitan ng mga nilalang na ito.
Nagniningning ang apoy at may mga kid-
lat na kumikislap mula rito. 14 At para na-
mang kidlat na nagsisitakbong paroo't
parito ang mga nilalang.

15 Sa pagmamasid ko sa mga nilalang,
may nakita akong gulong sa lupa sa tabi
ng bawat isa sa mga ito. 16 Nagniningning
na parang yari sa krisolito ang mga gu-
long. Magkakasing-hugis ang apat na gu-
long: doble ang bawat isa, dalawang gu-
long na pinagkrus. 17 Kaya nakagugulong
ang mga iyon sa alinman sa apat na di-
reksyon nang hindi pumipihit. 18 Napaka-
laki, nakakatakot at puno ng mga mata
ang gilid ng mga gulong.

19 Sa pagsulong ng mga nilalang, su-
musulong din ang katabing mga gulong;
at sa pagtaas ng mga nilalang mula sa
lupa, tumataas din naman ang mga gu-
long.

20 Kayat saanman papunta ang espiritu,
doon din pumupunta ang mga nilalang na
kasama namang tumataas ang mga gu-
long sapagkat nasa mga gulong ang es-
piritu ng mga nilalang. (21 Sa pagsulong,
paghinto at pagtaas mula sa lupa ng mga
nilalang, gayundin ang ginagawa ng mga
gulong, sapagkat nasa mga gulong ang
espiritu ng mga nilalang.)

22 May parang sahig na kristal sa ulunan
ng mga nilalang, maningning at kahanga-
hanga, nakalatag sa kanilang ulunan.
23 Sa ilalim niyon, magkakahanay nang
tuwid ang nakaunat nilang mga pakpak.
(Bawat isa'y may tigalawang pakpak na
nakatakip sa katawan.) 24 Sa pagkilos
nila, narinig ko ang pagaspas ng kanilang
pakpak, tulad ng dagundong ng mga
tubig, tulad ng tinig ng Kataas-taasan, ng
pagkakagulo ng isang hukbo. Kapag
hindi sila kumikilos, ibinababa nila ang
kanilang mga pakpak.

25 May ingay sa itaas ng sahig sa kani-
lang ulunan. 26 May parang batong sapiro
naman na tila trono sa itaas niyon, at
naroon ang isang parang tao. May nakita
akong kislap tulad ng makinang na tanso,
at para siyang nababalot ng apoy. 27 Mula
sa parang baywang niya, pataas at
pababa, para itong apoy na nagbibigay-
ningning sa kanyang paligid, 28 at ang
nakapalibot na liwanag nama'y parang
bahaghari sa ulap pagkaraan ng isang
araw na pag-ulan.

---

kanilang lupang tinubuan at sa Templong sambahan nila sa kanilang Diyos, agad na pinanaigan ng kawalang-pag-asa ang mga itinapon sa Babilonia. Sa pakiramdam nila'y kinalimutan na sila ni Yawe at ang mga naiwan lamang sa kanilang bansa ang makapakikinabang sa kanyang kalinga.

Tiyak na dahil dito kaya itinuturo ni Yawe kay Ezekiel na bagamat sa templo ng Jerusalem siya nakatira, naroroon din siya sa malayong Babilonia. Kasunod ng kanyang bayan si Yawe at nananahan siya sa kanilang piling.

*Sa isang pangitain, nakakakita si Ezekiel ng apat na nilalang na may apat na mukha at apat na pakpak ang bawat isa.* Ipinaliliwanag ng pangitain sa pamamagitan ng mga imahen ng panahong iyon ang kadakilaan ng Diyos. Sa mga palasyo ng mga Kaldeo, may naggagandahang mga estatwa ng mga kagilagilalas na mga nilalang na tinatawag na "Kerubin". Pinagsama-sama sa mga ito ang anyo ng pinakamalakas na nilalang: tao, agila, leon at toro. Naging buhay na nilalang sila rito, maliliksi, na nakapaligid at pinangangalaan ang misteryo ni Yawe. Ipinakikita ng magkakrus na mga gulong na pumupunta sa lahat ng direksiyon ang aksiyon ni Yawe sa buong sanlibutan. Meron silang mga matang nakakakita sa lahat. Gagamitin ni Apostol Juan sa Pagbubunyag 4 ang mga larawan sa pangitaing ito.

*May parang sahig na kristal sa ulunan ng mga nilalang.* Nagpapahiwatig din ng misteryo ni Yawe ang bahaghari at ang sahig na parang kristal na kinasasalalayan ng trono. Gayundin ang apoy kung saan si Yawe lamang ang maaaring mabuhay at matutupok ang lahat ng hindi Diyos.

*Isang parang tao.* Pagsapit sa kaloob-looban ng Diyos, para nang tao ang pinakahuling larawan sapagkat lahat ng kapangyarihan ng Diyos ay galing mismo sa kanyang mahiwagang sarili, na sa larawan niyon nilikha ang tao.

Larawan ng Luwalhati ni Yawe ang
pangitaing ito. Pagkakita ko nito, isinub-
sob ko ang aking mukha sa lupa at narinig
ko ang isang tinig na nagsasalita.

**Tinanggap ni Ezekiel ang kanyang misyon**

2 [1] Sinabi niya sa akin: "Anak ng tao,
tumayo ka pagkat nakikipag-usap ako sa
iyo." [2] Sa kanyang pagsasalita, may espiritung
pumasok at nagpatayo sa akin, at narinig ko
siyang nakikipag-usap sa akin.
[3] Sinabi niya sa akin: "Anak ng tao, sinusugo
kita sa mga Israelita, sa bayang naghimagsik sa
akin. Sila at ang kanilang mga magulang ay
nagkasala sa akin hanggang sa araw na ito.
[4] Matitigas ang ulo at puso ng mga taong ito – sa
kanila kita sinusugo ngayon para sabihin sa
kanila: Ito ang sinasabi ni Yaweng Panginoon.
[5] Kaya makinig man o hindi ang rebeldeng
lahing ito, malalaman nilang may propeta sa
piling nila. [6] At ikaw, anak ng tao – huwag kang
matakot sa kanila o sa kanilang mga salita, nasa
gitna ka man ng tinik at dawag at nabubuhay sa
piling ng mga alakdan. Huwag kang matakot sa
kanilang sasabihin o masindak sa kanila sa-
pagkat isang rebeldeng lahi sila. [7] Sabihin mo sa
kanila ang aking mga salita, makinig man sila o
hindi, sapagkat mga rebelde sila. [8] Ngunit pa-
kinggan mo, anak ng tao, ang aking sinasabi, at
huwag kang maging rebelde gaya ng rebeldeng
lahing ito. Buksan mo ang iyong bibig, at kanin
ang ibinibigay ko sa iyo."
[9] Tumingala ako at nakita ko ang isang
kamay na nakaunat sa harap ko, may
hawak na nakabilot na libro. Binuksan
niya iyon sa harap ko, at mga panaghoy,
pagluluksa at pighati ang nakasulat sa
magkabilang panig nito.

3 • [1] Sinabi niya sa akin: "Anak ng tao,
kanin mo ang inihaharap sa iyo.
Kanin mo ang rolyong ito, lumakad ka at
magsalita sa sambayanan ng Israel."
[2] Binuksan ko ang bibig at ipinakain
niya sa akin ang kasulatan. [3] At sinabi
niya: "Anak ng tao, kanin mo ito at bu-
sugin ang iyong sarili sa nakarolyong
aklat na ibinibigay ko." Kinain ko 'yon, at
nalasahan kong sintamis iyon ng pulot-
pukyutan sa aking bibig.
[4] Sinabi niya: "Anak ng tao, pumunta
ka ngayon sa mga Israelita. Sabihin mo sa
kanila ang aking mga salita. [5-6] Hindi sa
isang bayang may mahirap at banyagang
wika kita sinusugo, kundi sa bayang Is-
rael. Ngunit isugo man kita sa maraming
bansang may mahirap at banyagang wika
na hindi mo maiintindihan, pakikinggan
ka pa nila.
[7] Ngunit hindi makikinig sa iyo ang mga

---

• **3.**1 *Kanin mo ang rolyong ito.* Matalinhagang inilalarawan ng pangitain tungkol sa rolyo ang tawag ni Yawe na nagbibigay ng misyon kay Ezekiel.

*Sinusugo kita sa isang bayang suwail at matigas ang ulo.* Nahahawig ito sa sinabi na ng iba pang mga propeta. Nang isugo ni Yawe si Isaias, walang sinasabing ganito sa kanya kundi ang kabaligtarang bunga ng kanyang misyon: magmamatigas ang sambayanan. Mas may pag-asa naman sa kaso ni Ezekiel: sinugo siya sa mga rebelde, kaya dapat siyang maging mas matatag at malakas kaysa kanila para mabasag ang armor ng matigas nilang puso. Ang totoo'y walang tigil na makikipagtalo, makikipaglaban at makikipagdebate si Ezekiel. Sasabihin din ni Pablo na ang nag-eebanghelyo ay dapat magturo napapanahon man o hindi (2 Tim 4:2), at hindi kailanman dapat masiraan ng loob.

*Busugin ang iyong sarili sa nakarolyong aklat na ibinibigay ko.* Ang propeta'y hindi loro na nag-uulit ng mga salitang inihuhulog mula sa langit: binigyan siya ng pandaigdigang pananaw sa mga pangyayari, pagkaunawa sa kahulugan ng kasaysayan, at pinupuspos siya ng galit, ang galit ng Diyos sa kasalanan. Lahat ng ito'y sina-sagisag ng rolyo (ganito ang matatandang aklat) na kinailangan niyang kanin.

Sa loob ng maraming taon, mga hula lamang ng kamatayan ang ibinibigay ni Ezekiel. Ito ang dahilan kung bakit ang aklat ay tungkol sa mga kalungkutan at panaghoy.

*Nalasahan kong sintamis iyon ng pulot-pukyutan.* Kinakain ni Ezekiel ang mga pahayag na ito ng kasawian na parang matamis sa kanya: pumanig ang propeta kay Yawe at ganap niyang tinatanggap ang mga plano ng Diyos maging kakila-kilabot man ang mga iyon sa tingin ng mga tao. Sa pakikibahagi sa galit ni Yawe, napanatili ni Jeremias na maging makatao ang kanyang puso at nagdusa siya dahil sa pagdurusa ng kanyang bayan. Ngunit walang dinanas na pagkahati ng damdamin si Ezekiel.

Sa halimbawa ng iba't ibang propeta, ipinakikita sa atin ng Biblia kung paanong inihihiwalay ng Salita ng Diyos sa kanilang bayan ang mga mananampalataya (tingnan Mt 10:34). Nadarama ng lahat ng tinawag para magsalita o manguna sa kapwa ang ganitong problema. Hindi ang gustong marinig ng bayan ang kanilang sinasabi ni hindi sila napadadala sa mga pagtutol ng mga duwag at ng mga maalwan ang buhay na nakikiusap na pabayaan silang mamuhay ayon sa gusto nila. Laging mahirap largahan ang seguridad na taglay natin kapag nadarama nating kaayon tayo ng

Israelita pagkat ayaw nilang makinig sa
akin. Suwail silang lahat at matigas ang
ulo. 8 Ngunit pinatitigas ko ngayon ang
iyong mukha at ang iyong noo tulad ng sa
kanila. 9 Pinatitigas ko ang iyong noo gaya
ng diyamante na pinakamatigas sa lahat
ng bato; kaya hindi ka matatakot o madu-
duwag sa mga ito na mga mapaghimag-
sik lamang."

10 Sinabi pa niya sa akin: "Anak ng tao,
pakinggan mong mabuti at isapuso ang
lahat ng sinasabi ko sa iyo. 11 At puntahan
mo ang mga itinapon na mga kababayan
mo, at sabihin sa kanila: 'Ito ang sinasabi
ni Yaweng Panginoon,' makinig man sila o
hindi."

12 Itinaas ako ng Espiritu at may narinig
akong malakas na sigaw sa likod ko:
"Purihin ang Luwalhati ni Yawe sa kinaro-
roonan nito!" 13 Narinig ko rin ang pagas-
pas ng mga pakpak ng mga nilalang,
kaalinsabay ng ugong ng mga gulong –
malakas na ingay!

14 Pagkataas at pagkakuha sa akin ng
Espiritu, umalis akong may pait at parang
nilalagnat ang aking diwa pagkat nabiga-
tan ako sa kamay ni Yawe. 15 Nakarating
ako sa Tel Abib, sa mga itinapong nasa
baybayin ng Ilog Kebar at pitong araw
akong nasa piling nila, parang wala sa
sarili.

**Inilagay kitang bantay**

• 16 Pagkaraan ng pitong araw, duma-
ting sa akin ang salita ni Yawe:

17 "Anak ng tao, ginawa kitang bantay
para sa sambayanang Israel. Tatanggapin
mo ang Salita mula sa aking bibig at
babalaan sila sa aking pangalan. 18 Kapag
sinabi ko sa tampalasang 'Tiyak na ma-
mamatay ka,' at hindi mo siya binabalaan
para iwan ang masasama niyang gawa
upang maligtas, at mamatay siya dahil sa
kanyang pagkakasala, ikaw ang papa-
panagutin ko sa kanyang pagkamatay.
19 Ngunit kung babalaan mo ang tampa-
lasan at hindi pa rin siya nagbago, mama-
matay siya dahil sa kanyang kasalanan
ngunit maliligtas ka. 20 Kapag tumalikod
ang taong matuwid sa kanyang pagkama-
tuwid at gumawa ng masama, lalagyan ko
ng hadlang ang kanyang daan at mama-
matay siya. Pagkat hindi mo siya bina-

---

lahat. Tinatanggap ng tunay na nananampalataya na pumanig sa Diyos at kung minsa'y mag-isang sumasalungat sa agos.

• 16. Ang salaysay ng bokasyon ni Ezekiel na mababasa natin sa 3:1-15 ay itinutuloy sa 3:22-27. Ngunit pinapatlangan ito ng isang talatang (3:16-21) nagpapahayag ng isa sa mga importanteng diwa ng pangangaral ni Ezekiel: hindi gusto ng Diyos na mamatay ang makasalanan kundi ang ito'y magbalikloob at mabuhay (tingnan ang kabanata 18).

Totoo ngang dumarating sa mga tagapakinig ni Ezekiel ang kapahamakang hatid ng kanilang mga pagkakamali. Ngunit hindi ito dahilan para masiraan ng loob; kahit na iisa lamang ang makaunawa sa kanyang kasamaan, hindi mawawalang-saysay ang kanyang mga pagsisikap dahil mabibigyang-buhay nito kahit ang sarili man lamang niya.

*Ginawa kitang bantay.* Tinanggap ng propeta mula sa Diyos ang pagkaunawa, na wala sa iba, sa pagkakasala sa buhay ng bawat isa at ng lipunan. Siya lamang ang nakakakita sa mga panganib na dumarating ayon sa balak ng Diyos na siyang hukom sa kasalanan. Nakikilaban ang propeta hindi lamang sa mga ayaw maniwala kundi pati sa Diyos-Hukom na hinihingan niya ng awa (Ex 32:11; Jer 14:11), gaya ng ginawa nina Moises at Jeremias.

*At mamatay siya... ikaw ang papapanagutin ko sa kanyang pagkamatay.* Pananagutan ng tumanggap ng pagkaunawa mula sa Diyos: tinanggap niya ito para iligtas ang iba, at hindi siya makapagwawalang-imik.

*Kapag tumalikod ang taong matuwid sa kanyang pagkamatuwid.* Parang ang lahat ay pare-parehong nagdusa sa krisis na nagwasak sa Juda. Ngunit sinasabi ni Ezekiel na ang mga pagdurusang ito ng lahat ay maghahatid ng buhay o kamatayan ayon sa marapat sa bawat isa. Sapagkat hindi magkasingkahulugan ang *pagiging buhay* o *pagiging patay* para sa Diyos at para sa tao (Pag 3:1).

Mas mahusay na isinasalaysay sa 33:1 ang talinhagang ito ng bantay.

*Mapapansin natin ang iba't ibang detalyeng taglay ng propeta (o mananampalataya) sa lahat ng panahon:*

– *maging listo, ibig sabihi'y may kakayahang makita ang iniisip ng Diyos tungkol sa paraan ng pagkilos ng tao, sa pagsasaloob natin ng kanyang salita;*

– lumagay sa itaas ng pader, ibig sabihi'y makapangibabaw sa mga problema ng kanyang kapaligiran at huwag bale-walain ang mga iyon para lamang mabuhay nang mas tahimik;

balaan, mamamatay siya dahil sa kan-
yang pagkakasala. Hindi aalalahanin ang
mabubuti niyang gawa, at ikaw ang pa-
papanagutin ko sa kanyang pagkamatay.
21 Ngunit kung binabalaan mo ang taong
matuwid para huwag magkasala, at hindi
nga siya nagkasala, mabubuhay nga siya
dahil nababalaan siya at maliligtas din
ang buhay mo."

**Napipi si Ezekiel**

• 22 Sumaakin ang kamay ni Yawe at
sinabi niya: "Tumindig ka at umalis pa-
tungo sa kapatagan, doon ako makiki-
pag-usap sa iyo." 23 Pumunta nga ako sa
kapatagan, at nakatayo roon ang Luwal-
hati ni Yawe gaya ng nakita ko sa may Ilog
Kebar. Nagpatirapa ako.

24 Pumasok ang espiritu at itinayo ako.
At sinabi niya: "Umalis ka at magkulong sa
iyong bahay. 25 Ikaw, anak ng tao, ay iga-
gapos at hindi ka makalalabas para ma-
kihalo sa mga tao. Didikit ang dila mo sa
ngalangala at mapipipi ka. Hindi mo na sila
mapagsasabihan sa pagiging rebelde nila.

27 Ngunit pag kinausap kita, mabu-
buksan ang iyong mga labi at sasabihin
mo sa kanila: 'Ito ang salita ni Yaweng
Panginoon!' Makinig ang makikinig at tu-
manggi naman ang tatanggi dahil lahi sila
ng mga rebelde."

**Larong digmaan ni Ezekiel**

4 1 Anak ng tao, kumuha ka ng tisa. Ilagay mo
iyon sa harap mo at iguhit doon ang lunsod
ng Jerusalem. 2 At magkunwari kang sasala-
kayin iyon. Humukay ka ng kanal sa paligid nito
at magtayo ng rampa. Magtayo ka ng mga
kampo at maglagay ng trosong pambayo.
3 Kumuha ka ng kawaling bakal at ilagay bilang
muog na bakal sa pagitan mo at ng lunsod.
Tumingin ka roon. Nilulusob ito, at ikaw ang
lumulusob. Magiging tanda ito para sa bayan ng
Israel.

4 Humiga ka nang patagilid sa kaliwa upang
dalhin ang pagkakasala ng Israel. Dadalhin mo
ang kanilang pagkakasala sa iyong pagkaka-
higa. 5 Katumbas na bilang ng mga araw ang
itinakda ko para sa panahon ng kanilang pag-
kakasala. Sandaa't siyamnapung araw kang
mahihiga nang patagilid sa kaliwa para dalhin
ang kasalanan ng Israel.

6 Pagkatapos ay apatnapung araw ka na-
mang mahihiga nang patagilid sa kanan para
dalhin ang pagkakasala ng Juda – isang araw
para sa bawat isang taon.

7 At haharap ka sa Jerusalem at iuunat sa
kanya ang hubad mong bisig at magpoprope-
siya ka laban sa lunsod.

8 Igagapos kita upang hindi ka makabiling
hanggang matapos ang mga araw ng pagka-
kulong mo.

9 Kumuha ka ngayon ng trigo at sebada,
abitsuwelas, monggo, batad at espelta. Ilagay
mong lahat ang mga ito sa isang sisidlan at
gawing tinapay. Iyon ang kakanin mo sa buong
panahong nakahiga ka nang patagilid – san-
daa't siyamnapung araw.

10 Timbangin mo ang pagkaing kakanin mo:
dalawang guhit araw-araw. 11 Tatakalin mo rin
ang iyong inumin: sangkanim ng isang hin ng
tubig. 12 Kakanin mo ang iyong pagkain na
parang bibingkang sebada. Lutuin mo iyon sa
harap ng mga tao, na dumi ng tao ang pangga-
tong."

---

• 22. Narito ang mga propesiya ni Ezekiel sa Kaldea sa loob ng anim na taon bago naganap ang paglusob at pagbagsak ng Jerusalem.

Pansamantalang napipi si Ezekiel, at pagkatapos ay nalumpo naman siya. Nagsisilbing aral ang mahiwagang karamdamang ito. Iginigiit ni Ezekiel sa lahat ng paraan na ipinasya na ni Yawe na wasakin ang Jerusalem sapagkat hindi nagsisi ang mga Israelita at hindi naging mas matapat.

Nasa Kaldea si Ezekiel pero ang Jerusalem pa rin ang nasa kanyang alaala. Sa mga kabanatang ito, nahahawig sa pagtuturo ni Jeremias nang mga panahon ding iyon ang aral ni Ezekiel. Ngunit ibang-iba naman ang anyo. Nagsalita muna si Jeremias at saka lamang isinulat ang kanyang mga pahayag. Samantalang nagsusulat naman si Ezekiel sa mas pormal at maayos na paraan. Sa kasamaang-palad, pagkaminsa y mabigat at magulo ang dating sa atin ng kanyang estilo, ngunit dapat nating pagnilayan ang mahahabang talinhagang ito na puno ng kahanga-hangang mga larawan.

Sa 3:25, waring dumanas si Ezekiel ng mahiwagang pagkalumpo na matalinhaga ang itatagal na panahon: 190 araw at 40 pang araw. Hindi natin alam ang kahulugan ng mga bilang na ito.

Sa 6:8-10, gaya ng ginawa na ng iba pang maraming propeta, sa mga propeta, ibinabalita na ililigtas ni Yawe ang isang nalabing grupo. *Kasusuklaman nila ang sarili dahil sa kanilang mga kasamaan at gawaing karumal-dumal.* Ang ganitong pahayag ay tatak ni Ezekiel at nagpapakitang matapat na magbabalikloob ang masama; ang masuklam sa sarili dahil sa sariling pagkakasala ang siyang naghahatid ng biyaya ng Diyos.

13 At sinabi pa ni Yawe: “Kaya kakain ng di-
malinis na tinapay ang bayang Israel sa piling ng
mga bansang pagtatabuyan ko sa kanila.”
14 Tumutol ako: “Hindi, Yaweng Panginoon,
kailanma’y di ko dinungisan ang aking sarili.
Mula pagkabata hanggang ngayon, hindi pa ako
kumakain ng anumang hayop na natagpuang
patay o nilapa ng mabangis na hayop. Wala
pang karneng di-malinis na pumasok sa aking
bibig.”
15 Sinabi niya: “Kung gayon, pinapayagan
kitang gumamit ng dumi ng baka sa halip ng
dumi ng tao sa pagluluto ng iyong tinapay.” 16 At
nagpatuloy siya: “Anak ng tao, puputulin ko ang
dating ng pagkain sa Jerusalem. Mababalisa
sila habang kumakain ng tinapay na tasado, at
masisiraan ng loob habang umiinom ng tubig na
tinakal. 17 Magkukulang sila sa pagkain at tubig;
manlulupaypay sila’t mabubulok dahil sa kani-
lang kasamaan.”

**Patayan at kamatayan sa Jerusalem**

5 1 Anak ng tao, kumuha ka ng matalas na
tabak at gamiting parang labaha para
ahitin ang iyong buhok at balbas. Kumuha ka ng
timbangan at hatiin ang mga buhok. 2 Sunugin
mo ang ikatlong bahagi sa gitna ng lunsod
matapos itong lusubin. Tadtarin mo naman ang
isa pang ikatlong bahagi sa palibot ng lunsod. At
ipatatangay mo sa hangin ang huling ikatlo,
habang hinahabol mo ng tabak.
3 Kumuha ka ng ilang hiblang buhok at ipitin
sa lupi ng iyong damit. 4 Ihahagis mo rin sa apoy
ang ilan para masunog ang mga iyon, at saka ka
magsasalita laban sa Israel:
5 “Ito ang sinasabi ni Yaweng Panginoon: Iyan
ang Jerusalem na inilagay ko sa gitna ng mga
bansa at mga lupain. 6 Ngunit mas masahol pa
kaysa mga bansa ang pagsuway niya sa aking
mga batas; higit pa sa kanila ang pagtanggi niya
sa aking mga utos. Itinakwil niya ang aking mga
batas at sinuway ang aking mga utos.”
7 Kaya sinasabi ni Yawe: “Mas magulo kayo
kaysa mga bansang nakapaligid sa inyo. Hindi
ninyo sinunod ang aking mga batas, hindi
tinupad ang aking mga kautusan kundi mga
batas ng mga kalapit-bansa ang inyong sinu-
nod. 8 Kaya – sabi ni Yawe – ihaharap kita at
hahatulan sa harap nila. 9 Parurusahan kita sa
isang paraang hindi ko pa nagagawa at di na
gagawin pa. 10 Lalamunin ng mga magulang
ang kanilang mga anak, at ng mga anak ang
kanilang mga magulang. Hahatulan ko kayo at
pangangalatin sa lahat ng dako ang malalabi sa
inyo.”
11 At sinasabi ni Yawe: “Tiyak na buhay ako at
tiyak din na walang awa ko kayong hahagu-
pitin, kayong mga lumapastangan sa aking
santuwaryo sa pamamagitan ng inyong mga
kasuklam-suklam na bagay. Hindi ako magpa-
pakita ng awa.
12 Mamamatay sa salot at gutom ang ikatlong
bahagi sa inyo, sa tabak naman ang isa pang
ikatlong bahagi, at pangangalatin ko sa lahat ng
dako at hahabulin ng tabak ang huling ikatlo.
13 Maghihiganti ako hanggang mapawi ang
aking galit, at makikilala nila na akong si Yawe
ang nangusap sa tindi ng aking pagseselos.
14 Gagawin ko kayong isang tambak na guho,
isang katatawanan sa mga kalapit na bansa at
sa lahat ng makakakita. 15 Magsisilbi kayong
aral, isang babalang maghahatid ng takot sa
mga bansa dahil sa mabigat na parusang ipina-
taw ko bunga ng matinding galit ko sa inyo.
Akong si Yawe ang nagsabi nito.
16 Papanain ko kayo ng nakamamatay na
palaso ng gutom na lilipol sa inyo; patitindihin
ko ang gutom at aalisin ang tinapay. 17 Gutom at
mababangis na hayop ang lilipol sa inyong mga
anak; dadalawin kayo ng salot at pupuntahan ng
tabak. Akong si Yawe ang nagsalita.”

6 1 Ganito dumating sa akin ang salita ng
Diyos: 2 “Anak ng tao, bumaling ka sa mga
bundok ng Israel at magpahayag laban sa
kanila. Sabihin mo:
3 Mga bundok ng Israel, pakinggan ang salita
ni Yawe. Sa mga bundok at burol, sa mga ilog at
patag, nagsasalita si Yaweng Panginoon: Mag-
papadala ako ng tabak laban sa inyo, at gigibain
ko ang inyong mga altar sa burol. 4 Matitiwang-
wang ang inyong mga altar, madudurog ang
mga sunugan ng insenso; ibabagsak ko ang
inyong mga bangkay sa harap ng inyong mga
diyus-diyusan. 5 Ilalagay ang mga bangkay ng
mga anak ng Israel sa harap ng kanilang mga
diyus-diyusan at ikakalat ang inyong mga buto
sa paligid ng mga altar.
6 Saanman kayo manirahan, guguho ang
bayang iyon at matitiwangwang ang mga altar
sa burol, gigibain at wawasakin ang inyong mga
altar, dudurugin ang karumal-dumal ninyong
mga diyus-diyusan, wawasakin sa paligid ninyo
ang inyong mga sunugan ng insenso. 7 Marami
sa inyo ang mamamatay at makikilala ninyong
ako si Yawe. 8 Ngunit ililigtas ko ang ilan sa inyo.
Maliligtas sila sa tabak at mangangalat sa mga
bansa.
9 Sa bayang katatapunan ng mga maliligtas
na ito, maaalaala nila ako pagkat wawasakin ko
ang salawahang pusong tumalikod sa akin at
ang matang nahumaling sa kanilang mga diyus-

diyusan. Kasusuklaman nila ang sarili dahil sa
kanilang mga kasamaan at gawaing karumal-
dumal. 10 At makikilala nilang ako si Yawe at
hindi ako nagsalita nang walang katuturan nang
sabihin kong parurusahan ko sila."
11 Ganito pa ang sinasabi ni Yaweng Pangi-
noon: "Pumalakpak ka, pumadyak at magsa-
bing 'Buti nga!' kapag lugmok na ang bayan ng
Israel sa tabak, sa gutom at salot dahil sa mga
kasuklam-suklam nilang gawa.
12 Mamamatay sa salot ang nasa malayo, sa
tabak ang nasa malapit, sa gutom ang nanatili at
nalabi. Ibubuhos ko sa kanila ang aking galit.
13 At makikilala ninyong ako si Yawe kapag nasa
gitna na ng kanilang mga diyus-diyusan ang
kanilang mga bangkay, sa paligid ng kanilang
mga altar, sa bawat altar sa burol, sa mga tuktok
ng bundok, sa lilim ng mga berde at malalabay
na puno at saanman sila nagsunog ng mababa-
ngong insenso para sa kanilang mga diyus-
diyusan. 14 Iuunat ko ang aking kamay laban sa
kanila. Gagawin kong tiwangwang ang kanilang
lupain mula sa disyerto hanggang sa Ribla,
saanman sila manirahan; at makikilala nilang
ako si Yawe."

7 1 Dumating sa akin ang salitang ito ni
Yawe: 2 "At ikaw, anak ng tao, pakinggan
mo ang salitang ito sa Israel ni Yaweng Pangi-
noon:
3 Natapos na! Narito na ang wakas sa apat na
sulok ng lupain. Tapos na ang lahat sa iyo. Sa
iyo ko ibubuhos ang aking galit. Hahatulan kita
ayon sa iyong mga gawi at pagbabayarin sa
lahat ng kasuklam-suklam mong gawa. 4 Hindi
kita kahahabagan. Ibibigay ko sa iyo ang nara-
rapat sa kasuklam-suklam mong gawain, at
makikilala mong si Yawe ang nagpaparusa sa
iyo."
5 Ganito ang sabi ni Yaweng Panginoon:
"Kapahamakan! Dumarating ang kapahama-
kan! 6 Malapit na ang wakas! Oras mo na, ikaw
na naninirahan sa lupain. 7 Dumarating na ang
oras, nalalapit na ang araw! Walang kagalakan,
pawang kaguluhan sa mga bundok. 8 Ibubuhos
ko na ngayon sa iyo ang aking poot at pawa-
walan ang aking galit. Hahatulan kita ayon sa
iyong mga gawi at gawang kasuklam-suklam.
9 Hindi ka kaaawaan ng aking mata; wala na
akong awa. Isasakdal kita sa karumal-dumal
mong gawa at sa mga diyus-diyusang nasa
piling mo. At makikilala mong ako, si Yawe, ang
nagpaparusa.
10 Ito na ang araw, sumapit na ang pang-
aagaw. Sapagkat namulaklak ang kawalang-
katarungan, namumunga ang kayabangan, 11 at
naghahari ang karahasan. Walang makata-
takas.
12 Sumapit na ang panahon, narito na ang
araw! Huwag magalak ang namimili o manghi-
nayang ang nagbibili, sapagkat parurusahan
ang lahat. 13 Hindi mababawi ng nagbili ang
kanyang ipinagbili, makaligtas man siya pagkat
hindi na mababaligtad ang hatol na iginawad sa
karamihan.
14 Mahipan man nila ang trumpeta at maka-
paghanda, walang sinumang makalalaban sa-
pagkat laban sa lahat ang poot ko. 15 Nasa labas
ang tabak, nasa bahay ang salot at gutom.
Mamamatay sa tabak ang mga nasa bukid, sa
gutom at salot ang mga nasa lunsod. 16 Pupunta
sa kabundukan ang mga makatatakas; magi-
ging para silang kalapating dumaraing dahil sa
kani-kanilang kasalanan.
17 Manlulupaypay ang bawat kamay, mang-
hihinang parang tubig ang bawat tuhod; 18 mag-
dadamit sila ng sako at manginginig. Mapa-
pahihiya ang lahat at aahitin ang lahat ng ulo.
19 Ihahagis nila sa daan ang kanilang pilak at
itatapong parang dumi ang kanilang ginto. Hindi
sila maililigtas ng pilak at ginto sa araw ng poot
ni Yawe; hindi na sila mabubusog nito o ma-
pupuno ang kanilang tiyan sapagkat iyon ang
kanilang katitisuran at sanhi ng kanilang pag-
kakasala.
20 Ipinagmalaki nila ang natatangi nilang
hiyas (ang Templo), ngunit inilagay nila roon ang
kasuklam-suklam nilang mga imahen at diyus-
diyusan kaya lalapastanganin ko iyon. 21 Ipasa-
samsam ko iyon sa mga dayuhan at sa pinaka-
masama sa lupain, at lalapastanganin nila iyon.
22 Aalisin ko sa kanila ang aking pagkalinga,
at lalapastanganin ng mga tao ang aking
kabang-yaman. Papasukin iyon at lalapasta-
nganin ng mga magnanakaw. 23 At magkaka-
roon ng patayan, pagkat puno ng krimen ang
lupain at puno ng karahasan ang lunsod.
24 Ipasasamsam ko sa pinakamalulupit na
bansa ang kanilang mga tahanan. Puputulin ko
ang kapalaluan ng mararahas at lalapastanga-
nin ang kanilang mga santuwaryo.
25 Darating ang kapighatian. Maghahanap
sila ng kapayapaan ngunit hindi iyon matatag-
puan. 26 Magsusunud-sunod ang kapahamakan
at masasamang balita. Walang pangitain ang
propeta, walang maituturo ang pari, walang
maipapayo ang matatanda. 27 Magdadalamhati
ang hari, mamimighati ang pinuno, at mangi-
nginig ang mga kamay ng mga taumbayan.
Pakikitunguhan ko sila ayon sa kanilang
asal, at hahatulan ko ayon sa kanilang pagha-
hatol, at makikilala nilang ako si Yawe."

### Umalis sa Templo ang Luwalhati ni Yawe

**8** • 1 Sa ikalimang araw ng ikanim na
buwan ng ikanim na taon, habang
kaharap ko sa aking bahay ang Mata-
tanda ng Juda, hinagip ako ng kamay ni
Yaweng Panginoon.

2 Tumingala ako at may nakita akong
parang apoy. Parang nagliliyab pababa
mula sa tila baywang niya; nagniningning
namang parang makinang na metal pa-
taas. 3 Nang iunat niya ang isang parang
kamay at hawakan ako sa buhok, iniangat
ako ng Espiritu sa pagitan ng langit at
lupa at sa pangitai'y dinala sa Jerusalem,
sa may bungad ng pintong nakaharap sa
hilaga na nasa patyong nasa loob. Naroon
ang rebultong pumupukaw ng kanyang
pagseselos.

4 At naroon ang Luwalhati ng Diyos ng
Israel, tulad sa pangitaing nakita ko sa
kapatagan. 5 Sinabi niya sa akin: "Anak
ng tao, tumanaw ka sa hilaga." Tumanaw
nga ako, at doon sa hilaga, sa bungad ng
pintuan ng altar, nakita ko ang rebultong
pumupukaw ng kanyang pagseselos.
6 Sinabi niya sa akin: "Anak ng tao, naki-
kita mo ba ang kanilang ginagawa? Na-
kita mo ba ang labis na kasamaang gi-
nagawa ng Israel para palayasin ako sa
aking santuwaryo? Pero may makikita ka
pang ibang mas kasuklam-suklam kaysa
rito."

7 Dinala niya ako sa may pinto ng patyo.
8 Sinabi niya: "Anak ng tao, butasin mo ang
pader at pumasok ka."

Gayon nga ang ginawa ko, at may butas na.
9 At ang sabi niya: "Pumasok ka at tingnan ang
kasuklam-suklam na kasamaang ginagawa nila
rito." 10 Pumasok ako, tumingin sa paligid at
nakita ko ang iba't ibang larawan ng lahat ng
klase ng mga gumagapang na hayop, mga
karumal-dumal na hayop at lahat ng diyus-
diyusan ng Israel na nasa pader sa buong
paligid.

11 Nakatayo sa harap ng mga iyon ang pitum-
pung Matatanda ng bayang Israel, at kabilang sa
kanila si Yaazanias na anak ni Safan. May hawak
na insensaryo ang bawat isa, at may maba-
ngong usok ng insenso.

12 Sinabi niya sa akin: "Nakikita mo ba, anak
ng tao, kung ano ang ginagawa ng matatanda ng
Israel sa dilim, bawat isa sa kanyang kuwartong
puno ng mga diyus-diyusan? Sapagkat iniisip
nila: Hindi kami nakikita ni Yawe, nilisan na ni
Yawe ang lupain." 13 Idinagdag niya: "May maki-
kita ka pang mas masahol pang kasamaan."

14 Dinala niya ako sa may bungad ng pintuan
sa gawing hilaga ng bahay ni Yawe. May mga
babaeng nakaupo roon at iniiyakan nila si
Tammuz. 15 Sinabi niya sa akin: "Nakikita mo
ba, anak ng tao? Masahol pa riyan ang makikita
mo."

---

• **8**.1 Isang mahabang pangitain tungkol sa mga kasalanan ng Jerusalem at sa darating na kaparusahan ang mga kabanata 8-11. Lahat ay nagaganap sa Templo. At ang lubos na nakatawag-pansin sa paring si Ezekiel ay ang pagbale-wala sa Diyos at ang pag-aalis sa kanya mula sa puso ng mga tao para sa mga huwad na diyos.

Matutunghayan natin sa 8:2 ang ilang tilamsik ng pangitain sa unang kabanata. Laging may nagpapahiwatig ng presensya ni Yawe sa propeta bagamat di niya iyon nakikita. Muling mawawala sa sarili si Ezekiel sa ekstasi: pinagmamasdan ng kanyang espiritu ang mga kasalanan ng Jerusalem.

Sa 8:4, nakita ni Ezekiel sa Templo ang Luwalhati ni Yawe. Mula nang pasinayaan iyon ni Solomon (tingnan 1 H 8:10), nakapiling na ng kanyang bayan ang Diyos kahit na nagtayo sila ng mga altar at estatwa para sa mga huwad na diyos sa mga patyo mismo ng Templo. Ngunit nililisan ngayon ni Yawe ang kanyang templo bago iyon wasakin ng mga Kaldeo; umaalis pa-Babilonia ang kanyang Luwalhati sa kinaroroonan ng mga itinapon. Tatlong hakbang ang isinasagawa ng Diyos bago siya lumisan:

– 9:3 – nililisman niya ang santuwaryo at namamalagi sa may bungad;

– 10:19 – nilakad niya ang mga patyo at tumigil sa pintuan sa silangan, sa tapat ng Bundok ng mga Olibo;

– 11:22 – lagi siyang pa-Silangan, sa Kaldea, nilalakad niya ang lambak ng Kidron at tumitigil sa Bundok ng mga Olibo.

Sa paglisan ni Yawe sa kanyang templo, ang apoy naman ng kanyang kabanalan ay magiging parusa at kamatayan para sa mga di-makadiyos na naglagay ng kanilang mga diyus-diyusan at ipinaubaya ang sarili sa pakikiapid, ayon sa iba't ibang kahulugang ibinibigay ng mga propeta sa salitang ito (tingnan kabanata 16).

Kasama ng mga panlahatang pagtuligsa at paghatol, may iba rin namang laban sa mga indibidwal. Si Ezekiel ang kaagapay ni Yawe at dapat sabihin ni Ezekiel kasama niya, ang mga salita ng pagtuligsa at paghatol na magbibigay-kamatayan sa mga maysala.

9:4: Isang "T" na hugis-krus nang mga panahong iyon ang magsasanggalang sa "nalabi."

9:8: "Panginoong Diyos, magwawasak ka ba...?" Binabalaan ng tunay na propeta ng bayan sapagkat gusto niya silang iligtas.

16 At dinala niya ako sa patyong nasa loob ng
templo. Sa pintuan ng santuwaryo ni Yawe, sa
pagitan ng balkonahe at ng altar, may dala-
wampu't limang lalaki na nakatalikod sa tem-
plo, nakaharap sa silangan at sumasamba sa
araw. 17 Sinabi niya sa akin: "Nakita mo ba, anak
ng tao? Hindi pa ba sapat sa Juda ang ginawa
nilang mga kasuklam-suklam dito at pinuno pa
nila ng kasalanan ang lupa at patuloy akong
ginagalit? Tingnan mo't may inilalagay pa
silang sanga sa kanilang ilong. 18 Kaya kikilos
ako sa galit. Hindi ako mahahabag. Tumawag
man sila nang malakas, hindi ko sila paki-
kinggan."

**9** 1 Sumigaw siya nang malakas sa
aking tainga na ang sabi: "Malapit
nang parusahan ang lunsod; hawak na
nga ng bawat isa ang gamit na pang-
wasak."
2 At may nakita akong anim na taong
galing sa may pintuan sa hilaga, hawak
ang sandatang pangwasak at kasama rin
nila ang isang lalaking nakadamit ng linen
at may sulatan at panulat na nakasabit sa
sinturon. Pumasok sila at tumayo malapit
sa altar na tanso.
3 Sa sandaling iyo'y pumaitaas ang
Luwalhati ng Diyos ng Israel mula sa
ibabaw ng mga kerubim na kinaroonan
niya patungo sa bungad ng Bahay. Tina-
wag niya ang lalaking nakadamit ng linen
at may sulatan at panulat, 4 at sinabi niya
rito: "Libutin mo ang Jerusalem at tatakan
ng krus sa noo ang mga nagdadalamhati
at umiiyak dahil sa mga kasuklam-
suklam na nagaganap doon."
5 Narinig kong sinabi niya sa iba pa:
"Sundan ninyo siya sa paglibot sa lunsod.
Huwag kayong magpakita ng habag.
Patayin ninyo silang lahat – 6 matatanda't
kabataang lalaki, mga dalaga, mga bata
at mga babae – ngunit huwag ninyong
lapitan ang sinumang may tatak na krus
sa noo. Magsimula kayo sa santuwaryo."
Kaya nagsimula sila sa santuwaryo,
pinatay nila ang Matatandang nasa harap
ng Bahay. 7 At saka sinabi sa kanila:
"Punuin ninyo ng mga patay ang patyo, at
parumihin sa kanilang dugo ang Bahay.
Sige!" Ginawa nga nila ito at pinatay ang
mga nasa lunsod. 8 Naiwan akong mag-
isa habang sila'y pumapatay. Kaya nag-
patirapa ako at tumawag: "Yaweng Pangi-
noon, papatayin mo bang lahat ang nalabi
sa Israel at ibubuhos ang iyong poot sa
Jerusalem?"
9 Sinabi niya sa akin: "Napakalaki na
ang pagkakasala ng Israel at Juda. Puno
ng dugo ang lupain at ng karahasan ang
lunsod. Sinasabi nga nila: 'Pinabayaan na
ni Yawe ang lupain, walang nakikita si
Yawe.' 10 Kaya hindi ko sila kahahabagan.
Papapanagutin ko sila sa kanilang mga
gawa."
11 At hayan! bumalik ang lalaking naka-
damit-linen at may panulat, sinabi niya
kay Yawe: "Natupad ko na ang ipinag-
utos mo."

**10** 1 Tumingala ako at may nakita
akong parang tronong tila batong
sapiro sa sahig na nasa ulunan ng mga
kerubim. 2 Nagsalita Siya sa lalaking
nakadamit-linen: "Pumunta ka sa may
pagitan ng mga gulong sa ilalim ng mga
kerubim. Punuin mo ang mga kamay mo
ng mga baga mula roon at ikalat mo sa
lunsod." At nakita ko siyang pumasok.
3 Nasa gawing kanan ng templo ang mga
kerubim nang pumasok ang lalaki, at
puno naman ng ulap ang patyong nasa
loob.

4 Tumaas mula sa ulunan ng mga kerubim
ang Luwalhati ni Yawe patungo sa bungad ng
Bahay. Napuno ng ulap ang Bahay at nagning-
ning naman ang patyo sa Luwalhati ni Yawe.
5 Maririnig ang pagaspas ng mga pakpak ng
kerubim hanggang sa patyo sa labas, parang
dumadagundong na tinig ng Makapangyari-
hang Diyos. 6 At inutusan ang lalaking naka-
damit-linen na kunin ang apoy sa pagitan ng
mga gulong sa ilalim ng mga kerubim, kaya
pumunta siya at tumayo sa tabi ng gulong.
7 Iniunat ng isa sa mga kerubim ang kamay nito
sa apoy at dumakot ng baga na inilagay niya sa
palad ng lalaking nakadamit-linen. Kinuha
naman niya ito at saka umalis. 8 Napansin ko na
parang may kamay ng tao sa ilalim ng mga
pakpak ng mga kerubim.

9 Tumingin ako at may nakita akong apat na
gulong na may katabing kerubim ang bawat isa.
Kumikislap na parang krisolita ang mga gulong.
10 Magkakapareho ang apat na gulong: bawat
isa'y parang binubuo ng dalawang magkakrus
na gulong 11 kaya nakakapunta sa alinman sa
apat na direksyon nang hindi na kailangang
pumihit. 12 Pumupunta ang mga kerubim saan-
man nakaharap ang kanilang ulo, at gayundin
ang mga gulong nang hindi pumipihit. Puno ng
mga mata ang katawan ng mga kerubim, pati
ang kanilang likod, mga kamay at mga pakpak,
at ang mga gulong ng bawat isa. 13 Narinig kong
"pag-ikot" ang tawag sa mga gulong. 14 May tig-
apat na mukha ang bawat kerubim: kerubin, tao,
leon at agila.

15 Pumaitaas ang mga kerubim – iyon din ang
nilalang na nakita ko sa pampang ng Ilog Kebar.
16 Pagkilos ng mga kerubim, kumikilos din ang
mga gulong na katabi nila. Kapag iniunat nila
ang pakpak para umangat sa lupa, hindi hu-
mihiwalay sa kanilang tabi ang mga gulong.
17 Paghinto nila, humihinto rin ang mga gulong;
at pag pumaitaas sila, pumapaitaas din ang mga
iyon; sapagkat nasa mga iyon ang espiritu ng
buhay na nilalang.

18 Umalis ang Luwalhati ni Yawe sa
bungad ng templo at lumagay sa ulunan
ng mga kerubim. 19 Ibinuka ng mga keru-
bim ang kanilang mga pakpak at nakita
kong pumaitaas sila kasama ng mga
gulong. Nagpunta sila at tumigil sa sila-
ngang pintuan ng Bahay ni Yawe, at nasa
ulunan pa rin nila ang Luwalhati ng Diyos
ng Israel.

20 Ito ang buhay na nilalang na nakita ko sa
ilalim ng Diyos ng Israel sa pampang ng Ilog
Kebar. Nakilala ko na mga kerubim ang mga ito.
21 May apat na mukha ang bawat isa, apat na
pakpak, at may parang mga kamay ng tao sa
ilalim ng kanilang mga pakpak. 22 Ang kanila
namang mukha ay kaparehung-kapareho ng
nakita ko sa pampang ng Ilog Kebar. At nagpa-
tuloy na sa pag-alis ang bawat isa.

**Ang parusa sa mga pinuno ng bayan**

# 11

1 Itinaas ako ng Espiritu at dinala sa
silangang pintuan ng Bahay ni Yawe.
Naroon ang dalawampu't limang lalaki (na
kinabibilangan nina Yaazanias na anak ni Asur,
at ni Peltias na anak ni Banaias, mga pinuno ng
bayan).
2 Sinabi sa akin ni Yawe: "Anak ng tao, ito ang
mga lalaking nagbabalak ng masama at nag-
papayo ng kabuktutan sa lunsod na ito. 3 Sina-
sabi nila: 'Hindi na kailangang magtayo pa ng
mga bahay! Ang lunsod ay palayok at tayo ang
karne!' 4 Kaya magpropesiya ka laban sa kanila,
magpropesiya, anak ng tao!"
5 Hinagip ako ng Espiritu ni Yawe at ipinasabi
sa akin: "Ipahayag mo ang salitang ito ni Yawe:
Ito ang sinasabi mo, Israel! Alam ko ang iniisip
ninyo. 6 Kayrami ng inyong pinatay sa lunsod;
ikinalat ninyo sa daan ang mga bangkay. 7 Kaya
nga nagsasalita si Yaweng Panginoon. Ang mga
bangkay na iniwan ninyo sa loob ng lunsod ang
karne. Ang lunsod na ito ang palayok at aalisin
ko kayo sa palayok."
8 Sinasabi ni Yaweng Panginoon: "Dahil takot
kayo sa tabak, ipapadala ko ang tabak laban sa
inyo. 9 Palalayasin ko kayo, ibibigay sa mga
dayuhan at aking hahatulan. 10 Sa tabak kayo
mabubuwal. Huhukuman ko kayo sa mga hang-
gahan ng Israel, at makikilala ninyong ako si
Yawe. 11 Hindi magiging tulad ng palayok ang
lunsod na magpapasariwa sa inyo; at hindi kayo
magiging karne sa loob niyon. 12 At makikilala
ninyo na ako si Yawe dahil hanggang ngayo'y
hindi ninyo sinusunod ang aking mga kautusan.
Hindi ninyo tinutupad ang aking mga batas
kundi umayon sa mga kaugalian ng mga ban-
sang nasa paligid ninyo."
13 Habang nagpopropesiya ako, namatay si
Peltias na anak ni Banaias. Sumubsob ako sa
lupa at malakas na nanangis: "Yaweng Pangi-
noon, lilipulin mo ba ang nalabi sa Israel?"
14 Dumating sa akin ang salita ni Yawe:
15 "Anak ng tao, sinabi ng mga taga-Jerusalem
tungkol sa iyong mga kapatid, mga kamag-
anak at lahat ng itinapong Israelita: 'Napakalayo
na nila kay Yawe, at sa amin niya ibinigay ang
lupaing ito.'
16 Kaya nga sabihin mo sa kanila ang salitang
ito ni Yawe: Itinaboy ko nga sila sa malayo at
pinangalat sa mga bansa, pero ako mismo ay
naging parang isang santuwaryo sa kanila sa
mga bansang kanilang kinatapunan." 17 Kaya
sinasabi ni Yaweng Panginoon: "Titipunin ko
kayo mula sa mga bansang inyong kinatapu-
nan, ibabalik ko kayo mula sa mga bayan kung
saan kayo nangalat, at ibabalik ko sa inyo ang
lupa ng Israel.
18 Kapag nakauwi na sila at inalis na nila ang
lahat ng nakapandidiri at kasuklam-suklam
nilang mga gawa, 19 bibigyan ko sila ng isang
bagong puso, pagkakalooban ng bagong espi-
ritu.
Oo, aalisin ko ang kanilang pusong bato at
papalitan ng pusong laman 20 upang lumakad sa

aking mga kautusan at sumunod sa aking mga
batas at isabuhay ang mga iyon. Sila ang ma-
giging bayan ko at ako ang magiging Diyos nila.
21 Para naman sa mga sumusunod sa kanilang
mga diyus-diyusan at kasuklam-suklam na
pagnanasa, parurusahan ko sila ayon sa kani-
lang gawa, sabi ni Yaweng Panginoon."

22 At ibinuka ng mga kerubim ang kani-
lang mga pakpak at kumilos kasabay ng
mga gulong at nasa ibabaw ng mga ito
ang Luwalhati ng Diyos ng Israel. 23 Tu-
maas ang Luwalhati ni Yawe mula sa gitna
ng lunsod at tumigil sa bundok sa sila-
ngan. 24 Sa sandaling iyon, itinaas ako at
dinala ng espiritu sa mga itinapon sa
Kaldea: ginawa ito ng Espiritu ng Diyos sa
pangitain. At umalis na ang aking pangi-
tain.

25 Isinalaysay ko naman sa mga itina-
pon ang lahat ng ipinakita sa akin ni Yawe.

**Ang talinhaga ng pangingibang-bayan**

**12** • 1 Dumating sa akin ang salita ni
Yawe: 2 "Anak ng tao, nabubuhay
ka sa piling ng isang rebeldeng samba-
hayan. May mga mata sila para makakita
ngunit hindi nakakakita, may mga tainga
para makarinig ngunit hindi nakakarinig,
dahil rebeldeng sambahayan sila. 3 At
ngayon, anak ng tao, mag-impake ka
gaya ng isang ipinatapon, at umalis ka sa
iyong kinaroroonan papunta sa ibang
lugar na parang isang ipinatapon. Sa araw
mo ito gawin sa harap nila, at baka saka-
ling makaunawa rin sila kahit na sila'y
isang rebeldeng sambahayan.

4 Dalhin mo sa araw at sa harap nila ang
iyong mga dala-dalahan sa pagkatapon.
At kinagabihan nama'y umalis ka gaya ng
pag-alis ng isang ipinatapon. 5 Habang
nakatingin sila, gumawa ka ng butas sa
pader at doon ka magdaan. 6 At habang
nakatingin pa rin sila, pasanin mo ang
iyong dala-dalahan at lumisan ka sa dilim.
Takpan mo rin ang iyong mukha nang di
mo makita ang lupain. Kayat magiging
isa kang tanda para sa sambahayan ng
Israel."

7 Ginawa ko ang iniutos sa akin: dinala
ko sa araw ang dala-dalahan ng isang
ipinatapon. At sa gabi'y bumutas ako sa
pader sa pamamagitan ng aking kamay.
Sa dilim ako lumisan, sa harap nila, pasan
ang aking dala-dalahan.

8 Kinaumagahan, dumating sa akin ang
salita ni Yawe: 9 "Anak ng tao, hindi ba
itinanong sa iyo ng rebeldeng sambaya-
nan ng Israel kung ano ang ginagawa mo?
10 Sabihin mo sa kanila na ito ang sinasabi
ni Yaweng Panginoon: tungkol sa prinsi-
peng nasa Jerusalem at sa lahat ng Isra-
elitang naroon ang propesiyang ito.

11 Sabihin mo: Isa akong tanda para sa
inyo. Gagawin sa kanila ang ginawa ko:
ipapatapon sila. 12 Papasanin din ng kani-
lang prinsipe ang kanyang dala-dalahan
sa dilim at aalis. Gagawa sila ng butas sa
pader para daanan niya. Magtatakip siya
ng mukha nang di niya makita ang lupain.

13 Ikakadkad ko sa harap niya ang
aking lambat at mahuhuli siya. Dadalhin
ko siya sa Babilonia, sa lupain ng mga
Kaldeo, pero hindi niya iyon makikita at
doon siya mamamatay.

14 Pangangalatin ko sa lahat ng dako
ang kanyang mga alalay, ang kanyang
mga bantay at mga tauhan, at hahabulin
ko ng tabak. 15 At makikilala nilang ako si
Yawe kapag pinagwatak-watak ko sila sa
mga bansa. 16 Ngunit ililigtas ko ang ilan
sa kanila sa tabak, gutom at salot upang
maamin nila sa mga bansang pupuntahan
nila ang kanilang mga gawang kasuklam-
suklam at makikilala nilang ako si Yawe."

---

• **12.**1 Nagtitipon ang mga lalaki sa Babilonia pag gabi sa pintuan ng kanilang mga bahay. Lumalabas si Ezekiel. Wala siyang sinasabi ni isang salita pero kumikilos siya na parang nag-iisang artista sa isang palabas na tumatawag sa pansin ng mga tao. Pagkatapos ng "palabas", umaalis siya nang wala ring anumang paliwanag. At kinabukasan niya inihahayag ang kahulugan ng ganitong talinhaga sa gawa.

Sa matalinhagang pagkilos na ito, inihahayag ng propeta ang pagdedeport sa mga taga-Jerusalem at sa kanilang hari.

[17] Dumating sa akin ang salitang ito ni Yawe:
[18] "Anak ng tao, nanginginig kang kakain at
takot at balisang iinom. [19] Sabihin mo sa mga
mamamayan: Ito ang pahayag ni Yaweng Pa-
nginoon sa mga naninirahan sa Jerusalem sa
lupain ng Israel: kakain sila nang may takot at
iinom nang may pighati sapagkat huhubaran
ang lupa at aalisan ng bunga nito dahil sa
karahasan ng mga mamamayan. [20] Wawasakin
ang mga lunsod na dating pinamamayanan,
matitiwangwang ang lupain, at makikilala ni-
lang ako si Yawe"

**Matutupad ang Salita ng Diyos**

• [21] Dumating sa akin ang salita ni Yawe:
[22] "Anak ng tao, ano ang ibig sabihin ng kasa-
bihang ito: 'Lumilipas ang mga araw at hindi
nagkakatotoo ang mga pangitain'? Ang Israel
ba ang tinutukoy dito?

[23] Sabihin mo sa kanila ang salitang ito ni
Yawe: Lipas na ang kasabihang iyan. Hindi na
iyan gagamitin pa sa Israel sapagkat nalalapit
na ang araw na magkakatotoo ang bawat pangi-
tain. [24] Wala nang huwad na pangitain o mada-
yang panghuhula sa Israel. [25] Akong si Yawe ang
magsasalita ng gusto kong sabihin, at matutu-
pad ang aking mga salita. Wala nang pagka-
balam pa sapagkat sa iyong panahon, bayang
rebelde, magsasalita ako at matutupad iyon."

[26] At dumating ang iba pang salita ni Yawe:
[27] "Anak ng tao, sinasabi ng Israel na tungkol sa
malayong hinaharap ang mga propesiya ni
Ezekiel. [28] Kaya naman sabihin mo sa kanila na
ito ang wika ni Yaweng Panginoon: Hindi na
mababalam pa ang aking mga salita. Matutupad
ang sinasabi ko – salita ni Yawe."

**Mga bulaang propeta**

13 • [1] Dumating sa akin ang salita ni Yawe:
[2] "Anak ng tao, magpahayag ka laban sa
mga propeta ng Israel, laban sa mga nagpa-
pahayag ng sarili nilang pananalita. Sabihin mo:
Dinggin ninyo ang salita ni Yawe.

[3] Ito nga ang sinasabi ni Yawe: Kawawa ang
hangal na propetang dala ng sariling diwa nang
wala silang nakita! [4] Parang mga asong-gubat sa
mga guho ang mga propeta mo, Israel! [5] Hindi
ninyo nilapitan ang mga sirang bahagi ni itinayo
ang pader sa palibot ng bayan ng Israel para
makatagal ito sa pakikipagdigma sa araw ni
Yawe.

[6] Pandaraya't kasinungalingan lamang ang
kanilang mga pahayag. Sabi nila: Salita ni Yawe,
pero hindi naman sila sinugo ni Yawe, at hini-
hintay pa nilang tutuparin ni Yawe ang kanilang
salita. [7] Hindi ba huwad na pangitain ang inyong
nakita? Hindi ba kasinungalingan ang inihula
ninyo? Sabi ninyo: Pahayag ni Yawe, gayong
hindi naman ako nagsalita.

[8] Kaya ito ang sinasabi ni Yawe: Dahil sa
inyong mga huwad at sinungaling na pahayag,
hahadlangan ko kayo. [9] Parurusahan ko ang mga
propetang nagbubulaan sa kanilang mga pangi-
tain at panghuhula. Hindi sila makakaupo sa
pagtitipon ng aking bayan at hindi rin ibibilang sa
talaan ng bansang Israel. Hindi sila makapa-
pasok sa lupain ng Israel – at makikilala ninyo na
ako si Yawe.

---

• 21. *Lumilipas ang mga araw at hindi nagkakatotoo ang mga pangitain.* Ipagtataka natin ang kawalang-paniniwalang ito ng mga Judio sapagkat sa paglingon sa Banal na Kasaysayan, para sa ati'y waring puno iyon ng mga himala at natutupad ang mga salita ng mga propeta. Ngunit sa totoo'y hindi ganito ang tingin ng mga kapanahon ng mga propeta. Sa loob ng halos dalawang dantaon, sina Isaias, Jeremias, Ezekiel at ilang maliliit na propeta lamang ang naroon. Bukod dito, hindi laging nagkakaroon ng mahimalang pagpapalaya gaya ng naganap sa Jerusalem noong 701. Kaya hindi milagro lamang ang kasaysayan, at hindi rin naman kaagad na nagaganap ang mga salita ng mga propeta. Kahanay ng mga tunay, naroon ang mga bulaang propeta na may mga pangitaing madalas na di nagkakatotoo. Kaya mauunawaan dito ang kawalang-paniwala ng mga Judio.

May mga pagkakataon sa kasaysayan na mabilis ang mga pagbabago; sa iba nama'y parang walang ginagawa ang Diyos. Sa Ebanghelyo mismo ay pinagsasabihan tayong huwag maging materyalista gayong parang wala ang Panginoon sa takbo ng daigdig (Lc 21:34; 17:26; 2 P 3:3).

• **13.**1 Laging laganap sa daigdig ang katotohanan at kasinungalingan. Kaya hindi nakalalamang sa atin ang mga propeta dahil silang lahat ay nagkaroon din ng mga kalaban (tingnan 1 H 22; Is 28).

Ipinakikita rito sa atin ni Ezekiel ang mga natatanging pagkilos ng tunay na propeta:

– karaniwa'y laban sa gustong marinig ng nakararami ang kanyang sinasabi (tingnan din ang Jer 14:13);

– sa halip na tumahimik tungkol sa kasalanan, pinangangahasan niyang ilantad iyon at tuligsain (tingnan Jer 23:14);

– tinutukoy niya ang mga malalalim na sanhi ng kasamaan sa halip na magmungkahi ng mga pansamantalang panakip na solusyon;

– nasa itaas siya ng pader bilang bantay, at malinaw niyang nakikita ang nalalapit na paghuhukom ng Diyos, na ibig sabihi'y ang di-maiiwasang mga bunga ng mga pagkakasala at pagkakamali. Ipinagtatanggol niya ang kanyang bayan sa galit ni Yawe (Ez 22:30).

Binabanggit ni Ezekiel ang *mga propetisa* at ang kanilang mga kilos na mahirap unawain ang tunay na kahulugan. Ibinubunsod nila ang mga tao na bigyang-pansin ang mga panaginip, pamahiin at mapanlinlang na pagpapagaling, habang nananatili namang bulag sa mga krimen at kasalanan.

10 Iniligaw ng mga propetang ito ang aking
bayan sa pagsasabing 'Kapayapaan' gayong
wala namang kapayapaan. Nagtatayo ng pader
ang mga tao, at pinapahiran naman ng apog ng
mga propetang ito. 11 Ngunit sabihin mo sa mga
nagpapahid ng apog: magigiba ang pader. Mag-
papadala nga ako ng bumabahang ulan, mag-
papaulan ng mga tipak na yelo at marahas na
unos. 12 At hayan: gumuguho na ang pader.
Tatanungin kayo: 'Nasaan ang apog na ipinahid
dito'?"

13 Kaya ito ang sinasabi ni Yawe: "Sa galit
ko'y magpapadala ako ng marahas na unos, at
bumabahang ulan, at magpapaulan ng mala-
laking tipak na yelo dahil sa aking poot. 14 Wa-
wasakin ko ang pader na pinahiran ninyo ng
apog. Papatagin ko iyon hanggang sa mga
pundasyon, madadaganan kayo ng mga guho,
at makikilala ninyo na ako si Yawe. 15 Sa pader
at sa mga nagpahid ng apog ko ibubuhos ang
aking poot.

At may magtatanong: 'Nasaan ang pader at
ang mga nagpahid ng apog doon, 16 ang mga
propeta ng Israel na nanghula tungkol sa Jeru-
salem at nagkaroon ng mga pangitain ng
kapayapaan gayong wala namang kapaya-
paan?'

17 Ikaw naman, anak ng tao, humarap ka sa
mga kababaihan ng iyong bayan na nanghuhula
nang galing sa sariling diwa at magpropesiya
laban sa kanila. 18 Ito ang sasabihin mo: Kawawa
ang mga naglalagay ng mga laso sa kanilang
mga siko, at ng mga belo ng panggayuma na
bagay sa bawat isa; mga kaluluwa ang binibitay
ng mga babaeng iyon! Sapagkat sinasabi ni
Yawe: Binibitay ninyo ang mga buhay ng aking
bayan, pero maililigtas ba ninyo ang sarili
ninyong buhay?

19 Nang dahil sa karampot na sebada at tina-
pay, inalisan ninyo ako ng dangal sa aking
bayan. Dahil sa inyo, namamatay ang mga
taong di dapat mamatay at nabubuhay ang di
dapat mabuhay. Sapagkat sa inyo at sa inyong
mga kasinungalingan nakikinig ang bayan ko."

20 Kaya nga sinasabi ni Yawe: "Kinamumu-
hian ko ang mga laso na ipinamimihag ninyo ng
kaluluwa, na parang panghuli ng ibon. 21 Pupu-
nitin ko ang inyong mga belo at palalayain ko
ang aking bayan sa inyong mga kamay. Hindi na
ninyo sila mabibihag pa, at makikilala ninyo na
ako si Yawe. 22 Sinira ng sinungaling ang loob ng
matuwid na di ko pinapanlupaypay, at pina-
lakas ninyo ang tampalasan kaya hindi na nito
tinatalikdan pa ang kasamaan para maligtas.

23 Kaya hindi na kayo magkakaroon ng mga
huwad na pangitain at makapanghuhula pa.
Palalayain ko ang aking bayan sa inyong mga
kamay at makikilala ninyo na ako si Yawe."

**Hindi ko sila pasasangguniin sa akin**

14 • 1 May ilang Matatanda ng Israel
ang dumating at naupo sa harap
ko. 2 Noon dumating sa akin ang salita ni
Yawe:

3 "Anak ng tao, nasa kanilang kalooban
ang marumi nilang diyus-diyusan na na-
katali sa mga bagay na naghahatid sa
kanila sa pagkakasala. Pasasangguniin
ko ba sila sa akin? 4 Makipag-usap ka sa
kanila at sabihin ang ipinasasabi ko: Kung
may Israelitang sumasangguni sa isang
propeta, samantalang nasa kalooban
naman niya ang marumi niyang diyus-
diyusan at nakatali sa bagay na nagha-
hatid sa kanya sa pagkakasala, akong si
Yawe ang magbibigay ng sagot na mara-
pat tanggapin ng kanyang diyus-diyusan.
5 Sapagkat gusto kong bihagin ang puso
ng Israel, ang puso ng lahat ng lumayo sa
akin dahil sa kanilang mga diyus-diyusan.

6 Kaya sabihin mo sa sambayanan ng
Israel: Ito ang sabi ni Yawe: Magbalik-
loob, talikdan ninyo ang inyong mga
diyus-diyusan at lahat ng kasuklam-
suklam na gawain. 7 Kung talikuran ako
ng isang Israelita o dayuhang narito sa
Israel at sumangguni sa akin sa isang

---

• **14.1** *Pasasangguniin ko ba sila sa akin?* Narito ang babala sa mga sumasangguni kay Yawe sa pamamagitan ng propeta upang malutas ang mahihigpit nilang problema. Dapat ko bang pakasalan ang babaeng ito? Paano ako gagaling sa aking sakit? Ayaw sagutin ni Yawe ang mga hindi handang sumunod sa kanya; sa halip, parurusahan niya sila sa kanilang kasamaan: ito ang magiging *sagot niya* sa kanila.

*Kung malinlang ang propeta...* Kung dahil sa materyal na pakinabang ay pumayag ang propetang sumagot sa mga tanong na wala namang kinalaman sa kanyang relihiyosong misyon, parurusahan ni Yawe ang sumasangguni pati ang propeta.

Ipinahihiwatig dito ang pananagutan ng mga nagpapalinlang sa bulaang propeta. Mas gusto nilang pumunta sa bulaang propeta pagkat alam nilang hindi niya sila oobligahing tingnang mabuti ang mga pagkakamali sa kanilang buhay. At sa dakong huli, kapwa sila mapapahamak.

propeta nang nasa kalooban niya ang
mga diyus-diyusan at nakatali sa nagha-
hatid sa kanya sa pagkakasala, akong si
Yawe ang sasagot sa kanya. 8 Ihaharap ko
ang aking mukha laban sa taong ito. Ga-
gawin ko siyang isang halimbawang pag-
uusap-usapan. Lilipulin ko siya sa gitna
ng aking bayan, at makikilala ninyong
ako si Yawe.

9 Kung malinlang ang propeta at mag-
bigay ng sagot, akong si Yawe ang nag-
pahintulot na siya'y malinlang. Iuunat ko
ang aking kamay laban sa kanya at lili-
pulin ko siya sa piling ng aking bayang
Israel.

10 Pananagutan ng bawat isa ang kan-
yang pagkakasala: pareho lamang ang
propeta at ang sumangguni sa kanya.
11 Kaya hindi na maliligaw ang bayang
Israel mula sa akin. Hindi na sila madu-
dungisan sa kanilang mga kasalanan.
Magiging bayan ko sila at ako ang magi-
ging Diyos nila."

12 Dumating sa akin ang salita ni Yawe:
13 "Anak ng tao, kung may bansang magkasala
sa akin sa kataksilan nito, iuunat ko ang aking
kamay laban dito, at aalisan ng pagkain at pa-
dadalhan ng pagkagutom na papatay sa mga
tao at hayop nito. 14 Ngunit kung naroon man
ang tatlong lalaking ito, sina Noe, Daniel at Job,
sarili lamang nila ang kanilang maililigtas dahil
sa matuwid nilang pamumuhay – salita ng
Diyos.

15 Kapag pinagala ko sa lupain ang maba-
bangis na hayop para manlapa ng mga bata at
matiwangwang iyon dahil wala nang magdaan sa
takot sa mga hayop, 16 at naroon din ang tatlong
lalaking ito – isinusumpa ko, sabi ni Yaweng
Panginoon – hindi nila maililigtas ang kanilang
mga anak kundi ang kanilang sarili lamang; at
matitiwangwang ang lupain.

17 Gayundin ang mangyayari kapag nag-
padala ako ng tabak laban sa lupaing ito para
lipulin ang mga tao at mga hayop. 18 Kung
naroon man ang tatlong lalaking ito – nagpapa-
totoo akong si Yawe – hindi nila maililigtas ang
kanilang mga anak kundi ang sarili lamang nila.
19 O kung magpadala ako ng salot sa lupain at
ibuhos doon sa pagpapadanak ng dugo ang
matindi kong galit para malipol ang mga tao at
mga hayop, 20 kung naroon man sina Noe,
Daniel at Job – akong si Yawe ang nagpapatotoo
– hindi nila maililigtas ang kanilang mga anak,
kundi ang kanilang sarili lamang dahil sa pagka-
matuwid nila."

21 Ito ngayon ang sinasabi ni Yawe: "Padalhan
ko man ang Jerusalem ng apat na mabibigat na
parusa – tabak, gutom, mababangis na hayop at
salot – para lipulin ang mga tao at mga hayop
doon, 22 may malalabing mga anak. Pinapu-
punta sila at pupunta sa inyo rito; at kapag
nakita ninyo ang kanilang pamumuhay at gawa,
hindi na kayo mabibigatan sa ipinadala kong
kapahamakan sa Jerusalem. 23 Mapapanatag
ang kaisipan ninyo kapag nakita ninyo ang
kanilang pag-uugali, at mauunawaan ninyong
hindi walang katuturan ang lahat ng ginawa ko
sa lunsod – salita ni Yawe."

**Israel: walang-silbing punong-ubas**

**15** • 1 Dumating sa akin ang salitang ito ni
Yawe: 2 "Anak ng tao, paano nakahihigit
ang kahoy ng punong-ubas kaysa iba pang
punungkahoy sa gubat? 3 May nakukuha bang
kahoy dito para gawing anuman, o gawing sabi-
tan man kaya?

4 Ngunit ginagamit itong panggatong; sinu-
sunog ng apoy ang magkabilang dulo at naiiwan
ang gitna. May silbi pa kaya ito? 5 Kung wala
itong silbi nang buo pa ito, lalo na kapag tupok
na."

6 Kaya sinasabi ni Yawe: "Kinuha ko ang
kahoy ng punong-ubas sa mga puno sa gubat at
inilagay sa apoy bilang panggatong. Ganito rin
ang gagawin ko sa mga taga-Jerusalem.
7 Ihaharap ko ang aking mukha laban sa kanila.
Nakaligtas man sila sa apoy, matutupok pa rin
sila, at makikilala ninyong ako si Yawe kapag
pinarusahan ko sila. 8 Gagawin kong tiwang-
wang ang kanilang lupain pagkat nagtaksil sila
sa akin – salita ni Yawe."

---

• **15.1** Sa mga kabanata 15-23, apat na beses na inilalantad at tinutuligsa sa iba't ibang paraan ang mga pagkakasala ng Juda sa buong kasaysayan nito (mga kabanata 16, 20, 22, 23).

Ginagamit sa kabanatang ito ang imahen ng punong ubas sa paglalarawan sa kinakailangang wakas ng kasaysayan ng Juda: wawasakin ang bansa at susunugin ang kabisera niyon. Tulad ng kahoy ng punong ubas ang Israel nang hirangin iyon ni Yawe, hindi namumukod-tangi sa ibang mga bayan, sa bilang man o sa mga katangian. At dahil hindi nila tinupad ang kanilang misyon, hindi sila makapagpapatuloy na maging bayan ng Diyos, ni hindi na muling magiging isang bayan gaya ng iba.

**Ang taksil na nobya**

**16** • 1 Dumating sa akin ang salitang ito
ni Yawe: 2 "Anak ng tao, ipahayag mo sa
Jerusalem ang kanyang mga pagkakasala.
3 Sabihin mo sa kanya: Sa Kanaan ka tubo; doon
ka ipinanganak. Amorreo ang iyong ama at
Hetea ang ina. 4 Nang ipinanganak ka, hindi ka
pinutulan ng pusod, hindi pinaliguan at nilinis,
hindi hinilod sa asin ni binalot sa lampin. 5 Wa-
lang nahahabag na magbigay-pansin sa iyo. Basta
ka na lamang iniwan sa lupa sapagkat kinasuk-
laman ka na sa araw pa man ng iyong kapanga-
nakan.
6 Ngunit dumaan ako at nakita kitang guma-
galaw sa sarili mong dugo. Sinabi ko sa iyo
noon: Mabuhay ka 7 at lumaki! Pinalaki kitang
gaya ng isang halaman sa bukid.
8 Lumaki ka nga, tumangkad at nagdalaga.
Lumusog ang iyong dibdib, tumubo ang iyong
buhok, ngunit hubo't hubad ka. Nang muli
akong dumaan, nakita kitang ganap nang
dalaga. Binalabalan kita ng aking damit upang
takpan ang iyong kahubaran. Nakipagtipan ako
at nanumpa sa iyo, at ikaw ay naging akin, sabi
ni Yawe.
9 Pinaliguan kita, nilinis ang dugo sa katawan
mo at pinahiran ng langis. 10 Sinuutan kita ng
damit na may burda at ng sandalyas na malam-
bot na katad. Dinamitan kita ng pinong linen at
mamahaling tela. 11 Pinalamutian kita ng mga
alahas, pulseras sa bisig, kuwintas sa leeg, 12 at
singsing sa ilong, hikaw sa tainga at pinutungan
ng magandang korona.
13 May palamuti kang ginto at pilak, may mga
damit na mamahaling linen, seda at burdadong
baro. Pinakamainam na harina, pulot-pukyutan
at langis ng olibo ang pagkain mo. Napaka-
ganda mo, at naging reyna ka. 14 Lubos ang
kagandahan mo at natanyag ka sa lahat ng
bansa dahil sa karilagang bigay ko sa iyo – salita
ni Yawe."
15 Ngunit nanangan ka sa iyong kagandahan,
nanalig sa iyong katanyagan, at sinimulan
mong ibigay ang sarili sa sinumang magdaan,
gaya ng isang babaeng bayaran. 16 Ginamit mo
ang ilan sa iyong mga damit sa paggawa ng mga
altar sa burol at doon ka nagpabayad sa lalaki.
(Huwag sana silang pumasok; huwag sanang
mangyari ito!)
17 Sa pilak at ginto ng mga palamuting ako
ang nagbigay sa iyo, gumawa ka ng mga lala-
king diyus-diyusan at sumiping sa kanila. 18 Ibi-
nalabal mo sa kanila ang mga burdado mong
damit at inialay mo sa harap nila ang aking
langis at insenso. 19 Inialay mo rin sa kanila
bilang mabangong insenso ang pagkaing bigay
ko sa iyo: ang mainam na harina, langis ng olibo
at pulot-pukyutang bigay ko para kainin mo –
salita ni Yawe.
20 Ipinakain mo sa kanila ang mga anak na
lalaki at babaeng isinilang mo sa akin. Hindi pa
ba sapat ang iyong pagpapabayad sa lalaki?
21 Kailangan pa bang patayin mo ang aking
mga anak sa paghahandog sa iyong mga diyus-
diyusan?
22 Nagpatuloy ka sa karumal-dumal mong
mga gawain at pagpapabayad sa lalaki nang
hindi inaalaala ang mga araw ng iyong kaba-
taan, noong ika'y hubo't hubad at gumagalaw sa
sariling dugo.
23 Kahabag-habag ang sasapitin mo – sabi ni
Yawe – dahil sa lahat ng kasamaang ito. 24 Nag-
tayo ka ng iyong puwesto sa lahat ng liwasan at
mga altar sa burol. 25 Nagtayo ka ng iyong
tambak sa lahat ng sangandaan; sinalaula mo
ang iyong ganda sa pagbibigay ng sarili sa

---

• **16.**1 Ang kasaysayan ng taksil na maybahay, na naisalaysay na nina Oseas at Jeremias, ay pinalalawak para maisama ang buong banal na kasaysayan. Kaya nagsisimula ito sa pagsakop sa Kanaan. Nang sakupin ni David ang Jerusalem, lahing Amorreo ang karaniwang mga mamamayan niyon at ang mga Heteo ang nasa mataas na lipunan.

Narito ang mga yugto ng kasaysayan niyon:

– Galing sa wala ang Israel nang hirangin ng Diyos: bersikulo 4-5.

– Pinayaman ng Diyos ang Israel: b. 8-14.

– Ang pagbagsak: b. 15-22.

– Ang parusa: "Magiging hubad kang muli..."

– Ang pangako: Aalalahanin ko ang aking pakikipagtipan sa iyo..."

Sa pagsasalita tungkol sa *pagbibili ng sarili*, tinatalakay rin ni Ezekiel ang tatlong kasalanan gaya ng ginawa nina Isaias at Jeremias.

– pagpapaubaya ng sarili sa pagsamba sa mga diyus-diyusan, sa kabila ng pagiging "asawa" ni Yawe;

– pag-oorganisa ng sagradong pagbibili ng sarili, gaya ng ginagawa sa pagsamba ng mga pagano;

– pagpapasailalim sa malalaking bansa para magkaroon ng proteksiyong pulitikal sa halip na manatiling malaya.

Walang kinaliligtaan si Ezekiel ni isang detalye sa mga maaaring humamak at humiya sa kanyang bayan. Wala pang naririnig na ganito kabigat na puna sa pambansang kasaysayan sa alinmang bayan. Sa pagatake sa kapalaluan ng kanyang mga kababayan, tinuturuan tayo ng propeta kung paano ilantad sa liwanag ang lahat ng kahangalan at kasamaang nasa ating puso.

Bigyang-pansin din ang talata 59-63 kung saan ipinangangako ni Yawe ang bagong tipan. Ang kahihiyang kasunod ng mga pagkakasala ay paghahanda para sa isang buhay na matuwid.

sinumang magdaan. 26 Nagpabayad ka sa mga
Ehipsiyo na mga katabi mong may matitipu-
nong katawan, at ginalit mo ako dahil sa sob-
rang kawalan mo ng delikadesa.

27 Iniunat ko ang aking kamay laban sa iyo,
binawasan ang iyong lupain at ipinaubaya sa
iyong mga kaaway, ang mga dalagang Piliste-
ong lunsod na nagulat sa malaswa mong gawi.

28 Hindi ka pa nasiyahan, kaya nagpabayad
ka rin sa mga taga-Asiria. 29 Pinarami mo pa ang
pagpapabayad sa lalaki sa lupain ng mga ne-
gosyante, sa Kaldea, at doon ma'y hindi ka pa
rin nasiyahan.

30 Galit na galit ako sa iyo – salita ni Yawe –
dahil sa lahat ng ginagawa mo bilang magaling
na babaeng bayaran. 31 Nang magtayo ka ng
iyong mga tambak sa lahat ng sangandaan at ng
iyong mga dambana sa bawat liwasan, hindi ka
nga gaya ng isang babaeng bayaran pagkat
bale-wala sa iyo ang bayad. 32 Babaeng nakikia-
pid! Mas gusto mo pa ang mga dayuhan kaysa
tunay mong asawa. 33 Nagpapabayad ang lahat
ng babaeng bayaran pero ikaw pa ang nag-
reregalo sa lahat mong kalaguyo, sinusuhulan
sila para puntahan ka mula sa lahat ng dako at
magkasala sa piling mo. 34 Naiiba ang pagbibili
mo ng iyong sarili: walang naghangad sa iyo, at
ikaw ang nagbabayad, walang nag-aabot sa iyo
ng bayad. Ibang-iba ka nga."

35 Kaya pakinggan mo, babaeng bayaran,
ang salita ni Yawe. 36 Ito ang sinasabi ni Yawe:
Dahil ibinilad mo ang sarili at inilantad ang iyong
kahubaran sa mga kalaguyo mo at sa karumal-
dumal mong mga diyus-diyusan, at dahil sa
paghahandog mo sa kanila ng dugo ng iyong
mga anak, 37 titipunin ko ang lahat mong kala-
guyo na nasiyahan sa iyo, lahat ng mahal mo
pati ang kinamumuhian mo – titipunin ko silang
lahat laban sa iyo mula sa buong paligid at
huhubaran kita sa harap nila at makikita nila ang
iyong kahubaran. 38 Hahatulan kita kung pa-
anong hinahatulan ang babaeng nakikiapid at
pumapatay, at paghihiganti ng dugo sa aking
poot at selos ang pararatingin ko sa iyo. 39 Ibi-
bigay kita sa kanila, at gigibain nila ang iyong
mga tambak at dambana. Huhubaran ka nila,
hihiklasin ang magaganda mong alahas, at
iiwang hubo't hubad.

40 Ipadudumog ka nila sa mga babato at
tatadtad sa iyo sa kanilang mga tabak. 41 Susu-
nugin nila ang iyong mga bahay. Hahatulan ka
sa harap ng maraming babae. Patitigilin kita at
hindi ka na babayaran pa. 42 Ngunit kapag naila-
bas ko na ang aking galit sa iyo, lilisanin ka ng
aking selos. Hihinahon ako at mawawala ang
aking galit.

43 Dahil hindi mo inalaala ang mga araw ng
iyong kabataan at sa halip ay ginalit ako sa lahat
ng ito, papapanagutin kita sa lahat ng ginawa
mo – salita ni Yawe. Di ba't kasuklam-suklam
ang idinagdag mo sa karumal-dumal mong mga
gawa?

44 At sasabihin ng bawat gumagawa ng kasa-
bihan: 'Kung ano ang ina, gayon din ang anak.'
45 Anak ka nga ng ina mo na bumale-wala sa
kanyang asawa't mga anak, at kapatid ka nga
ng mga kapatid mong babae na nagtakwil sa
kani-kanilang asawa't mga anak. Hetea ang ina
mo at Amorreo ang ama mo. 46 Ate mo ang
Samaria na nasa gawing kaliwa mo kasama ng
kanyang mga anak na dalaga. At bunso mong
kapatid ang Sodom na nasa kanan mo kasama
ng kanyang mga anak na dalaga. 47 Hindi mo
lamang sinundan ang kanilang mga daan at
ginaya ang kasuklam-suklam nilang mga gawa,
kundi naging masahol ka pa sa kanila sa lahat
ng paraan. 48 Ako ang nagpapatotoo – salita ni
Yawe – na hindi pa nagagawa ng kapatid mong
Sodom at ng kanyang mga anak na dalaga ang
ginawa mo at ng iyong mga anak.

49 Ito ang kasalanan ng Sodom: kayabangan,
sobrang pagkain, at kawalang-malasakit. Hindi
nila tinulungan ang mga dukha at nangangai-
langan. 50 Mapagmataas sila at gumawa ng mga
kasuklam-suklam sa harap ko. Kaya pinawi ko
sila gaya ng nakita mo. 51 At tungkol naman sa
Samaria, hindi niya nagawa ni kalahati ng mga
pagkakasala mo. Mas masahol pa ang ginawa
mo kayat lalabas pang matuwid ang mga ka-
patid mong babae sa harap ng iyong kasamaan.

52 Pasanin mo ngayon ang iyong kahihiyan
dahil binigyang-dahilan mo ang iyong mga
kapatid. Mas kasuklam-suklam ang iyong mga
pagkakasala kaya naman lumilitaw na mas
matuwid sila kaysa iyo. Kaya mahiya ka at
pasanin ang iyong kahihiyan, na dahil sa iyo'y
nagmukha pang mabuti ang iyong mga kapatid.
53 Kapag ibinalik ko ang magandang kalagayan
ng Sodom at Samaria at ng kanilang mga anak
na dalaga, ibabalik ko rin ang dati mong kala-
gayan sa piling nila. 54 Bilang pang-aliw sa
kanila, dapat ka ngang dumanas ng kahihiyan
at pagkalito dahil sa mga ginawa mo.

55 Kapag nabalik na sa dati ang kapatid mong
Sodom at ang mga anak niya, pati ang Samaria
at ang mga anak niyon, ikaw at ang mga anak
mong dalaga ay saka lamang mababalik sa dati.
56 Di ba't naging kawikaan para sa iyo ang
kapatid mong Sodom sa panahon ng iyong
kayabangan, 57 nang hindi pa nalalantad ang
iyong kasamaan?

Kayat ikaw naman ngayon ang naging kasa-
bihan sa mga anak na dalaga ng Edom at lahat
niyang kalapit, sa mga anak na dalaga ng mga
Pilisteo na bumabale-wala sa iyo sa buong pa-
ligid – salita ni Yawe. 58 Papasanin mo ang bunga
ng iyong mga kalaswaan at kasuklam-suklam
na mga gawa."

**Para mapahiya ka**

• 59 Sapagkat ito ang sinasabi ni Yawe:
"Susuklian ko nang nararapat ang ginawa
mong pagbale-wala sa iyong sinumpaan sa
pagsira sa Tipan. 60 Ngunit aalalahanin ko
ang Pakikipagtipan ko sa iyo sa mga araw
ng iyong kabataan, at gagawa ako ng isang
walang-hanggang Tipan para sa iyo. 61 Ma-
aalaala mo ang iyong pamumuhay at
magdadalang-hiya kapag tinanggap mo
ang iyong ate at bunsong kapatid na ibi-
bigay ko sa iyo bilang mga anak sa bisa ng
Pakikipagtipan ko sa iyo.

62 Itatatag ko ang Pakikipagtipan ko sa
iyo, at makikilala mong ako si Yawe, 63 para
makaalaala ka't mahiya at hindi na kailan-
man magbuka ng bibig dahil sa iyong
kahihiyan, kapag pinatawad kita sa lahat
ng ginawa mo – salita ni Yawe."

**Mga haring anak ni David**

**17** 1 Dumating sa akin ang salita ni Yawe:
2 "Anak ng tao, maglahad ka ng bugtong
at magsalaysay ng talinhaga sa bayang Israel.
At saka mo sabihing ganito ang sabi ni Yawe:

• 3 Isang malaking agila na may malalakas
na pakpak at mahahabang balahibo, makapal
at may iba't ibang kulay ang dumating sa Leba-
non. 4 Pinutol niya ang supling ng punong sedro,
ang pinakamataas na sanga at dinala sa lupain
ng negosyo, sa lunsod ng mga negosyante.
5 Kinuha niya ang isang binhi ng lupang iyon at
ipinunla itong parang tibig sa matabang lupa sa
tabi ng tubig. 6 Umusbong iyon at naging maba-
bang baging na may malalabay na sangang
nakaharap sa agila. Lumalim naman ang mga
ugat nito, at patuloy na nagsanga at nagdahon.

7 Ngunit may isa pang malaking agila na may
malalakas na bagwis at makapal na balahibo, at
ipinihit ng baging ang mga ugat at iniunat ang
mga sanga sa kanya sa pag-asang mas madi-
diligan siya kaysa lupang kinatamnan. 8 Ngunit
mas mabuti pa ang lupang kanyang kinatam-
nan na malapit sa tubig kaya makapamumunga
sana siya at magiging kahanga-hanga."

9 Sinabi ni Yawe: "Lalago ba ang baging?
Hindi kaya iyon bunutin ng agila at alisan ng
bunga at matuyo sa wakas ang lumagong mga
dahon? Hindi mahirap ni hindi mangangaila-
ngan ng maraming tao para bunutin iyon.

10 Itinanim nga iyon pero lalago naman kaya
iyon? Di ba't malalanta iyon pag ihip ng hanging
silangan? Malalanta nga sa lupang kinatatam-
nan!"

11 At sinabi ni Yawe sa akin: 12 "Sabihin mo sa
rebeldeng bayang ito: Hindi ba ninyo ito nauuna-
waan? Dumating sa Jerusalem ang hari ng
Babilonia at tinangay niyang pauwi ang hari at
pinuno ng Jerusalem. 13 Hinirang niya ang isa sa
kamag-anak ng hari at nakipagtipan sa kanya at
pinilit niyang manumpa. Tinangay rin niya ang
mga kinikilala sa lupain 14 upang mapanatiling
mahina ang kaharian at igalang ng bagong hari
ang kasunduan.

15 Ngunit naghimagsik laban sa kanya ang
hari at nagsugo ito sa Ehipto para humingi ng
mga kabayo at malakas na hukbo. Magtagum-
pay kaya ang hari? Makaligtas kaya ang gu-
mawa nito? Makatatakas kaya ang sumira sa
kasunduan?

16 Saksi ang buhay ko – sabi ni Yawe – mama-
matay siya sa lupain ng haring nagluklok sa
kanya. Hindi niya iginalang ang sinumpaang
kasunduan, kundi nilabag ito kaya sa Babilonia
siya mamamatay.

17 Hindi siya matutulungan ni Paraon sa
malakas na hukbo nito sa oras na itayo ang mga
rampa at paligiran ang lunsod at patayin ang

---

• 59. *Kapag tinanggap mo ang iyong mga kapatid na ibibigay ko sa iyo bilang mga anak.* Matapos maparusahan at maituwid, tatanggapin ng Israel ang misyong magturo at mag-akay sa iba pang mga bayan. Mapatutunayan din ito sa Iglesya na kahit banal ay dumaranas din ng kahinaan ng tao. Ang mga may karanasan ng pagkakasala at ng kapatawaran ang malimit na nakapagpapamalas ng higit na pang-unawa at higit na pagnanais na mailigtas ang mga makasalanan.

• **17.**3 Si Ezekiel mismo ang nagpapaliwanag sa mahabang paghahambing na ito. Ito ang konklusyon: Magwawakas ang mga haring inapo ni David. Ibang inapo ni David ang hihirangin ng Diyos mismo para maging Mesiyas. Tungkol kay Kristo at sa Iglesya ang mga b. 22-24.

*Ang sumira sa kasunduan* (15-20). Ang pagsuko ni Sedekias sa mga Kaldeo ang makatarungang kabayaran sa mga nakaraang pagkakamaling inilantad at tinuligsa ng mga propeta. Hindi inaangkin ng Diyos ang anumang pagpapalaya pati na ang paggamit ng kahit na anong pamamaraan.

marami. 18 Ibinigay nga niya ang kanyang
kamay at tinanggap ang kasunduan, at pagka-
tapos ay pinawalang-saysay ang sumpa! Hindi
niya iyon matatakasan!"
19 Kaya ito ang sinasabi ni Yawe: "Saksi ang
buhay ko, pagbabayarin ko siya sa pagbale-
wala sa kanyang sumpa at pagsira sa kasun-
duan. 20 Ikakadkad ko ang aking lambat upang
siluin siya; sa Babilonia ko siya dadalhin at doon
niya pananagutan ang kanyang kataksilan sa
akin.
21 Mabubuwal sa tabak ang kanyang mga
piling kawal. Pangangalatin sa iba't ibang dako
ang malalabi. At makikilala ninyo na akong si
Yawe ang nagsalita."
22 Sinabi pa ni Yawe: "Sa pinakatuktok ng
mataas na sedro, kukuha ako ng isang sanga,
isang bagong supling, at itatanim sa isang ma-
taas at matayog na bundok, 23 sa mataas na
bundok ng Israel. Yayabong iyon at mamumu-
nga at magiging isang kahanga-hangang sedro.
Pagpupugaran iyon ng lahat ng klase ng ibon at
manganganlong sa lilim ng mga sanga niyon.
24 At makikilala ng lahat ng punungkahoy na
akong si Yawe ang nagpapabuwal sa matatayog
na puno at nagpapataas sa mabababa. Nilalanta
ko ang sariwang punungkahoy at pinamumu-
laklak ang tuyo. Akong si Yawe ang nagsalita at
gagawin ko ito."

**Kung magbalik-loob ang makasalanan, mabubuhay siya**

**18** • 1 Dumating sa akin ang salita ni
Yawe: 2 "Bakit ninyo sinasabi ang
kasabihang ito tungkol sa lupain ng Israel:
'Mga magulang ang kumain ng maasim
na ubas, pero mga anak ang nangilo'?
3 Saksi ang buhay ko – sabi ni Yawe –
Hindi na sasabihin pa ang kasabihang ito
sa Israel. 4 Sa akin ang lahat ng buhay; sa
akin ang buhay ng ama at ang buhay rin
ng anak, kaya kung sino ang magkasala,
siya ang mamamatay.
5 Ipagpalagay na may isang taong ma-
tuwid at gumagawa ng tama at maka-
tarungan. 6 Hindi siya kumakain sa mga
altar sa burol, hindi tumitingin sa mga
diyus-diyusan ng Israel, hindi nakikiapid
ni sumisiping sa babaeng may regla.
7 Wala siyang inaaping sinuman, isinasauli
ang isinanla sa kanya, hindi nagnanakaw,
pinakakain niya ang nagugutom at dina-
damitan ang hubad, 8 hindi siya usurero,
ni sumisingil ng patubo sa pautang, hindi
gumagawa ng kawalang-katarungan, isi-
nasabuhay ang tunay na katarungan at
mabuting pakikipagkapwa-tao, 9 matapat
siya sa aking mga batas at sumusunod sa
aking mga kautusan. Tunay na matuwid
ang taong ito at mabubuhay siya – salita
ni Yawe.
10 Ngunit kung may anak na lalaki ang
taong ito – magnanakaw at mamamatay-

---

• **18.**1 *Mga magulang ang kumain ng maasim na ubas, pero mga anak ang nangilo.* May napakalakas na diwa ng panlahatang responsibilidad ng grupo, maging pampamilya man o pambansa ang bayan ng Israel sa mga unang panahong iyon. Nasa Josue 7:24 ang halimbawa ng isang nagkasala na hinatulan ng kamatayan kasama ng buo niyang pamilya, gayundin ang halimbawa ng buong bayan na pinarusahan dahil sa kasalanan ng isang miyembro nito.

Ngunit sa mga huling taon ng kaharian ng Juda, naging mas malakas naman ang kamalayan sa personal na responsabilidad:

– Sa isang dako, ipinahayag ng mga propeta na ayon sa katarungan ng tao, hindi maparurusahan ang mga anak dahil sa mga krimen ng kanilang mga magulang (Dt 24:16). Paano maiiba ang panuntunan ng Diyos at parurusahan ang walang kasalanan?

– Nang mga unang panahon, bawat pagkakamali, maging ang di-sinasadya, ay itinuturing na "kasalanan." Pero itinuturo ngayon ng mga propeta na ang kasalanan lamang ang kasamaan, at ang mga kasawiampalad na hindi naman bunga ng kasamaang ito ay hindi parusa ng Diyos.

Ang pagkawasak ng Jerusalem ay parang pagpapaparusa sa lahat nang hindi na pinag-iba ang mabuti at ang masama. Hindi itinatanggi ni Ezekiel na hinampas nga noon ng Diyos ang lahat. Ngunit para sa kanya, nakaraan na iyon at marapat lamang sa isang bayang ganap na lumihis. Nakatanaw siya sa hinaharap at itinuturo kung paano aaksiyon ang Diyos mula ngayon sa tunay na relihiyon:

– *Ang pagkamatuwid ng matuwid ay sasakanya, at ang sariling pagkakasala naman sa masama:* tatanggapin ng bawat isa ang marapat sa kanya.

– *Kung lumayo naman ang masama sa lahat niyang pagkakasala... mabubuhay siya.* Bawat isa'y magkakaroon ng panahong mag-pasiya nang malaya. Kung sa simula'y masama at pagkaraa'y nagpasiyang magpakabuti, hihintayin ng Diyos ang kanyang pagbabalik-loob at isasaalang-alang ang pinakahuli niyang oryentasyon.

Sa mga huling panahon, mapapansin ng mga marurunong na kadalasa'y hindi napaparusahan ang masasama at hindi rin nagagantimpalaan ang mabubuti sa buhay na ito (tingnan Job 21). At maliliwanagan nilang sa kabilang-buhay magkakaroong-kaganapan ang katarungan ng Diyos.

tao, at gumagawa ng mga pagkakasalang
11 hindi ginawa ng kanyang ama. Kuma-
kain siya sa mga altar sa burol, nakiki-
apid, 12 nang-aapi ng dukha at nangangai-
langan, nagnanakaw, hindi isinasauli ang
isinanla sa kanya, tumitingala sa mga
diyus-diyusan, gumagawa ng kasuklam-
suklam na mga bagay, 13 naniningil ng
patubo sa pautang at pusakal na usurero.
Mabubuhay ba ang gayong tao? Hindi!
Mamamatay siya dahil ginawa niya ang
lahat ng kasuklam-suklam na ito. Sa
kanya mismo babagsak ang kanyang
pagkakasala.

14 Ngunit ipalagay na may anak na
lalaki naman ito – na hindi ginagawa ang
mga pagkakasalang nakita niyang gina-
gawa ng ama. 15 Hindi siya kumakain sa
mga altar sa bundok ni tumitingala sa
mga diyus-diyusan ng sambayanan ng
Israel, hindi siya nakikiapid, 16 hindi nang-
aapi ng sinuman ni humihingi ng sanla sa
pautang, hindi nagnanakaw, nagbibigay
ng kanyang pagkain sa nagugutom at
dinadamitan ang hubad, 17 lumalayo sa
kawalang-katarungan, hindi usurero ni
naniningil ng patubo sa pautang, tumutu-
pad sa aking mga batas at sumusunod sa
aking kautusan. Mamamatay ba ang
taong ito dahil sa pagkakasala ng kan-
yang ama? Hindi! Kundi mabubuhay siya.

18 Ang kanyang ama ang mamamatay
dahil sa sariling kasalanan sapagkat siya
ang nangikil at nagnakaw at gumawa ng
masama sa piling ng kanyang bayan.

19 Maitatanong: ‘Bakit hindi panana-
gutan ng anak ang kasalanan ng ama?’
Ngunit ginawa ng anak ang tama at matu-
wid. Talaga ngang mabubuhay siyang su-
musunod sa aking mga kautusan. 20 Ang
nagkasala ang dapat mamatay. Hindi pa-
pananagutin ang anak sa pagkakasala ng
ama, ni ang ama sa pagkakasala ng anak.
Ang pagkamatuwid ng matuwid ay sasa-
kanya, at ang sariling pagkakasala na-
man sa masama.

21 Kung lumayo naman ang masama sa
lahat niyang pagkakasala, sumunod sa
lahat kong kautusan at gumawa ng tama
at matuwid, mabubuhay siya, hindi ma-
mamatay. 22 Hindi na siya sisingilin sa
mga pagkakasalang ginawa niya; ma-
bubuhay siya dahil sa matuwid niyang
mga gawa. 23 Gusto ko bang mamatay
ang makasalanan? – tanong ni Yawe. Ang
pagbabalik-loob niya ang aking gusto
upang siya’y mabuhay.

24 Ngunit kung tumalikod naman ang
matuwid sa kanyang pagkamatuwid at
gumawa ng kasalanan at tularan ang ka-
samaan ng isang makasalanan, siya ba’y
mabubuhay? Wala nang saysay ang ma-
bubuti niyang gawa noong una. Mama-
matay siya dahil sa kanyang kataksilan at
mga pagkakasala.

25 Ngunit masasabi ninyo: ‘Hindi tama
ang paraan ni Yawe.’ Bakit, Israel? Mali ba
ang aking paninindigan? Hindi ba ang sa
iyo ang mali? 26 Kung mamatay ang ma-
tuwid matapos talikuran ang kanyang
pagkamatuwid at magkasala, mamama-
tay siya dahil sa kanyang pagkakasala.
27 At kung talikuran naman ng makasa-
lanan ang kanyang mga kasamaan at
gumawa ng tama at mabuti, maililigtas
niya ang kanyang buhay.

28 Mabubuhay siya at hindi mamama-
tay sapagkat binuksan niya ang kanyang
mga mata at tinalikdan ang lahat niyang
pagkakasala.

29 At sinasabi pa ninyo, bayan ng Israel,
na hindi tama ang paraan ni Yawe. Hindi
ang paninindigan ko ang mali, kundi ang
sa inyo. 30 Kaya nga hahatulan kita, Israel,
bawat isa ayon sa kanyang gawa – salita
ni Yawe. Magbalik-loob kayo, talikdan ang
inyong mga pagkakasala upang di mag-
kamit ng parusa.

31 Layuan ninyo ang lahat ng pagka-
kasalang inyong ginawa at magkaroon ng
bagong puso at bagong espiritu. Huwag
sana kayong mamatay, bayan ng Israel.
32 Hindi ko nga gusto na mamatay ang
sinuman, sabi ni Yawe. Magbalik-loob at
mabuhay!

**Mga huling hari ng Juda**

**19** [1]Para naman sa iyo, anak ng tao, awitin
mo ang punebreng ito tungkol sa mga
prinsipe ng Israel. [2]Sabihin mo:
• "Isang di-karaniwang inahing leon sa piling ng mga leon ang iyong ina, nakadapa kasama ng mga batang leon, mga anak na pinasususo.
[3]Pinalaki niya ang isa sa mga ito na maging malakas na leon, natutong lumuray, at manlapa ng tao.
[4]Ngunit nabalitaan ito ng mga bansa, at
hinuli siya sa kanilang hukay; at dinalang naka-
tanikala sa Ehipto. [5]Dahil nabigo ang inahin sa
unang pangarap, kumuha siya ng isa pang
anak, at ito'y pinalaki. [6]Naglakad ito sa piling ng
mga leon; leon na rin siya na nanluluray at nanlalapa ng tao.
[7]Winasak niya ang mga kuta at bayan; nata-
kot ang lupain sa kanyang pag-ungol. [8]Ngunit
sinalakay siya ng mga bansa mula sa lahat ng dako. Inilatag nila ang lambat at siya'y hinuli sa
kanilang hukay. [9]Nilagyan ng kawit at ikinu-
long, at dinala sa hari ng Babilonia. At hindi na narinig pa ang kanyang pag-ungol sa kabundukan ng Israel.
[10]Tulad ng punong-ubas sa isang ubasang malapit sa tubig ang iyong ina: mabunga, mayabong, sagana sa dilig.
[11]Nagsanga iyon, mati-
bay at matatag, setro ng hari ang katulad.
Tumaas pa ito sa mayabong na dahon, namumukod sa taas at maraming sanga.
[12]Subalit sa poot ito ay binunot at itinapon sa lupa; tinuyo at hinubaran ng bunga ng hanging-silangan.
[13]Nakatanim ito ngayon sa disyerto, tuyo at
tigang na lupa. [14]May apoy na kumalat mula sa
katawan at tinupok ang mga sanga at mga bunga, at wala nang nalabing matibay na sanga para sa setro ng hari."
Malungkot na awit ito bilang panaghoy.

**Buod ng kasaysayan ng Israel**

**20** • [1]Sa ikasampung araw ng ikalimang buwan ng ikapitong taon, may ilang Matatanda ng Jerusalem na dumating para sumangguni kay Yawe at naupo sila sa harap ko.
[2]At dumating sa akin ang salita ni Yawe: [3]"Anak
ng tao, sabihin mo sa Matatanda ng Israel: Ito ang salita ni Yawe:
Dumating kayo para sumangguni sa akin, hindi ba? At saksi ang aking buhay, hindi ko kayo pasasangguniin – salita ni Yawe.
[4]Hatulan mo sila, hatulan mo, anak ng tao.
Ipamukha sa kanila ang mga kasuklam-suklam
na gawa ng kanilang mga ninuno. [5]At sabihin
mo sa kanila: Ito ang sabi ni Yawe: Nang araw na hirangin ko ang Israel, nangako ako at nanumpa sa mga anak ni Jacob. Nagpakilala ako sa kanila sa lupain ng Ehipto na ako si Yaweng
kanilang Diyos. [6]Sumumpa ako sa araw na iyon
na iaalis ko sila sa Ehipto at dadalhin sa isang lupaing siniyasat ko para sa kanila, isang lupaing dinadaluyan ng gatas at pulot-pukyutan, pinakamaganda sa lahat ng lupain.
[7]Sinabi ko: Talikdan ng bawat isa ang mga diyus-diyusang kanilang tinitingala; huwag salaulain ang sarili sa mga diyus-diyusan ng Ehipto sapagkat akong si Yawe ang Diyos ninyo.
[8]Ngunit sinuway nila ako at di pinakinggan. Walang sinuman sa kanila ang nagtakwil sa karumal-dumal na mga diyus-diyusan ng Ehipto na kanilang tinitingala. Binalak kong ibuhos sa kanila ang aking poot nang nasa
Ehipto pa sila. [9]Ngunit hindi ko ginawa alang-
alang sa aking Pangalan at baka mapulaan ito ng mga bansang pinamayanan nila. Nakita nga ng mga ito na nagpakilala ako sa mga Israelita at siyang naglabas sa kanila mula sa Ehipto.
[10]Kaya inilabas ko sila mula sa Ehipto at
dinala sa disyerto. [11]Ibinigay ko sa kanila ang

---

• **19.**3. Sa paghahambing na ito, ang bansang Judio ang inahing leon. Ang mga anak naman ng inahing leon ang mga hari: sina Yoakas, Yoakin at Sedekias.

• **20.**1 Isa pang paglalahad ng mga pagkakasala ng Israel sa buong kasaysayan nito. Ang mga gawaing di-banal ang lagi nang tinutukoy rito ni Ezekiel. Bilang bayan ng Diyos na Banal, hindi makapamumuhay ang Israel gaya ng iba pang mga bansang di-banal, na ibig sabihi'y hindi sa Diyos. Ang lupain ng Israel, ang mga batas nito, ang mga piyesta – lahat ay banal kayat hindi ito magagamit ng mga tao ayon sa sarili nilang gusto.

Sa 20:22, tinitiyak ni Yawe na *hindi malalapastangan ang kanyang Pangalan*. Kung parurusahan niya at pahihintulutang mawasak ang Israel, ayon sa mentalidad ng panahong iyon ay hahamakin naman ng ibang mga bansa ang Diyos na hindi nakapagligtas sa kanyang bayan. Kaya "malalapastangan" ang kanyang pangalan. Ngunit kapag tinipon ni Yawe ang kanyang bayan (20:41), malalaman ng lahat ng bansa ang kanyang kapangyarihan kayat "pababanalin" nila ang kanyang pangalan.

*At nagtadhana naman ako sa kanila ng mga tuntuning di-mabuti* (25). Ipinapaliwanag ni Ezekiel sa sarili niyang paraan ang lumipas na kasaysayan at binibigyang-diin ang maka-pagdadala ng kahihiyan sa kanyang bayan, gaya ng binanggit natin sa 20:25. Kung minsa'y ginagamit ng mga Israelita ang Batas ng Levitico (18:21) tungkol sa paghahandog ng mga panganay sa Diyos bilang pangangatwiran sa pagsasakripisyo ng mga bata ayon sa kaugaliang pagano.

aking mga kautusan at ipinahayag ang aking mga batas na ikinabubuhay ng sumusunod sa mga ito. 12 Ibinigay ko rin ang aking mga Araw ng Pahinga upang maging tanda sa pagitan namin at makilala nilang ako, si Yawe, ang nagpapabanal sa kanila.

13 Ngunit nagrebelde sa akin sa disyerto ang aking bayan. Hindi nila sinunod ang aking mga kautusan, binale-wala ang aking mga batas na naghahatid ng buhay sa sumusunod dito, labis na nilapastangan ang aking mga Araw ng Pahinga, kaya nga sa galit ko'y binalak na lipulin sila sa disyerto.

14 Ngunit muli akong nagtimpi alang-alang sa aking Pangalan at baka mapulaan ito ng mga bansang nakasaksi sa pagpapalaya ko sa aking bayan. 15 Ngunit isinumpa ko sa kanila sa disyerto na hindi ko sila dadalhin sa lupaing ibinigay ko na sa kanila – pinakamagandang lupaing dinadaluyan ng gatas at pulot-pukyutan – 16 pagkat sinuway nila ang aking mga kautusan, tinanggihan ang aking mga batas, sinalaula ang aking mga Araw ng Pahinga, at inihilig ang kanilang puso sa mga diyus-diyusan.

17 Ngunit naawa ako at hindi sila nilipol; hindi ko sila pinawi sa disyerto. 18 Sinabi ko sa kanilang mga anak sa ilang: Huwag ninyong sundin ang mga kautusan ng inyong mga magulang. Huwag ninyong panatilihin ang kanilang mga tuntunin at salaulain ang sarili sa kanilang mga diyus-diyusan. 19 Akong si Yawe ang inyong Diyos. Sundin ninyo ang aking kautusan, ingatan at isabuhay ang aking mga batas. 20 Panatilihing banal ang aking mga Araw ng Pahinga bilang tanda sa pagitan natin upang makilala ninyo na ako si Yaweng inyong Diyos.

21 Ngunit naging suwail din sa akin ang kanilang mga anak. Hindi nila sinunod ang aking kautusan ni iningatan ang aking mga batas na ikinabubuhay ng taong tumutupad sa mga iyon. Nilapastangan nila ang aking mga Araw ng Pahinga kayat binalak kong ibuhos ang aking galit sa kanila nang nasa disyerto sila.

22 Ngunit muli akong nagtimpi upang huwag hamakin ang Pangalan ko ng mga bansang nakasaksi sa pagpapalaya ko sa aking bayan. 23 Subalit sumumpa ako sa kanila sa disyerto na pangangalatin ko sila sa mga bansa at ikakalat sa mga lupain 24 dahil hindi nila sinunod ang aking mga batas, at sa halip ay binale-wala ang aking mga kautusan, nilapastangan ang aking mga Araw ng Pahinga at inihilig ang kanilang puso sa maruming mga diyus-diyusan ng kanilang mga magulang. 25 At nagtadhana naman ako sa kanila ng mga tuntuning di-mabuti at mga batas na di nila katatagpuan ng buhay. 26 Hinayaan ko silang magpakasalaula sa kanilang mga paghahandog – ang pagsusunog sa kanilang mga panganay – upang mapahiya sila at makilala nila na ako si Yawe.

27 Kaya nga, anak ng tao, ipahatid mo sa sambayanan ng Israel sa pagsasabing: Sabi ni Yawe: Nagkasala pa sa akin ang inyong mga magulang sa pagtataksil nila sa akin. 28 Inakay ko sila tungo sa lupaing aking ipinangako, ngunit tuwing makakakita sila ng mataas na burol o madahong punungkahoy, naghahandog sila, nag-aalay ng mga nakakainis na handog nila at mabangong insenso at nagbubuhos ng mga inuming handog. 29 Itinanong ko sa kanila: 'Ano ang mataas na lugar na pinapasukan ninyo?' Kaya tinawag nila iyong *Mataas na Lugar.*

30 Kaya sabihin mo sa Israel: Sabi ni Yawe: Sinasalaula pala ninyo ang inyong sarili sa kaugalian ng inyong mga magulang, at nakikipagtalik sa marumi nilang diyus-diyusan. 31 Sinasalaula ninyo ang sarili sa pag-aalay sa maruming mga diyus-diyusan at sa pagsusunog pa ng inyong mga anak na inihahandog hanggang ngayon, at dapat ko pa ba kayong pasangguniin sa akin, bayan ng Israel? Saksi ang buhay ko, hindi ko kayo sasagutin. 32 Gusto ninyong tularan ang ibang mga bansa na sumasamba sa kahoy at bato, ngunit hindi mangyayari ang inyong iniisip.

33 Saksi ang aking buhay, sabi ni Yawe, pamamahalaan ko kayo ng kamay na bakal, nang may nakaunat na bisig at ibinuhos na poot. 34 At saka ko kayo titipunin mula sa mga bansang pinagtapunan ko sa inyo nang may malakas na kamay at nakaunat na bisig at ibinuhos na poot. 35 Dadalhin ko kayo sa disyerto ng Siria, at doon kayo hahatulan nang harapan, 36 tulad ng paghatol ko sa inyong mga magulang sa disyerto ng Ehipto.

37 Ipadarama ko sa inyo ang aking hagupit, at pagbubukud-bukurin kayo. 38 Ihihiwalay ko ang mga rebelde; at kahit na kasama ninyo silang umalis sa kinatapunang lupain, hindi sila makapapasok sa lupang Israel, at makikilala ninyo na ako si Yawe.

39 Bayan ng Israel, ito ang sinasabi ni Yawe: Sige, maglingkod kayo sa inyong mga diyus-

---

Ipinapaliwanag ni Ezekiel na talaga ngang hiningi ng batas ang gayong mga pag-aalay at hinayaan naman ito ni Yawe (ginamit niya ang isang karaniwang pananalitang Hebreo na ang ibig sabihi'y "ibinigay") para parusahan ang kanyang bayan sa pagpapahintulot na maipon ang mga krimeng ito na ikinalulugod nila.

diyusan, ngunit pagkatapos ay tiyak na hindi
kayo tatangging makinig sa akin. Hindi na ninyo
lalapastanganin ang banal kong Pangalan sa
mga handog at kasuklam-suklam na mga
diyus-diyusan ninyo.

40 Sapagkat sa aking banal na bundok, sa
mataas na bundok ng Israel, paglilingkuran ako
ng buong Israel – ng lahat sa lupain. 41 Doon ko
kayo tatanggapin bilang isang mabangong
insenso kapag nailabas ko na kayo mula sa mga
bansa at tinipon mula sa kinatapunang mga
lupain, at sa piling ninyo'y ipakikita ko sa mga
bansa ang aking kabanalan. 42 Makikilala ninyo
na ako si Yawe kapag inakay ko kayo papunta
sa lupain ng Israel, sa lupaing ipinangako kong
ibibigay ko nang manumpa ako sa inyong mga
magulang.

43 At doon ninyo maaalaala ang inyong pa-
mumuhay at lahat ng kasuklam-suklam nin-
yong gawa sa pagsalaula sa inyong sarili. At
kamumuhian ninyo ang inyong sarili. 44 Maki-
kilala ninyo na ako si Yawe kapag pinakitu-
nguhan ko kayo alang-alang sa aking Pangalan
at hindi ayon sa inyong kabuktutan at masa-
samang gawa – salita ni Yawe."

45 Dumating sa akin ang salita ni Yawe:
46 "Anak ng tao, tumanaw ka sa timog. Pag-
sabihan mo ang timog at magpropesiya laban sa
*Gubat ng Timog*. 47 Sabihin mo sa gubat: 'O
gubat, dinggin ang salita ni Yawe. Nagsisindi
ako ng apoy na susunog sa lahat ng punungka-
hoy, berde man at tuyo. Hindi mapapatay ang
apoy na iyon na lalapnos sa lahat ng mukha
mula timog hanggang hilaga.' 48 Makikita ng
lahat na akong si Yawe ang nagsindi ng apoy na
di-mapapatay."

49 Sinabi ko naman: "O Yawe, sabi nila: Mga
talinhaga lamang ang salita ng taong iyan!"

**Binunot ko ang tabak**

**21** 1 Dumating sa akin ang salita ni Yawe:
2 "Anak ng tao, tumanaw ka sa Jerusa-
lem. Pagsabihan mo ang santuwaryo at mag-
propesiya laban sa lupain ng Israel. 3 Sabihin mo
sa lupaing Israel: Dumarating ako laban sa iyo.
Magbubunot ako ng tabak para tagain ang ma-
bubuti at masasamang nasa iyo. 4 Para sa lahat
ng tao ang aking tabak mula timog hanggang
hilaga. 5 At malalaman ng lahat na akong si
Yawe ay nagbunot ng tabak, at hindi na ito
isusuksok pa.

6 At ikaw, anak ng tao, managhoy ka sa harap
nila, managhoy nang may pusong wasak, du-
maing nang may pait.

7 Kapag tinanong ka nila kung bakit ka na-
nanaghoy, sabihin mong: Dahil sa balitang da-
rating na ikasisindak ng lahat. Mawawasak ang
mga puso, manlulupaypay ang mga kamay,
manghihina ang kalooban at mangangatog ang
tuhod gaya ng tubig. Dumarating na ang pana-
hon – naganap na – salita ni Yawe."

8 Dumating sa akin ang salita ni Yawe:
9 "Anak ng tao, magpropesiya ka: Pinakintab na
at pinatalas ang tabak. 10 Inihasa ang tabak para
sa patayan. 11 Pinatalim niya at pinakintab ang
tabak; pinatalim ito para ibigay sa berdugo.

12 Sumigaw at manangis, anak ng tao, sa-
pagkat para sa aking bayan at mga prinsipe ng
Israel ang tabak na ito. Ibinigay sila sa tabak,
kasama ng aking bayan; dagukan mo ang iyong
dibdib," sabi ni Yawe.

13 Salita ni Yawe: 14 "At ikaw, anak ng tao,
magpropesiya ka at pumalakpak! Paulit-ulit na
itataga ang tabak at papatay sa patayan; na-
paliligiran sila ng tabak at nasasaktan. 15 Manlu-
lupaypay ang mga puso, mabubuwal ang mga
tao, sapagkat naglagay ako ng pamatay na
tabak sa bawat pintuan. Pinatalim iyon at pi-
nakintab. 16 Tabak, tumaga ka sa kanan, sa
kaliwa, kahit saan. 17 Papalakpak naman ako at
maglulubag ang aking poot. Akong si Yawe ang
nagsalita."

18 Dumating sa akin ang salitang ito ni Yawe:
19 "Anak ng tao, lagyan mo ng tanda ang dala-
wang landas na magagamit ng tabak ng hari ng
Babilonia. Naghihiwalay ang dalawa mula sa
iisang sangandaan. 20 Lagyan mo ng tanda ang
bungad ng bawat daan: itinuturo ang maaaring
puntahan ng tabak – ang lunsod ng Raba ng mga
Amonita, o ang napapaderang lunsod ng Jeru-
salem sa Juda. 21 Nakatayo ang hari ng Babi-
lonia sa pinaghiwalayan ng dalawang landas at
sumasangguni. Nagpapalabunutan siya; ina-
alog ang mga palaso at sinusuri ang atay ng mga
hayop na inialay. 22 Jerusalem ang mabubunot
ng kanyang kanan. At ihihiyaw niya ang sigaw
ng digmaan, at ipalalagay ang mga trosong
pambayo sa mga pintuan; itatayo niya ang
rampa at mga pangubkob.

23 Hindi makapaniwala ang mga sumumpa
ng pagkampi sa kanya sa Jerusalem. Ngunit
aalalahanin niya ang kanilang paglabag at ipa-
bibihag sila. 24 Kaya sinasabi ni Yawe: Ipina-
alaala ng masasama ninyong gawa ang inyong
paglabag at ipinakita ang pagkakasala sa lahat
ninyong mga gawa. Kaya dadalhin kayong
bihag. 25 Tungkol naman sa iyo, walang dangal
na kriminal, prinsipe ng Israel, sumapit na ang
oras mo, tatapusin na ang iyong kasamaan.

26 Sinasabi ni Yawe: Huhubaran ng turban,
aalisan ng korona at mababago ang lahat: ita-
taas ang aba, ibababa ang mataas. 27 Wa-

wasakin ko ang lunsod, at mananatili itong
wasak hanggang dumating ang may kara-
patang maghari na siya kong susuguin.
28 At ikaw, anak ng tao, magpropesiya ka.
Sabihin mo ang salitang ito ni Yawe tungkol sa
mga taga-Amon at sa kanilang mga pagtuligsa:
Binunot na ang tabak para sa patayan, makin-
tab at makinang para sa pagpuksa. 29 Mag-ingat
ka sa mga huwad na pangitain at bulaang hula
kapag nakapatong na ang iyong tabak sa leeg
ng masasama; sumapit na ang oras nila at tapos
na ang kanilang kasamaan. 30 Mga taga-Amon,
isukbit na muli ang tabak. Sa sarili ninyong
lugar, sa lupang inyong sinilangan ko kayo
hahatulan. 31 Ibubuhos ko ang aking galit sa
inyo, ibubuga sa inyo ang nag-aapoy kong poot
at ibibigay kayo sa malulupit na taong sanay
sa pagwasak. 32 Igagatong kayo sa apoy, didi-
ligin ng inyong dugo ang lupa at hindi na kayo
maaalaala pa, sapagkat akong si Yawe ang
nagsalita."

**Mga kasalanan ng Jerusalem**

22 • 1 Dumating sa akin ang salita
ni Yawe: 2 "Anak ng tao, hahatu-
lan mo ba sila? Hahatulan mo ba ang
madugong lunsod? Ipamukha mo sa
kanya ang lahat ng kasuklam-suklam
niyang gawa. 3 Sabihin mo na ito ang
salita ni Yawe:

Madugong lunsod, dumating na ang
oras mo, ikaw na gumawa ng sarili mong
mga diyus-diyusan para dungisan ang
iyong sarili. 4 Pananagutan mo ang du-
gong ibinuhos at ang maruming mga
diyus-diyusang ginawa mo, karumal-
dumal ka at nalalapit na ang huli mong
araw, ang iyong katapusan.

Kaya ipalilibak kita sa mga bansa at
pagtatawanan ng lahat ng bayan. 5 Lili-
bakin ka nila, maging malayo man o
malapit, dahil sa marumi mong pangalan
at puno ng gulo. 6 Iisa ang layunin ng mga
pinuno ng Israel – ang pumatay ang bawat
isa ayon sa sariling kakayahan! 7 Sa iyo
hinahamak ang mga ama at ina, inaapi
ang mga dayuhan, minamaltrato ang mga
ulila at mga biyuda. 8 Hinamak mo ang
aking mga banal na bagay at sinalaula
ang aking mga Araw ng Pahinga.

9 Nasa iyo ang mga nagsisiraan ng puri
para magpatayan, nagsisikain sa mga
santuwaryo sa burol at nagsisigawa ng
mga kalaswaan. 10 Nasa iyo ang nakiki-
apid sa asawa ng ama, ang dumadahas
sa babaeng may regla. 11 May nakikiapid
sa asawa ng kanyang kapwa, may huma-
halay sa kanyang manugang na babae, at
gumahasa sa kanyang kapatid na anak
ng kanyang ama. 12 May nagpapaupa
para pumatay. May usurero at may nani-
ningil ng labis na patubo. Ninanakawan
mo't pinagsasamantalahan ang iyong
kapwa, at kinalimutan mo na ako. Akong
si Yawe ang nagsalita.

13 Papalakpakan ko ang lahat mong
pandaraya at pagpatay. Makatatagal ka

---

• **22.**1 Sa kabanatang ito, ang mga taga-Jerusalem ang kinakausap ni Ezekiel mula sa kanyang kinatatapunan.

*Sa iyo... sa iyo... sa iyo...* Sa Jerusalem nagaganap ang lahat ng uri ng pagkakasala. *Ang iyong mga prinsipe, mga pari, mga pinuno, mga nasa lupain* – kasangkot silang lahat sa kasamaan.

*Naging latak na lamang para sa akin ang Israel.* Ang mga pagsubok na tinitiis natin ay parang tunawang ginagamit sa pagdalisay ng ginto at iba pang metal (1 P 1:7). Ngunit sa kaso ng Jerusalem, may iba pang mga katuturan ang paghahambing sa tunawan: ang paglusob sa lunsod ay nagbibigay-daan sa pagkawasak ng isang bayang hindi tumupad sa misyon nito. Ang ayaw padalisay ay sinusunog (Mt 3:10).

*Ang dugong iyong pinadanak* (9 at 13). Binabahiran ang lupa ng dugong pinadanak ng mamamatay-tao hangga't hindi nabububo ang dugo ng maysala (Dt 19:12). Bagamat marahas ang mga Judio, mataas ang pagpapahalaga nila sa katarungan at sa sagradong katangian ng buhay. Ngayon, meron nang mga paraan ng pagpatay sa tahimik na paraan at nang hindi nadudungisan ang kamay ng mga buong bansa: darating ang araw na sisigaw ang dugo na ipaghiganti sila laban sa mayayaman na ang tingin sa kanilang sarili ay mga walang-sala.

*Naghanap ako ng isang lalaki sa kanila na magtatayo ng pader sa aming pagitan.* Bigyang-pansin ang bersikulo 30 na nagpapaalaala sa 13:9. Hindi parepareho ang pagkaunawa ng lahat sa misteryo ng Diyos, at hindi sila tinatawag sa pare-parehong mga responsabilidad. Kailangan ang mga tagapamagitang may pakikipagkaisa sa kapwa, may malasakit at pananagutan para sa kanyang kapwa sa harap ng Diyos. Kaya lumilitaw ang kahalagahan ng panalangin. Isa-isang nadiskubre ng mga propeta na ito ang kanilang papel.

Ang ganitong pagkaunawa sa pagliligtas ng Diyos ang naghatid sa maraming "malibing" sa pag-iisa, pagpapaubaya ng sarili sa pag-ibig ng Diyos sa pananalangin at paghihirap.

ba, magiging matatag ba ang iyong
mga kamay sa oras na parusahan kita?
14 Akong si Yawe ang nagsalita, at gaga-
win ko ito. 15 Pangangalatin kita sa mga
bansa at ikakalat sa ibang mga lupain at
aalisan ng iyong kasamaan. 16 Makikita
kang nilapastangan ng mga bansa, at
makikilala mo na ako si Yawe."

17 Dumating sa akin ang salita ni Yawe:

18 "Naging latak na lamang para sa akin
ang Israel. Parang pilak, tanso, lata, bakal
at tingga ang ilan pero latak na lamang
ang natira sa tunawan ng metal." 19 Sinabi
ni Yaweng Panginoon: "Ganyan ko kayo
titipunin sa Jerusalem. 20 Gaya ng pilak,
tanso, bakal, tingga at latang nasa pugon
upang tunawin sa apoy, titipunin ko kayo
sa galit ko, ilalagay sa pugon at tutuna-
win. 21 Titipunin ko kayo sa Jerusalem,
papaglalagablabin ang apoy ng aking
poot at tutunawin kayo roon. 22 Tulad ng
pagtunaw ng pilak sa pugon, gayon ko
kayo tutunawin, at makikilala ninyong
akong si Yawe ang nagbuhos ng nag-a-
apoy kong poot sa inyo."

23 Dumating sa akin ang salita ni Yawe:
24 "Anak ng tao, sabihin mo sa Jerusalem:
Isa kang lupaing walang ulan o ambon sa
araw ng poot, 25 isang lupain ng mga prin-
sipeng parang leon kung umungol sa pag-
lapa. Niluray nila ang mga tao, sinamsam
ang mga kayamanan at mahahalagang
bagay, at pinarami ang mga biyuda.

26 Sinuway ng mga pari ang mga batas
at sinalaula ang aking mga banal na
bagay. Hindi nila pinagbubukod ang banal
at ang hindi; hindi itinuturo ang pagka-
kaiba ng malinis at ng di-malinis. Hindi
nila binigyang-pansin ang aking Araw ng
Pahinga at nilapastangan ako.

27 Parang mga asong-gubat na nanlu-
luray at nagpapadanak ng dugo ang mga
pinuno ng lunsod, pumapatay para la-
mang magkapera. 28 Pinapahiran naman
ng apog ang mga ito ng mga propeta;
pandaraya lamang ang kanilang pagbu-
bunyag at kasinungalingan ang pang-
huhula. Sinasabi nila 'Nagsalita si Yawe'
gayong hindi naman si Yawe ang nag-
salita.

29 Gumagawa ng karahasan at pag-
nanakaw ang mga panginoong may lupa,
nang-aapi ng dukha at nangangailangan,
minamaltrato ang mga dayuhan at nag-
kakait ng katarungan. 30 Naghanap ako
ng isang lalaki sa kanila na magtatayo ng
pader at titindig sa guwang para ipag-
tanggol ang lunsod at nang hindi ko ito
wasakin, pero wala akong nakita. 31 Kaya
ibinuhos ko ang aking poot sa kanila;
pinuksa sila sa lagablab ng aking galit at
ibinagsak sa kanilang ulo ang lahat nilang
ginawa – akong si Yawe ang nagsalita."

**Sina Ohola at Oholiba**

**23** 1 Dumating sa akin ang salita ni Yawe:
2 "Anak ng tao, may magkapatid na ba-
bae sa iisang ina. 3 Mula pa sa kabataa'y naging
babaeng bayaran na sila sa Ehipto. Doon pinag-
laruan at hinimas ang kanilang dibdib. 4 Tinata-
wag na Ohola ang panganay, at Oholiba ang
bunso. Kapwa sila akin, at binigyan nila ako ng
mga anak na lalaki at babae. Si Ohola ang
Samaria, at si Oholiba ang Jerusalem.

• 5 Nasa akin pa si Ohola nang magpabayad
siya sa lalaki. Nahumaling siya sa kanyang mga
kalaguyong taga-Asiria, mga mandirigmang
6 nakadamit nang magara, mga gobernador,

---

• **23.5** Tulad sa kabanata 16, tinuturuan ni Ezekiel ang kanyang mga kababayang walang pakialam sa pag-ibig ni Yawe. Sinisimulan niya ito sa kanilang alam: selosong pag-ibig at pagpapabayad sa lalaki.

Tatlong anyo ng pagsamba sa diyus-diyusan ang binabanggit ni Ezekiel: ang sa mga *Ehipsiyo*, ang sa mga *Asirio*, at ang sa mga *Babilonio*. Tingnan ang paliwanag sa Isaias 30:22.

Hindi lamang ang pagtalikod ng mga tao sa Diyos ng katarungan ang nakasasakit sa kanya – na alam ang lahat ng dumarating sa atin – para manalig sa mga bato, mga larawan at horoskop, kundi ang buong bansa man ay nagkakasala rin. Gusto ng Diyos na linangin sa loob ng kanyang bayan ang isang bagong pananampalataya, pamumuhay at kulturang maka-pagliligtas sa sangkatauhan. Ngunit sa halip ay nasi-siyahan na sila sa pag-importa sa mga banyagang kulturang wala namang kinalaman sa kanila, kasama ng kanilang mga komersiyal, malalaswang sayaw at mga *video tape*.

mga punong-kawal, mga guwapong kabataang
lalaki, mga mangangabayo. 7 Nagpabayad siya
sa mga piling lalaki ng Asiria at nilapastangan
ang sarili sa marumi nilang mga diyus-diyusan
habang pinagnanasahan niya sila. 8 Hindi niya
itinanggi ang pagpapabayad niya sa mga Ehip-
siyo sa mga kabataang humimas sa kanyang
dibdib at sumiping sa kanya. 9 Kaya ibinigay ko
siya sa kanyang mga kalaguyong taga-Asiria na
kinahuhumalingan niya. 10 Hinubaran nila siya,
inagaw ang kanyang mga anak, at pinatay siya.
At naging usap-usapan siya ng mga babae dahil
sa parusang dumating sa kanya.

11 Nasaksihan ito ng kanyang kapatid na si
Oholiba, pero lalo pa siyang nahilig sa maru-
ming pagnanasa at pagpapabayad sa lalaki,
mas masahol pa sa kanyang kapatid. 12 Nahu-
maling din siya sa mga taga-Asiria, mga gober-
nador, punong-kawal, mandirigma, mangangа-
bayo, sa lahat ng guwapong kabataang lalaki.
13 At nakita ko kung paano niya dinungisan ang
sarili; pareho lamang sila ng ginawa.

14 Ngunit mas masahol pa ang kanyang pag-
papabayad sa lalaki. May nakita siyang larawan
ng mga Kaldeo na nakapinta ng pula sa pader,
15 may mga sinturon at turban tulad ng mga
pinuno ng mga karwahe ng Babilonia. 16 At
pinagnasahan na niya sila kaagad pagkakita pa
lamang niya sa kanila, at nagpadala ng mga
sugo sa Kaldea. 17 Dumating ang mga lalaki ni
Babel at pinagpasasaan nila siya sa kama ng
pag-ibig. Nilapastangan nila siya sa kanilang
mga pagbibili ng sarili at pagkalapastangan nila
sa kanya, inayawan na niya sila.

18 Ngunit dahil sa labis niyang pagpapabayad
sa lalaki at kahalayan, kinainisan ko rin siya at
iniwan gaya ng kanyang kapatid. 19 Lalo pa
siyang nagpakagumon sa pagpapabayad sa
lalaki, tulad noong kanyang kabataan nang
magpabayad siya sa lalaki sa Ehipto. 20 Kina-
humalingan niya ang kanyang mga kalaguyong
parang sa asno ang katawan at parang sa ka-
bayo ang ari. 21 Bumalik siya sa kalaswaan ng
kanyang kabataan sa mga Ehipsiyo.

22 Kaya ito ang sinasabi ni Yawe, Oholiba:
"Ipasasalakay kita sa iyong mga kalaguyo na
tinalikuran mo't kinainisan. Ipakukubkob kita sa
kanila mula sa lahat ng panig – 23 Babilonia at
Kaldea, Pekod, Shoa at Koa – kasama ang mga
taga-Asiria, mga guwapong kabataang lalaki,
mga gobernador, punong-kawal, pinuno ng
mga karwahe, mga lalaking matataas ang
ranggo, nakakabayo silang lahat.

24 Darating sila sa iyo, sakay ng mga karwahe
at sasakyan – makapal na taong lulusob mula sa
lahat ng panig, nakahelmet at may mga kala-
sag. Ihaharap ko sa kanila ang iyong usapin at
hahatulan ka nila ayon sa kanilang mga batas.

25 Ibubuhos ko sa iyo ang aking pagseselos,
at buong bagsik ka nilang haharapin. Puputulin
nila ang ilong mo at mga tainga, at mabubuwal
sa tabak ang matitira sa iyo. Tatangayin nila ang
iyong mga anak at matutupok sa apoy ang iba
pang nalabi sa iyo. 26 Huhubaran ka nila at
aagawan ng mga alahas. 27 Wawakasan ko ang
iyong kalaswaan at pagpapabayad sa lalaki
mula pa sa Ehipto. Hindi mo na lilingunin pa ang
mga iyon ni aalalahanin pa ang Ehipto.

28 Ito ang sabi ni Yawe: Ipauubaya kita sa mga
kinamumuhian mo at mga tinalikuran mo sa
inis. 29 Ipadarama nila sa iyo ang kanilang
pagkamuhi. Sasamsamin nila ang lahat mong
pinagpaguran at iiwan kang hubo't hubad at
ilalantad ang pagiging babaeng bayaran mo.
30 Hatid ito ng kalaswaan mo't kahalayan dahil
nahumaling ka sa mga bansa at dinungisan ang
sarili sa kanilang mga diyus-diyusan.

31 Dahil tumulad ka sa iyong kapatid, ilalagay
ko sa kamay mo ang kanyang kopa. 32 Ito ang
sabi ni Yawe: Iinom ka sa malalim at maluwang
na kopa ng kapatid mo. Aalipustain ka at
tutuyain – maraming laman ang kopa! 33 Ma-
pupuno ka ng kalasingan at kalungkutan: kopa
ito ng pangungulila at pangingilabot, ang kopa
ng Samaria na iyong kapatid!

34 Iinom ka at lulunukin pati bubog, at ma-
hihiwa ang iyong dibdib. Akong si Yawe ang
nagsalita.

35 Kaya sinasabi ni Yawe: Dahil nilimot mo
ako at tinalikuran, pagbabayaran mo rin ang
iyong kahalayan at pagpapabayad sa lalaki."

36 At sinabi sa akin ni Yawe: "Anak ng tao,
hahatulan mo ba sina Ohola at Oholiba? Ipa-
mukha mo sa kanila ang kasuklam-suklam
nilang mga gawa. 37 Nakiapid nga sila at tigmak
ng dugo ang kanilang mga kamay. Nakiapid sila
sa marumi nilang mga diyus-diyusang pinakain
pa nila ng kanilang sinunog na mga anak – ang
aking mga anak. 38 Nang panahong iyo'y sina-
laula nila ang aking santuwaryo at nilapastan-
gan ang aking mga Araw ng Pahinga. 39 Pag-
kapag-alay nila sa kanilang mga anak sa mga

– *Nasa kanya ang aking tolda* ang ibig sabihin ng *Oholiba:* ito ang kaharian sa timog, kasama ang Jerusalem, na pinagtayuan ni Yawe ng kanyang tahanan at pinagkalooban ng kanyang mga pangako.

– Sarili niyang tolda naman ang ibig sabihin ng *Ohola:* ito ang hilaga na humiwalay kasama ni Yeroboam para magtayo ng sariling kaharian.

diyus-diyusan, pumasok din sila sa aking santuwaryo at nilapastangan ito. Ito ang ginawa nila sa aking bahay.

[40] Nagpatawag pa sila ng mga lalaking galing
sa malayo. Naligo ka, nagpinta ng mata, at
nagsuot ng mga alahas para sa kanila. [41] At saka
ka umunat sa isang magandang higaan sa harap ng mesang pinahainan mo ng aking insenso at langis.

[42] Narinig ang kaingayan ng maraming taong
nagwawala, bukod pa sa maraming lalaking galing sa disyerto. Sinuutan nila ng mga pulseras ang babae at pinutungan ng korona ang
kanilang mga ulo. [43] At sinabi ko tungkol sa
kanya na pinagsawaan na ng pakikiapid: Hala, magpabayad ka sa lalaki, sige't may lumalapit
sa kanya! [44] Tulad ng paglapit sa isang babaeng
bayaran, gayon ang paglapit kina Ohola at Oholiba, mga babaeng malaswa! [45] Ngunit ha-
hatulan sila ng mga taong matuwid bilang mga babaeng nakiapid at pumatay, dahil nakiapid nga sila at tigmak ng dugo ang mga kamay."

[46] Sinasabi ni Yawe: "Tumawag ng malaking
pagtitipon laban sa kanila para sindakin sila at
samsaman. [47] Babatuhin sila ng pagtitipon at
tatadtarin ng tabak. Papatayin ang kanilang mga anak at susunugin ang kanilang mga bahay.

[48] Puputulin ko na ang kahalayan sa lupaing
ito. Bibigyang-babala ang lahat ng babae at hindi nila gagayahin ang inyong kahalayan.
[49] Babagsak sa inyo ang inyong kahalayan at
papasanin ang parusa ng pagsamba ninyo sa mga diyus-diyusan, kaya makikilala ninyong ako si Yawe."

**24** [1] Sa ikasampung araw ng ikasampung buwan ng ikasiyam na
taon dumating sa akin ang isang salita ni
Yawe: [2] "Itala mo ang petsang ito, ang
araw na ito, sapagkat nilusob ngayon ng hari ng Babilonia ang Jerusalem. [3] Turuan
mo ang rebeldeng bayang ito sa pamamagitan ng isang talinhaga, at sabihin sa kanila:

[4] Ito ang iniutos sa akin ni Yawe: Magsalang ka ng kaldero, at lagyan ng tubig. Ilagay mo rito ang lahat ng piling hiwa ng karne, ang hita at balikat, at punuin ng
pinakamaiinam na buto. [5] Kunin mo ang
pinakamataba sa kawan. Gatungan mo nang pabilog ang kaldero at pakuluan ang mga piraso ng karne hanggang maluto ang mga buto."

[6] Sinabi pa ni Yawe: "Kawawa ang madugong lunsod, kalderong tadtad ng kalawang at di-naaalis ang amag! Alisan iyon ng laman, lahat ng piraso, at walang
ititira. [7] Sapagkat may dugo sa piling niya.
Ibinuhos niya iyon sa mga bato, hindi sa lupa kung saan iyon matatakpan ng ala-
bok. [8] Hindi ko nga tatakpan ang dugong
ibinuhos sa bato, kundi pag-aalabin ko ang aking galit at maghihiganti ako."

[9] Kaya sinasabi ni Yawe: "Kawawa ang
lunsod na makadugo! Magtatalaksan ako
ng maraming panggatong. [10] Kaya gatu-
ngan mo nang marami, sindihan ito, pakuluang mabuti ang karne, lagyan ng rekado at hayaang masunog ang mga buto.
[11] Iwan sa baga ang walang lamang kaldero hanggang magbaga ito para matunaw ang kalawang at masunog ang
amag. [12] Ngunit di-naaalis kahit na sa
apoy ang amag na nakakapit dito.

[13] May kahalayan sa karumihan mo.
Sinikap kong linisin ka sa iyong kahalayan pero hindi ka nalinis; kaya hindi ka na malilinis hanggang sa maganap ang lahat kong poot sa iyo.

[14] Akong si Yawe ang nangusap kaya
mangyayari ito. Hindi ko ito babawiin at hindi ako maaawa. Hahatulan ka ayon sa iyong gawi at mga gawain," sabi ni Yawe.

**Namatay ang asawa ni Ezekiel**

• [15] Dumating sa akin ang salita ni
Yawe: "Anak ng tao, bigla kong kukunin sa iyo ang kasiyahan ng iyong paningin pero huwag kang managhoy o umiyak o lumuha.

[17] Tahimik kang magdalamhati at
huwag ipagluksa ang patay. Magturban ka, magsandalyas, huwag magtakip ng

• **24.**15 Muling ginagamit ng propeta ang sariling sitwasyon para ipahayag ang pagbagsak ng Jerusalem na mawawalan ng kayamanan at mamamayan. Ang personal na pagsubok ng propeta sa kanyang buhay-may-asawa ay maihahambing sa naganap sa iba pang mga propeta at ipinaliwanag sa Jeremias 16:1.

balbas at huwag kanin ang karaniwang
pagkain sa pagluluksa."

18 Nagsalita ako nang umaga sa bayan,
at namatay kinahapunan ang aking asawa.
Kinaumagahan ginawa ko ang iniutos sa
akin. 19 Sinabi sa akin ng mga tao: "Ano ang
ibig sabihin ng ginagawa mo? Ipaliwanag
mo sa amin." 20 Sumagot ako: "Dumating
sa akin ang salita ni Yawe: 21 Sabihin mo sa
Israel na ito ang sinasabi ni Yawe: Lala-
pastanganin ko ang aking santuwaryo na
inyong ipinagmamalaki at kasiyahan ng
inyong mga mata. Mabubuwal sa tabak
ang mga anak na inyong iniwan. 22 Ngunit
gagawin ninyo ang aking ginawa. Hindi
kayo magtatakip ng balbas ni kakain ng
karaniwang pagkain sa pagluluksa. 23 Ma-
nanatili kayong nakaturban at nakasan-
dalyas. Hindi kayo magluluksa o iiyak
kundi mabubulok at sama-samang dada-
ing dahil sa inyong mga kasalanan. 24 Magi-
ging tanda para sa inyo si Ezekiel. Gagawin
ninyo ang kanyang ginawa, at kapag nang-
yari ito, makikilala ninyo na ako si Yawe."

25 Sinabi rin niya sa akin: "Anak ng tao, sa
araw na kunin ko ang kanilang tanggulan, ang
hiyas na kasiyahan ng kanilang mga mata, na
pinananabikan pati na ng kanilang mga anak,
26 isang takas ang darating sa araw na iyon para
ihatid sa iyo ang balita. 27 Sa araw na iyon,
magbubuka ka ng bibig at makikipag-usap sa
kanya at hindi na mapipipi. Magiging tanda ka
para sa kanila at makikilala nila na ako si Yawe."

## *PAHAYAG LABAN SA MGA BANYAGANG BANSA*

**Amon, Moab, Edom, at Pilistea**

**25** • 1 Sumapit sa akin ang salita ni Yawe
nang ganito: 2 "Anak ng tao, harapin mo
ang bayan ni Amon at magpropeta laban sa
kanila. 3 Sabihin mo sa kanila: Pakinggan ninyo
itong salita ni Yawe: Nagtawa kayo nang lapas-
tanganin ang aking santuwaryo, nang wasakin
ang lupain ng Israel at itapon ang sambayanan
ng Juda, 4 Dahil dito ipasasakop ko kayo sa mga
taga-Silangan; magtatayo sila ng kampamento
at maninirahan sa lupain ninyo. Kakanin nila
ang inyong mga bunga at iinom ng inyong gatas.
5 Gagawin kong pastulan ng kamelyo ang Raba,
at kulungan ng tupa ang mga bayan ng Amon,
at makikilala ninyo na ako si Yahwe."
6 Sinabi ni Yawe: "Pumalakpak kayo, pumad-
yak at magsayaw sa tuwa dahil sa Israel; minaliit
ninyo ito nang may-poot. 7 Kaya iuunat ko ang
aking kamay laban sa inyo at ipasasalaula ko
kayo sa mga bansa. Mawawala kayo bilang
bansa; wawasakin ko kayo at makikilala ninyo
na ako si Yawe."
8 Sinabi ni Yawe: "Akala ng Moab na katulad
ng lahat ng iba pang bansa ang Juda. 9 Dahil dito
iiwan kong walang tagapagtanggol ang Moab at
wawasakin sa buong lupain ang mga bayang

---

• **25.**1 "Mga mensahe laban sa mga bansang pagano" ang nasa mga kabanata 25-32. Nakakahawig ang mga ito sa matutunghayan natin sa iba pang mga propeta.

Matapos ihayag ang halos lubusang pagkawasak ng Israel, ipinahahayag naman ng propeta ang ganap na paglipol sa mga kaaway ng Israel pagdating ng oras ng katarungan. Nagsasalita ang propeta bunga ng kailangang-kailangang diwa ng katarungan. Ang mga bansang Amonita, Edomita, at iba pa ay walang karapatang manatili bilang mga bansa dahil wala silang bahagi sa paghahanda ng kaligtasan. Ginamit lamang sila ni Yawe para dalisayin ang kanyang bayan. Kaya kailangan silang maglaho sa kaguluhan ng kasaysayan.

Magkakamali tayo sa kahulugan ng Biblia kung hihilingin natin sa Diyos na parusahan ang mga taong hindi sumasampalataya pati na ang mga umuusig sa Iglesya (tingnan ang 1 P). Hindi rin natin mahahangad ngayon ang pagkawasak ng alinmang mapaniil na bansa dahil gumagawa sa lahat ang grasya ni Kristo. Ang tanging masasabi nati'y maglalaho ang alinmang institusyong nananatiling sarado sa mensahe ng Ebanghelyo: "Bubunutin ang bawat halamang hindi itinanim ng aking Ama" (Mt 15:13).

Inihahayag ni Ezekiel sa pamamagitan ng mga imahen ng nasirang sasakyang-dagat ang pagkawasak ng Tiro. Ihambing sa pagbagsak ng Ninive (Nh 2–3) at ng Babilonia (Jer 51).

Sa Pagbubunyag (18:9), aalalahanin ang mga salitang ito at iuukol sa Imperyong Romano at sa Romang kabisera nito, na sentro ng daigdig sa panahon ng mga apostol. Isa rin itong hatol sa ating sibilisasyon na kung pinupuri man ang mga kahalagahang kultural at espirituwal ay lagi pa ring tagumpay na pang-ekonomiya ang binibigyan ng pangunahing lugar. Nasisira ang mga bansa, napipinsala ng kawalang-hanapbuhay ang mga pamilya at mga tao, samantalang ang ilang malalaking tindahan ay puno ng mga komplikadong bagay na nawalan na ng saysay.

ipinagmamalaki niya: Bet Yeshimot, Baal Meon,
Kiriathaim. 10 Ipasasakop ko sa mga taga-Sila-
ngan, kasama ng Amon, at hindi na maaalaala
pa sa piling ng mga bansa. 11 Kapag pinarusahan
ko na ang Moab, makikilala nila na ako si Yawe."
12 Sinabi ni Yawe: "Naghiganti ang Edom sa
Juda; nagkasala sila nang maghiganti. Kaya
iuunat ko ang aking kamay laban sa Edom
upang lipulin ang mga tao at hayop doon. Igu-
guho ko iyon mula sa Teman at papatayin ang
mga tao hanggang sa Dedan. 14 Ang Israel ang
papapamahalain ko sa aking paghihiganti laban
sa Edom. Pakikitunguhan nila ang Edom alin-
sunod sa aking poot, at mararanasan ng Edom
ang aking paghihiganti."
15 Sinabi ni Yawe: "Buong kabuktutang nag-
higanti ang mga Pilisteo. Naghiganti nang may
kapalaluan at nagwasak dala ng poot na walang
humpay. 16 Kaya iuunat ko ang aking kamay
laban sa kanila. Lilipulin ko ang mga Kereteo at
wawasakin ang baybay-dagat. 17 Malubha ang
gagawin kong paghihiganti at parurusahan ko
sila sa aking pagkapoot – sa gayo'y makikilala
nila na ako si Yawe."

**Laban sa Tiro**

**26** 1 Nang unang araw ng buwan ng ika-
labing-isang taon, sumapit sa akin ang
salita ni Yawe: 2 "Anak ng tao, nakita mo kung
paano nilibak ng Tiro ang Jerusalem: Aha,
aniya, nawasak ang lupaing pinagdaraanan ng
mga kalakal. Ako naman ang uunlad sa kanyang
pagkaguho. Mapapasaakin ang kanyang tinu-
tubo." 3 Kaya ganito naman ang salita ni Yawe:
Laban ako sa iyo! Ipasasalakay kita sa mara-
ming bansa. Tulad ng mga alon sa dagat, 4 wa-
wasakin nila ang mga pader ng Tiro at iguguho
ang kanyang mga tore. Papalisin ko maging ang
kanyang alabok, at matitira siyang isang hubad
na talampas. 5 Sa gitna ng dagat, siya'y magiging
isang pook na bilaran lamang ng mga lambat.
Ako, si Yawe, ang nagsalita. 6 Aangkinin ng mga
bansa ang Tiro, papatayin sa tabak ang mga nasa
lupa, at makikilala nila na ako si Yawe."
7 Ganito ang sinasabi ni Yawe: "Mula sa hilaga,
ipadadala ko laban sa Tiro si Nabucodonosor,
hari ng Babilonia at hari ng mga hari. Darating
siyang may kasamang mga kabayo, karwahe at
kabalyerya, isang malaking hukbo at makapal
na pulutong. 8 Wawasakin niya sa tabak ang
iyong mga bayan. Kukubkubin ka, magtatayo
sila ng mga rampa at trinsera. 9 Babayuhin ng
troso ang iyong mga muog at gigibain ang mga
tanggulan. 10 Matatakpan ka ng alikabok sa dami
ng kabayo. Sa ingay ng kabalyerya at gulong ng
mga karwahe, mayayanig ang iyong mga pader
pagpasok nila sa mga pintuan, gaya ng pagpa-
sok sa nasakop na lunsod.
11 Yuyurakan ng mga kabayo ang iyong mga
lansangan, papatayin sa tabak ang iyong mga
mamamayan, iguguho sa lupa ang matitibay
mong haligi. 12 Sasamsamin nila ang iyong mga
kayamanan at kalakal, wawasakin ang iyong mga
pader at magagandang tahanan. Itatapon nila sa
dagat ang iyong mga bato, troso at alikabok.
13 Mapipipi ang iyong mga awit at hindi na
maririnig pa ang tunog ng iyong mga lira. 14 Ga-
gawin kitang isang malapad na batong bilaran ng
mga lambat na pangisda, at hindi ka na mai-
tatayo pang muli. Ako, si Yawe, ang nagsalita."
15 Ito ang salita ni Yawe sa Tiro: "Sa paglipol
sa iyo, hindi kaya manginig ang mga dalam-
pasigan kapag narinig ang lagapak ng iyong
pagbagsak at ang daing ng mga biktima?
16 Magsisibaba sa kanilang luklukan ang lahat
ng prinsipe ng mga pulo sa karagatan, magsisi-
pag-alis ng kapa at ng nabuburdahang kasuo-
tan. Magsusuot sila ng damit na panluksa, ma-
uupo sa lupa, manginginig sa takot at ma-
babaghan dahil sa iyo. 17 Pagtatakhan nila ang
sinapit mo, at aawitin ang ganitong panaghoy:
'Paano ka nalipol, nawala sa dagat, O bantog
na lunsod! Dati kang kinasisindakan, 18 ngunit
ngayo'y pinanginginigan ang araw ng iyong
pagbagsak. Natakot na lubha ang mga pulo sa
dagat sa iyong pagkawala.'
19 Ganito ang sinasabi ni Yawe: "Kapag gi-
nawa kitang isang lunsod ng mga guho, tulad ng
mga bayang walang naninirahan, kapag pina-
ahon ko sa iyo ang daluyong at tinakpan ka ng
tubig ng dagat, 20 ilulubog kita kasama ng mga
nahiga sa hukay, sa kinabuliran ng mga tao
nang una. Ihahagis kita sa daigdig sa ilalim, sa
walang hanggang kapanglawan, tulad ng mga
nahiga sa hukay, upang huwag ka nang ma-
kabalik pa sa lupain ng mga buhay. 21 Nakapa-
ngingilabot ang sasapitin mo; at kahimat hana-
pin ka, hindi ka matatagpuan."

**Isang panaghoy para sa Tiro**

**27** • 1 Sumapit sa akin ang salita ni Yawe,
2 "Anak ng tao, bumigkas ka ng isang

---

• **27.1** Ang Fenicia at ang mga daungan nitong Tiro at Sidon ay nasa baybayin ng Palestina. Napakaliit na bansa, ngunit bihasa sa kalakalang pandagat ang mga tagaroon, at may kontak sa lahat ng bansa sa Mediteraneo. Mula Fenicia ay nakarating sa Israel ang mga paganong impluwensiya lalo na sa kapanahunan ni Ahab (1 H 16:29).

panaghoy para sa Tiro, 3 na nakabungad sa
dagat at nakikipagkalakalan sa mga bayan sa
maraming dalampasigan. Sabihin mong ganito
ang ipinasasabi ni Yawe:
Tiro, ganap kang nasisiyahan sa simula pa.
4 Nasa pusod ng dagat ang iyong mga hang-
gahan. Itinayo kang sukdulan ng ganda. 5 Buhat
sa mga punong abeto ang makakapal mong
tabla; isang sedro ng Lebanon ang iyong palo;
6 at yari sa mga ensina ng Basan ang iyong mga
sagwan. Yari sa mga sedro ng Chipre ang iyong
kubyertang nakakalupkupan ng garing. 7 May
burdang lino mula sa Ehipto ang iyong layag at
bandila. Eskarlata at purpurang nanggaling sa
pulo ng Elisha ang iyong habong.

8 Buhat sa Sidon at Arvad ang mga mana-
nagwan mo. Pinakamahuhusay mula sa Zemer
ang iyong mga piloto. 9 Nasa iyo ang mga mata-
tanda at pantas ng Gebal upang magkumpuni
sa iyo. Nakikipagkalakalan sa iyo ang lahat ng
sasakyang-dagat at mga tripulante ng mga
iyon.

10 Mga kawal mula sa Persia, Lud at Put ang
bumubuo sa iyong hukbo. Isinasabit nila sa
iyong mga dingding ang mga kalasag at helmet
na ipinagmamalaki mo. 11 Mga taga-Arvad at
Yelec ang nangangalaga sa iyong mga muog, at
mula naman sa Gamad ang mga bantay sa
iyong mga tore; isinasabit nila ang kanilang mga
kalasag sa iyong mga pader upang malubos ang
iyong karilagan.

12 Nagpadala sa iyo ang Tarsis ng masaga-
nang kayamanan; nagdala siya ng pilak, bakal,
lata at tingga sa iyong pamilihan. 13 Nakipag-
kalakalan sa iyo ang Javan, Tubal at Mesec at
nagbili ng mga alipin at kagamitang yari sa
tanso. 14 Ipinagpalit naman ng mga taga-To-
garma sa iyong mga paninda ang kanilang mga
asno at mga kabayong pantrabaho at pan-
digma. 15 Nakipagkalakalan sa iyo ang mga
taga-Rodes. Maraming pulo ang naging suki
mo; garing na pangil ng elepante at mamahali't
matigas na kahoy ang pambayad nila sa iyong
mga paninda. 16 Nakipagkalakalan din sa iyo
ang Edom; pinalitan niya ng turkesa, telang
purpura, may burdang damit, mamahaling lino,
koral at rubi ang marami mong produkto.
17 Nagbili sa iyo ang Juda at Israel ng trigong-
Minit, milet, pulot-pukyutan, langis at resina.
18 Nakipag-kalakalan sa iyo ang Damasco dahil
sa masagana mong paninda at pinagbilhan ka
niya ng alak buhat sa Helbon at ng puting lana.

19 Nagdala sa iyo mula sa Ujal ang mga taga-
Dan at taga-Yabnea ng mga kagamitang yari sa
bakal, ng kasya at kalamo bilang pamalit sa
iyong mga paninda. 20 Nagbili sa iyo ang Dedan
ng mga panapin ng mangangabayo. 21 Nagbili
naman sa iyo ang Arabia at lahat ng prinsipe sa
Kedar ng mga tupa at kambing.

22 Mga mangangalakal ng Seba at Raama ang
naghatid sa mga pamilihan mo ng lahat ng uri ng
mamahaling pabango, mga piling bato at ginto.
23 Nagbili sa iyo ang Haran, Cane, Eden, Asur at
Media 24 ng magagandang kasuotan, telang
bughaw, may burdang damit, alpombrang may
kulay, at matitibay na kordong nilubid. 25 Mga
sasakyang-dagat ng Tarsis ang nagbiyahe ng
iyong mga kalakal.

Ikaw ay napuno at namigat
sa gitna ng karagatan.
26 Pumalaot sa karagatang malawak
ang iyong mga mandaragat,
at winasak ka ng hanging-silangan.
27 Ang kayamanan mo at kalakal,
ang iyong mga mandaragat at tripulante,
mga karpinterong tagapagkumpuni,
mga mamimili at kawal – lahat ng lulan
ay sama-samang nagsilubog sa dagat
noong ikaw ay mabagbag.
28 Sa sigawan ng mga mandaragat mo
nayanig ang mga dalampasigan.
29 Walang taong natira sa sasakyan.
Bumaba sa kanilang mga barko
ang lahat ng gumagaod,
mga mandaragat at tripulante
upang tumigil sa baybay.
30 Nagluksa sila't tumangis para sa iyo,
nagsipagbuhos ng alabok sa ulo
at nangagsigulong sa bunton ng abo.
31 Nag-ahit ng ulo, nagsuot ng sako,
bilang pagluluksa, at sila'y nanangis
kalakip ng taghoy na ubod ng pait.
32 Isang luksang-awit ang ipinarinig:
Sinong katulad ng Tiro, na ngayo'y tahimik
sa gitna ng karagatan?
33 Gaano karaming bansa ang iyong hinatdan
ng kalakal buhat sa malalayong dalam-pa-
sigan!
Sa salapi't kalakal mong masagana,
pinayaman mo ang mga hari sa lupa.
34 Ngunit ngayo'y nariyan ka sa pusod ng
dagat,
kasama ng kalakal mo, pasahero't lahat-
lahat!
35 Ang nagsisipanirahan sa mga pulo'y na-
baghan
dahil sa iyo; ang mga hari'y nangatal.
36 Napapasutsot ang mga mangangalakal ng
daigdig
sa lubhang kakila-kilabot na iyong sinapit –
maglalaho ka na't hindi maririnig!

**Tungkol sa hari ng Tiro**

**28** [1] Sumapit sa akin ang salita ni Yawe,
[2] "Anak ng tao, sabihin mo sa prinsipe ng
Tiro:
Lubha kang mapagmalaki.
Isang diyos ako, ang iyong sinabi,
karapat-dapat sa diyos ang aking tirahan
sa gitna ng dagat.
Ngunit tao ka't hindi isang diyos,
at pumapantay ka sa Diyos?
[3] Akala mo'y mas marunong ka pa kay
Daniel
at sa iyo'y walang nalilingid na lihim.
[4] Yumaman ka nga dahil sa iyong katali-
nuhan;
umagos ang ginto't pilak sa iyong kabang-
yaman.
[5] Isang tusong mangangalakal,
nagkamal ka ng salapi
at lalo kang naging palalo.
[6] Ngunit ngayo'y pinagsasabihan ka ni
Yawe –
ikaw na parang Diyos and turing sa sarili:
[7] Ipalulusob kita sa mga dayuhan,
sa pinakamabagsik sa lahat ng bansa.
Tatapatan nila ng tabak ang dunong mo
at ibabagsak ang mataas mong kalagayan.
[8] Ibubulusok ka nila sa hukay,
at sa pusod ng dagat ka masasadlak.
[9] Masasabi mo pa bang "diyos ako"
kapag pinapatay ka na ng mga kalaban?
Isa kang tao't hindi isang diyos.
[10] Daranasin mo ang kamatayan ng di-tuli
sa kamay ng mga dayuhan,
pagkat iyan ang winika ko," sabi ni Yawe.
[11] Sumapit sa akin ang salita ni Yawe,
[12] "Anak ng tao, bumigkas ka ng panaghoy para
sa hari ng Tiro at sabihin mo sa kanya:
Isa kang huwaran ng kaganapan,
puspos ng karunungan at ng kagandahan.
[13] Nakatira ka sa Eden, sa halamanan ng
Diyos,
napapalamutihan ng lahat ng mamahaling
bato:
rubi, topasyo, krisolito, onise at haspe,
sapiro, turkesa at esmeralda.
Ginto ang palamuti ng iyong roba,
na noon pang likhain ka inihanda para sa iyo.
[14] Itinalaga kitang kerubing magbabantay sa
banal na bundok ng Diyos
na nilakaran mo sa piling ng nagbabagang
mga bato
[15] Wala kang kapintasan mula nang likhain,
hanggang sa masumpungang may taglay na
kasamaan.
[16] Dahil sa malawakan mong pakikipagkala-
kalan,
naging marahas ka at makasalanan;
kaya ibinagsak kita mula sa bundok ng
Diyos,
at pinaalis ka sa piling ng mga kerubing
bantay.
[17] Nagpalalo ka dahil sa iyong kagandahan;
pininsala ng karilagan mo ang iyong karu-
nungan;
kaya ibinagsak kita sa lupa,
at ginawang halimbawa
sa paningin ng mga hari.
[18] Nalapastangan ang santuwaryo
sa maraming kasalanan mo
at madayang pagnenegosyo
kaya pinaglagablab ko ang apoy sa kala-
gitnaan mo
at natupok ka't naging abo
sa paningin ng lahat ng nakakita.
[19] Nabaghan ang mga bansang nakakikilala
sa iyo
dahil sa nakapanghihilakbot na sinapit mo:
maglalaho ka magpakailanman."
[20] Sumapit sa akin ang salita ni Yawe.
[21] "Anak ng tao, tumanaw ka sa Sidon at magpa-
hayag ka laban sa kanya. [22] Sabihin mong
ganito ang wika ni Yawe: 'Laban ako sa iyo,
Sidon, at luluwalhatiin ako ng mga tao sa ga-
gawin ko sa iyo.' Makikilala nila na ako si Yawe
kapag pinarusahan ko na siya at inihayag ang
aking kabanalan. [23] Padadalhan ko siya ng salot
at daranak ang dugo sa kanyang mga lansa-
ngan. May tabak na mag-aabang sa kanya sa
lahat ng panig, at makikilala nilang ako si Yawe
kapag natimbuwang na ang mga biktima.
[24] Wala nang mga tinik at dawag na maka-
susugat sa bayang Israel mula sa kanilang mga
kalapit-bansa na umalipusta sa kanila. At ma-
kikilala nilang ako si Yawe.
[25] Pagkat sinasabi ni Yawe: Makikita ng mga
bansa ang aking kabanalan kapag tinipon ko
ang sambayanang Israel mula sa kinatapunan
upang manirahan sa lupaing ipinagkaloob ko sa
aking lingkod na si Jacob. [26] Matiwasay silang
mamumuhay roon, magtatayo ng mga tahanan
at magtatanim ng mga punong ubas. Mapa-
panatag sila kapag pinarusahan ko na ang lahat
ng kanilang mga kalapit-bansang umaalipusta
sa kanila, at makikilala nila na ako si Yawe, ang
kanilang Diyos."

**Laban sa Ehipto**

**29** [1] Noong ikasampung araw ng ikala-
bindalawang buwan ng ikasampung
taon, sumapit sa akin ang ganitong salita ni

Yawe, 2 “Anak ng tao, harapin mo si Paraon at
magpahayag ka laban sa buong Ehipto. 3 Sa-
bihin mong ganito ang ipinasasabi ni Yawe:
Laban ako sa iyo, Paraon, hari ng Ehipto, ma-
laking dambuhalang naglulunoy sa gitna ng
iyong mga ilog at nagsasabing, ‘Akin ang mga
kanal na aking ginawa.’ 4 Lalagyan ko ng pa-
ngawil ang iyong mga panga, at padidikitin ko
sa iyong kaliskis ang mga isda sa ilog mo.
Hihilahin kita mula sa iyong ilog na nakadikit
ang mga isda sa iyong kaliskis. 5 Ihahagis ko sa
ilang kayo ng mga isda ng mga ilog mo. Babag-
sak ka sa lupa at walang bubuhat o magbabaon
sa iyo. Ipakakain kita sa maiilap na hayop at sa
mga ibon sa himpapawid, 6 at makikilala ng
lahat ng naninirahan sa Ehipto na ako si Yawe.

Naging isa ka lamang tungkod na tambo
para sa Israel. 7 Nang humawak sila sa iyo,
nabali ka sa kanilang kamay at sinugatan mo
ang kanilang balikat. Nang sumandig sila sa iyo,
nabaluktot ang kanilang likod. 8 Kaya nga sina-
sabi ni Yawe: Magpapadala ako ng tabak laban
sa iyo at aalisin ko ang mga tao at hayop.
9 Magiging lupain ng mga guho ang Ehipto, at
makikilala ng mga Ehipsiyo na ako si Yawe.

Sinabi mo: ‘Akin ang Nilo; ako ang nagtayo
niyon.’ 10 Dahil diyan, sasalakayin kita sa gitna
ng iyong mga kanal. Magiging ulilang pook ng
mga guho ang Ehipto mula sa Migdal hanggang
Aswan at hanggahan ng Kus. 11 Walang tao ni
hayop na lalakad sa mga landas doon. Apat-
napung taon na walang maninirahan sa Ehipto.
12 Gagawin ko itong isang tiwangwang na lupain,
at apatnapung taong mananatiling wasak ang
mga lunsod nito. Pangangalatin ko ang mga
Ehipsiyo sa iba’t ibang bansa.”

13 Kaya nga sinasabi ni Yawe: “Pagkaraan ng
apatnapung taon, titipunin ko ang mga Ehipsiyo
mula sa mga bansang pinangalatan nila. 14 Ang
mga bihag na Ehipsiyo ay ibabalik ko sa Patros,
ang kanilang lupang sinilangan. Bubuuin nila
roon ang isang munting kaharian, 15 na mas
mahina kaysa ibang kaharian, at wala nang
lakas na manakop ng ibang bansa. Pauuntiin ko
sila upang hindi na sila makapanakop pa ng
mga ibang lupain. 16 Sa gayon, ang Israel ay
hindi na mananalig sa Ehipto, hindi na mag-
kakasala sa pagbaling dito. At makikilala nila na
ako si Yawe.”

17 Noong unang araw ng unang buwan ng
ikadalawampu’t pitong taon ay sumapit sa akin
ang salita ni Yawe:

18 “Anak ng tao, napakabigat talaga para sa
hukbo ni Nabucodonosor, hari ng Babilonia, ang
pagsalakay sa Tiro. Lupaypay na ang lahat,
kalbo, lapnos ang balikat; gayunma’y wala pa
rin silang napapala sa kanilang kampanya laban
sa Tiro.”

19 Kaya nga sinasabi ni Yawe: “Binabalak
kong ipagkaloob ang Ehipto kay Nabucodo-
nosor, hari ng Babilonia. Tatangayin niya ang
kayamanan niyon, at ibibigay sa kanyang
hukbo ang mga nasamsam sa halip ng suweldo.
20 Sapagkat naglingkod sa akin ang mga taong
ito, ipagkakaloob ko sa kanila ang Ehipto bilang
gantimpala,” sabi ni Yawe.

21 Sa araw na iyon itataas ko ang bansang
Israel. At tungkol sa iyo, papagsasalitain kitang
muli sa kanila at makikilala nila na ako si Yawe.”

**30** 1 Dumating sa akin ang salita ni Yawe
nang ganito: 2 “Anak ng tao, ipahayag
mo ang mga salitang ito ni Yawe: Managhoy
kayo! Aba, sa araw na iyon! 3 Malapit na ang
araw! Magiging araw iyon ng mga ulap, isang
panahon ng paghatol para sa mga bansa. 4 Ba-
bagsak sa Ehipto ang tabak at sasapit ang
kapighatian sa Kus. Mabubuwal ang mga bang-
kay sa buong Ehipto; tatangayin ang kaya-
manan nito at wawasakin ang mga pundasyon.
5 Mabubuwal sa tabak ang Kus, Put at Lydia,
ang buong Arabia, Libya at pati ang mga tao ng
aking tipan.”

6 Ito ang salita ni Yawe: “Babagsak ang haligi
ng Ehipto at madudurog ang palalong kapang-
yarihan nito. Papatayin ang mga tao mula sa
Migdal hanggang Aswan. 7 Makakabilang siya
sa mga lupaing tiwangwang at ang kanyang
mga siyudad sa mga wasak na lunsod. 8 Maki-
kilala nila na ako si Yawe kapag natupok ko na
ang Ehipto at nadurog ang kanyang mga ka-
kampi.

9 Sa araw na iyon lilisang lulan ng mga barko
ang aking mga sugo upang gisingin ang bayan
ng Kus sa kanilang pamamanatag, at magkaka-
roon ng kapighatian sa araw ng pagbagsak ng
Ehipto, bagay na nalalapit na.

10 Sinasabi pa ni Yawe: “Ipapupuksa ko ang
mga hukbo ng Ehipto kay Nabucodonosor, hari
ng Babilonia. 11 Dadalhin ko rito siya at ang
kanyang bayang pinakamabagsik sa lahat ng
bansa upang magwasak sa lupain. Itataas nila
ang tabak laban sa Ehipto at pupunuin ng
bangkay ang lupain. 12 Patutuyuin ko ang mga
kanal ng Ehipto at ibibigay sa tampalasan ang
bansang ito. Wawasakin ng dayuhan ang lupain
at lahat ng narito. Akong si Yawe ang nagsalita.”

13 Sinabi ni Yawe: “Wawasakin ko ang mga
diyus-diyusan at pupuksain ang mga bulaang
diyos ng Mempis. Hindi na magkakaroon pa ng

prinsipe sa Ehipto at paghahariin ko ang takot sa lupain. [14]Gagawin kong lupang wasak ang Patros, tutupukin ang Tanis at parurusahan ang Tebes. [15]Ibubuhos ko ang aking poot sa Sin, ang kuta ng Ehipto, at pupuksain ko ang mga taga-Tebes.

[16]Susunugin ko ang Ehipto; mamimilipit sa hirap ang Sin. Sa gibang pader magdaraan ang mga sumasalakay at marahas nilang sasakupin ang Tebes. [17]Mabubuwal sa tabak ang mga kabataang lalaki ng Heliopolis at Bubastis; tatangaying bihag ang mga babae. [18]Magiging napakadilim na araw sa Tapanhes kapag winasak ko ang pamunuan ng Ehipto at dinurog ang palalong kapangyarihan nito! Tatakpan ko ng ulap ang lunsod na ito, at iaalis na bihag ang mga babae. [19]Parurusahan ko ang Ehipto, at makikilala nila na ako si Yawe."

[20]Nang ikapitong araw ng unang buwan ng ikalabing-isang taon, dumating sa akin ang salita ni Yawe: [21]"Anak ng tao, binali ko ang bisig ni Paraon, hari ng Ehipto. Walang nakapagpagaling ng kanyang sugat o nagbenda niyon at hindi siya makahawak ng sandata." [22]Kaya nga sinasabi ng Panginoong Yawe: "Masdan, laban ako kay Paraon, hari ng Ehipto. Pipilayan ko ang kanyang dalawang bisig, ang may sugat at ang wala. [23]Ikakalat ko sa iba't ibang bansa ang mga Ehipsiyo. [24]Palalakasin ko ang bisig ng hari ng Babilonia at pahahawakan sa kanya ang aking sandata. Ngunit, pipilayan ko ang mga bisig ni Paraon, at daraing siyang tulad ng may malubhang sugat. [25]Oo, palalakasin ko ang bisig ng hari ng Babilonia ngunit papanghihinain ang kay Paraon. Makikilala nilang ako si Yawe kapag pinahawakan ko sa hari ng Babilonia ang aking tabak upang saktan ang Ehipto. [26]Pangangalatin ko ang mga Ehipsiyo sa iba't ibang lupain, at makikilala nila na ako si Yawe."

**31** • [1]Dumating sa akin ang salita ni Yawe noong unang araw ng ikatlong buwan ng ikalabing-isang taon. [2]"Anak ng tao, sabihin mo kay Paraon, hari ng Ehipto, at sa kanyang bayan: Sino ang maihahambing sa iyong kadakilaan? [3]Tulad mo'y sedro ng Lebanon, may magagandang sanga, malilim, napakataas at abot ang tuktok sa ulap.

[4]Lumaki ito. Pinalaki ito ng tubig buhat sa mga sapa na umaakyat mula sa malalalim na bukal at dumadaloy sa mga kanal patungo sa puno. [5]Mataas ito kaysa iba pang mga punungkahoy, at lalo pang pinalaki't pinalabay ng saganang tubig ang mga sanga nito. [6]Pinagpugaran ito ng mga ibon at sa lilim nito nagsilang ang lahat ng hayop. Maraming bansa ang nabuhay sa lilim nito.

[7]Naging kahanga-hanga ito sa kataasan, gayundin sa kakapalan ng mga sanga, yamang nakaugat ito sa saganang tubig. [8]Walang makatulad dito na iba pang sedro sa halamanan ng Diyos. Walang sanga ng punong pino o sicomoro na makatulad sa mga sanga nito. Wala nang iba pang punungkahoy sa halamanan ng Diyos na maihahambing sa kagandahan nito. [9]Ginawa ko itong napakaganda, pinayabong ang mga sanga, at pinanaghilian ng iba pang mga punungkahoy sa halamanan ng Diyos sa Eden.

[10]Dahil dito, sinabi ni Yawe: "Sapagkat naging lubhang mataas at nakaabot sa mga ulap, naging palalo ang punungkahoy na ito. [11]Ibibigay ko ito sa pinuno ng mga bansa upang pakitunguhan nang ayon sa kasamaan nito. Itinakwil ko nga ito. [12]Pinutol ito ng mga dayuhan, ng pinakamabagsik sa lahat ng bansa. Nahulog sa lahat ng lambak ang mga pangunahing sanga nito; nagkambabali sa mga bangin ang iba pa. Nagsitakas sa lilim nito ang lahat ng bansa at tuluyan nila itong iniwan. [13]Dinapuan ng mga ibon ang tuod nito at hinigan ng mga hayop ang nalaglag na mga sanga. [14]Naganap iyan upang huwag maging masyadong mataas at makaabot sa ulap ang mga punungkahoy na sagana sa dilig. Lahat ay nakatakdang mamatay at bumabang kasama ng nagsisilusong sa hukay.

[15]Kayat sinasabi nga ni Yawe: "Noong araw na lumusong sa daigdig ng mga patay ang sedro, pinapagluksa ko ang kalaliman. Pinahinto ko ang mga ilog niyon at pinigil ang mga tubig. Tinakpan ng dilim ang Lebanon at nalanta ang lahat ng punungkahoy roon. [16]Nayanig ang mga bansa sa lakas ng pagbagsak ng sedro noong ibulid ko ito sa kalaliman kasama ng nagsisilusong sa hukay. Ikinasiya iyon ng lahat ng punungkahoy sa lupa, pinakapiling mga punungkahoy sa Eden, pinakamaiinam na punungkahoy sa Lebanon. [17]At nagsibaba rin ang mga sumilong sa lilim ng sedro patungo sa mga nabuwal sa tabak. [18]O, maringal at maluwalhating punungkahoy, alin sa mga punung-

---

• **31.**1 *Mapapansin ang magandang pampanitikang imahen ng sedro, kabanata 31 na sumasagisag sa Ehipto.*

kahoy ng Eden ang maihahambing sa iyo?
Ngunit pinalusong ka rin sa kalaliman tulad ng
iba pang mga punungkahoy ng Eden. Humim-
lay kang kasama ng mga taong di-tuli, mga
biktima ng tabak, ikaw, Paraon, at lahat ng iyong
kawal."

32 1 Nang unang araw ng ikalabindala-
wang buwan ng ikalabindalawang taon,
dumating sa akin ang salita ni Yawe. 2 "Bumig-
kas ka ng panaghoy para kay Paraon, hari ng
Ehipto. Sabihin mo: Leon ng mga bansa, wala
ka na! Naging para kang dambuhala sa dagat;
nilabusaw mo ang tubig sa mga ilog, hinalukay
at pinagputik ng iyong mga paa."

3 Ito ang sinasabi ni Yawe: "Ikakadkad ko sa
iyo ang aking sapot at isang kalipunan ng mga
bansa ang hahatak sa iyo sa aking lambat.
4 Ihahagis kita sa lupa upang tukain ng mga ibon
at lapangin ng mga hayop. 5 Isasabog ko sa mga
bundok ang iyong laman, ikakalat sa mga
lambak ang iyong labi, 6 at ididilig sa lupa ang
dugo mo. 7 Kapag nilipol kita, magdidilim ang
langit at lalamlam ang mga bituin; tatakpan ko
ng ulap ang araw at hindi magbibigay ng liwanag
ang buwan. 8 Palalabuin ko ang lahat ng tanglaw
sa langit at babalutin ko ng dilim ang lupa dahil
sa iyo.

9 Magdadalamhati ang maraming bansa ka-
pag kumalat na sa mga bayang di mo kilala ang
balitang bumagsak ka. 10 Masisindak ang mara-
ming bansa at kikilabutan ang mga hari dahil sa
sinapit mo kapag iwinasiwas ko na sa harap nila
ang aking tabak. Sa araw ng iyong pagbagsak,
manginginig silang lahat sa takot sa kamata-
yan."

11 Sinasabi nga ni Yawe: "Darating laban sa
iyo ang tabak ng hari ng Babilonia. 12 Lilipulin
ang iyong hukbo ng mga mandirigmang pinaka-
mabagsik sa lahat ng bansa. Wawasakin nila
ang palalong Ehipto at pupuksain ang iyong
hukbo! 13 Papatayin ko ang lahat ng kanyang
kawan sa baybayin ng malaking ilog na hindi na
madaraanan pa ng tao o hayop man. 14 At saka
ko papayapain ang mga ilog, at parang langis na
aagos ang kanilang tubig. 15 Kapag ginawa
kong lupang tiwangwang ang Ehipto at nilipol
ko ang mga naninirahan doon, makikilala nila
na ako si Yawe."

16 Ito ang panambitang aawitin ng mga lun-
sod ng mga bansa para sa Ehipto at mga mama-
mayan nito, sabi ni Yawe.

17 Noong ikalabinlimang araw ng buwan,
ikalabing-isang taon, dumating sa akin ang
salita ni Yawe: 18 "Anak ng tao, tangisan mo ang
hukbo ng Ehipto at palusungin sila sa daigdig ng
mga patay. Pagkat itataboy ko silang patungo
sa lupain ng mga anino kasama ng nag-
sisilusong sa hukay. 20 Babagsak sila sa kinaro-
roonan ng mga namatay sa tabak. Nakuha na
ang Ehipto at kinaladkad na kasama ng kan-
yang hukbo. 21 Sasabihin sa kanya ng mga ba-
yani at mga kapanalig ni Paraon na naroon sa
daigdig ng mga patay: 19 'Higit pa ba ikaw kaysa
iba? Bumaba ka at humimlay na kasama ng
mga di-tuli na sa tabak namatay.'

22 Naroon ang Asiria at ang lahat ng kanyang
hukbo, naliligid ng mga puntod ng kanyang
mga biktimang nabuwal sa tabak. 23 Nakalibing
ang mga ito sa pusod ng hukay, at nakalatag
ang kanyang hukbo sa paligid ng kanyang
puntod; namatay rin sa tabak silang naghasik
ng lagim sa lupain ng mga buhay.

24 Naroon ang Elam at lahat ng kanyang
hukbong nakapaligid sa kanyang puntod – na-
matay silang lahat sa tabak. Sila ang mga di-
tuli na nagsilusong sa kalaliman. Naghasik sila
ng lagim sa lupain ng mga buhay, at dala nila
ang kanilang kahihiyan kasama ng iba pang
nagsilusong sa hukay. 25 At doon sila sa piling
ng mga biktima ng tabak.

26 Naroon ang Mesec at Tubal sa piling ng
mga puntod ng kanilang mga hukbo. Naroon
ang lahat ng di-tuli; pinatay rin sa tabak silang
naghatid ng lagim sa lupain ng mga buhay.
27 Hindi sila kapiling ng mga bayani ng unang
panahon na nagsitungo sa libingan nang dala
ang lahat nilang sandata; humimlay ang mga
bayaning iyong nagsabog ng takot sa lupain ng
mga buhay na tabak ang unan at kalasag ang
kumot. 28 Hihimlay ka rin, Ehipto, kasama ng
mga di-tuling sa tabak namatay.

29 Naroon ang Edom, nakahimlay ngayon sa
piling ng mga nabuwal sa tabak, kasama ng
kanyang mga hari at prinsipeng matatapang.
Kasama sila ng mga di-tuli at ng nagsilusong sa
hukay. 30 Naroon ang lahat ng prinsipe ng Hilaga
at lahat ng taga-Sidon na nagsilusong sa
kadustaan sa kabila ng kanilang kapangyarihan
at kabagsikan. Kasama rin sila ng mga di-tuli sa
pagkakahimlay, biktima ng tabak at nagta-
taglay ng kahihiyan ng nagsisilusong sa hukay.

31 Kapag nakita sila ni Paraon at ng kanyang
buong hukbo, masisiyahan na rin siya yamang
pare-pareho silang sa tabak namatay. 32 Baga-
mat ako ang may atas na maghasik siya ng
lagim sa lupain ng mga buhay, hihimlay rin si
Paraon kasama ng mga di-tuling sa digmaan
namatay – siya at ang kanyang mga hukbo. Ito
ang salita ng Panginoong Yawe."

# SA MULING PAGKATATAG NG ISRAEL

**Ang propeta, isang bantay ng bayan**

**33** • 1 Dumating sa akin ang salita ni Yawe,
2 "Anak ng tao, magsalita ka sa iyong
bayan at sabihin mo sa kanila: Halimbawa'y
ipinasalakay ko ang isang bansa at pumili ang
mga tagaroon ng isa sa kanila upang maging
bantay. 3 Kapag nakita ng bantay ang pagdating
ng mga mananalakay, patutunugin niya ang
trumpeta bilang babala sa mga tao. 4 Kapag
may nakarinig sa tunog ng trumpeta at hindi
tumalima sa babala at ito'y napatay sa tabak, ito
ang mananagot sa sariling kamatayan. 5 Ngunit
maliligtas ang buhay ng nagbigay ng babala.
6 Sa kabilang dako, kung makita ng bantay ang
pagdating ng mga mananalakay at hindi niya
hinipan ang trumpeta upang magbigay ng
babala, at may nasawi, may sala ang bantay at
papananagutin sa pagkamatay ng mga nasawi.

7 Gayon din ginawa kita, anak ng tao, bilang
bantay para sa Israel. Kapag narinig mo ang
aking salita, ihatid mo sa kanila ang aking
babala. 8 Kapag sinabi ko sa tampalasan, 'Tiyak
na mamamatay ka,' at hindi mo siya binigyang-
babala upang magbagong-landas, mamamatay
siya dahil sa kanyang pagkakasala, ngunit pa-
pananagutin din kita sa kanyang kamatayan.
9 Kapag binigyang-babala mo naman ang tam-
palasan upang magbago ng landas at hindi siya
nakinig, mamamatay siya dahil sa kanyang
kasalanan, ngunit maliligtas ka.

10 Anak ng tao, alam mo ang sinasabi ng
sambayanan ng Israel: 'Nangangayayat tayo
dahil sa ating pagkakasala, at iginugupo tayo ng
ating masasamang gawa. Mabubuhay pa ba
tayo?' 11 Sabihin mo sa kanila ang salitang ito ni
Yawe: Saksi ang aking buhay, hindi ko gustong
mamatay ang masama; kundi magbagong-
landas siya at mabuhay. Magsitalikod kayo sa
inyong mga kabuktutan! O Israel, gusto mo
bang mamatay?

12 Ikaw, anak ng tao, sabihin mo sa iyong
bayan: Kapag nagpakasama ang isang taong
matuwid, hindi siya maililigtas ng dati niyang
kabutihan. At kapag nagbalik-loob ang isang
makasalanan, hindi siya hahatulan sa dati
niyang kabuktutan. 13 Kahimat sinabi ko sa
taong matuwid na mabubuhay siya, kapag sina-
mantala naman niya ang kanyang pagkama-
tuwid sa paggawa ng masama, hindi aalala-
hanin ang dati niyang matuwid na pamumuhay;
sa halip ay mamamatay siya dahil sa kanyang
ginagawang kasamaan. 14 At kapag sinabi ko sa
masamang tao na tiyak na mamamatay siya, at
nagbalik-loob siya at nagpakabuti, 15 kapag
isinauli niya ang kinuhang sangla sa pagkaka-
utang, ibinalik ang kanyang ninakaw, sinunod
ang mga kautusang nagbibigay-buhay at ini-
wasan ang paggawa ng masama, mabubuhay
siya, hindi mamamatay. 16 Hindi na siya papa-
nanagutin sa kanyang naging makasalanang
pamumuhay. Ginawa niya ang makatarungan
at matuwid, at dahil diyan ay mabubuhay siya.

17 Sinasabi ng mga kababayan mo, 'Hindi
makatarungan ang paninindigan ni Yawe.' Pero
ang kanila ang mali. 18 Ang matuwid na tuma-
likod sa kabutihan at nagpakasama ay marapat
na mamatay. 19 At ang tampalasang tumalikod
sa kasamaan at nagpakabuti ay dapat mabu-
hay. 20 Bagamat sinasabi ninyong mali ang pa-
ninindigan ni Yawe, hahatulan kita, Israel, alin-
sunod sa gawa ng bawat isa."

21 Noong ikalimang araw ng ikasampung
buwan ng ikalabing-isang taon ng aming pag-
kapatapon, isang takas mula sa Jerusalem ang
dumating at nagbalita sa akin: "Bumagsak na
ang lunsod."

22 Noong gabing bago dumating ang takas,
sumaakin ang kamay ni Yawe, at binuksan niya
ang aking bibig pagdating ng takas kinauma-
gahan. Kinalagan ang aking dila at nakapag-
salita ako.

23 At dumating sa akin ang salita ni Yawe
nang ganito: 24 "Anak ng tao, nasasabi ng nag-
sipanatili sa mga guho ng Israel: Nag-iisa si
Abraham nang tanggapin niya ang lupain bilang
pamana. May sapat na tayong dami ngayon, at
sa atin ipinagkaloob ang lupain.

25 Ngunit sabihin mo sa kanila: Ito ang salita

---

• **33.**1 Nasakop na ang Jerusalem. Habang nadudurog ang lahat ng ilusyon ng mga Judio at ng kanilang mga bulaang propeta, nauunawaan ni Ezekiel na dumating na ang wakas ng pagsubok. Sa hinaharap, na maaaring napakalayo pa, may nababanaag na muling pagkabuhay. Inihahayag ng propeta ang maraming pangako ng Diyos sa mga kabanata 34-39. Ang kabanatang ito (33) na naglalahad sa pagsakop sa Jerusalem ang nagsisilbing introduksiyon.

Medyo naiibang bersiyon ng ipinaliwanag na natin sa 3:17 at 18:21 ang 33:1-20.

33:11. Sa panahon ng kasawian, nawawalan ng lahat ng pag-asa ang mga masama. Ngunit nagtataas naman ng tinig ang propetang laging nagpapahayag ng kasawiampalad upang makapagbigay-sigla sa pagbabalik-loob at ibahagi ang kaisipan ng Diyos: *Hindi ko gustong mamatay ang masama. O Israel, gusto mo bang mamatay?*

ni Yawe: Kumakain kayo ng pagkaing may kasamang dugo at tumitingala sa mga diyus-diyusan, pumapatay kayo ng tao, at ngayon nais ninyong angkinin ang lupain! 26 Nananangan kayo sa inyong tabak at gumagawa ng kasuklam-suklam, nakikiapid sa asawa ng inyong kapwa, at ngayon nais ninyong angkinin ang lupain!

27 Sabihin mo sa kanila: Ito ang sinasabi ni Yawe: Saksi ang buhay ko, mamamatay sa tabak ang mga naninirahan sa mga guho, kakanin ng mga hayop ang mga nasa parang, at mamamatay sa salot ang mga nagtatago sa mga kuta at kuweba. 28 Gagawin kong isang tiwangwang, mapanglaw na lugar ang lupain. Hindi na sila mananangan pa sa kanilang lakas. Magiging ulila ang mga bundok ng Israel at wala sinumang tatahak doon. 29 Makikilala nila na ako si Yawe kapag ginawa ko nang ulilang ilang ang kanilang lupain dahil sa mga kasuklam-suklam nilang gawain.

30 Anak ng tao, pinag-uusapan ka ng mga kababayan mo sa tabi ng mga pader at sa pintuan ng mga bahay. Sinasabi nilang 'Halikayo at pakinggan natin ang pinakahuling salita ni Yawe.'

31 Nagtutungo sila sa iyo tulad ng pagpunta nila sa isang asamblea at nauupo sila sa harap mo. Nakikinig sila sa mga salita mo ngunit hindi nila ginagawa ang sinasabi mo. Sa halip, patuloy sila sa pandaraya at walang minamahalaga kundi ang sariling kapakanan. 32 Para sa kanila, isa ka lamang mang-aawit ng pag-ibig – isang magandang tinig na sinasaliwan ng magandang himig. Nakikinig sila ngunit hindi nila isinasagawa ang napakinggan.

33 Ngunit kapag natupad ang hula – at natutupad na iyon – saka nila makikilalang may isang propeta sa piling nila."

**Ang mga pastol ng Israel**

**34** • 1 Dumating sa akin ang salita ni Yawe, 2 "Anak ng tao, pagsabihan mo ang mga pastol ng Israel alang-alang sa akin. Magpahayag ka sa mga pastol: Kawawang mga pastol ng Israel, na sarili ang pinakakain! Hindi ba ang kawan ang dapat pakanin ng mga pastol? 3 Ngunit uminom kayo ng gatas at nagdamit ng lana, at kinatay ninyo ang matatabang tupa. Hindi ninyo inalagaan ang kawan, 4 hindi ninyo pinalakas ang mahihina, hindi inalagaan ang maysakit ni nilagyan ng benda ang maysugat. Hindi ninyo pinabalik ang naligaw ni hinanap ang nawala. Sa halip, naging mabagsik kayo sa kanila at mapaniil. 5 Kaya nangalat sila sa kawalan ng magpastol at nilapang ng mababangis na hayop. 6 Nagpagala-gala sa mga bundok at burol ang aking mga tupa at nangalat sa buong lupain; walang sinumang nag-alala o tumingin sa kanila."

7 Dahil dito, mga pastol, dinggin ninyo ang salita ni Yawe. 8 "Nasamsam ang aking mga tupa at nilapang ng mababangis na hayop dahil sa kawalan ng pastol; hindi ninyo inalagaan ang aking mga tupa

---

• **34.**1 Tinitipon ni Yaweng Panginoon ang kanyang nagkalat na kawan.

May parang dalawang bahagi ang mahabang paghahambing na ito, kung saan nangangako si Yawe na magiging pastol ng kanyang kawan:
– isang rebolusyon,
– isang paghatol.

*Pagsabihan mo ang mga pastol ng Israel alang-alang sa akin.* Inihahayag dito ni Yawe ang isang ganap na pagbabago sa buhay-lipunan ng Israel: papalitan niya ang mga pastol. Ang salitang "pastol" ay nauukol sa lahat ng sibilyang nasa kapangyarihan, kaya kabilang dito ang hari, ang mahistrado at mga hukom. Hindi kabilang dito ang mga pari at mga propeta, salungat sa kasalukuyang gamit, dahil para sa ati'y ukol lamang sa mga lider-espirituwal ng isang komunidad ang salitang "pastor" (pastol).

*Hindi ba't ang kawan ang dapat pakanin ng mga pastol?* (2) Hindi sa mga pastol ang kawan. Itinatakwil ni Yawe ang mga pinuno ng kanyang bayan na nag-aakalang natural lamang na tamasahin nila ang kapangyarihan at yaman nang hindi muna itinuturing ang sarili bilang mga lingkod ng bayan. Madali nating maiisip ang pagdarahop ng bayang Judio sa panahon ng pagpapahayag ni Ezekiel, pagkaraang-pagkaraan ng kapahamakan sa Jerusalem:
– *Mahihinang tupa*, gutom, may sakit,
– *naliligaw*, pagala-gala, walang tahanan o trabaho, binilog ang ulo, inilayo ng mga kasinungalingan ng kanilang mga pinuno,
– *nilapa ng lahat ng bansa*, ipinatapon sila, o iniwan ang lupang tinubuan sa paghahanap ng trabaho.

*Ako mismo ang maghahanap sa aking mga tupa.* Itinakwil ngayon ni Yawe ang mga pinuno ng Israel na nangawala sa kapahamakan ng kanilang lupain at nangangako siyang magiging pastol ng Israel. Si Yawe ang magiging mabuting pastol at sinasabi niya sa pagkakataong ito ang mga pananagutan ng pastol: tipunin, ipagtanggol, pakanin ang lahat, at pigilan ang mga napakalalakas.

*Sa panahon ng dagim at ulop* (12) na parang malayo ang Diyos at nakikitang lugmok ang Israel at walang pag-asa. *Titipunin ni Yawe ang kanyang bayan mula sa*

at sa halip ay sarili ang inyong binusog."
9 Dahil diyan, pakinggan ninyong mga
pastol ang salita ni Yawe: 10 "Saksi ang
buhay ko, haharap ako sa mga pastol at
babawiin ko sa kanila ang aking mga tupa
at pagbabawalan ko silang magpastol sa
kawan; hindi na magkakaroon pa ng
pastol na sarili ang binubusog. Ililigtas ko
sa kanilang bibig ang aking kawan at
hindi na nila kakainin pa."
11 Sinasabi nga ni Yawe: "Ako mismo
ang mag-aalaga sa aking mga tupa at
magbabantay sa kanila. 12 Kung paanong
nagbabantay ang pastol nang nasa piling
siya ng kanyang nangalat na kawan, ga-
yon din ako magbabantay sa aking mga
tupa at titipunin ko sila buhat sa lahat ng
lugar na pinangalatan nila sa panahon ng
dagim at ulop. 13 Ilalabas ko sila mula sa
mga bansa at ipababalik sa kanilang
sariling lupa. Papastulin ko sila sa mga
kabundukan ng Israel at sa mga patag at
pinaninirahang lupain. 14 Dadalhin ko sila
sa maiinam na pastulan sa matataas na
bundok ng Israel. Mamamahinga sila
kung saan sagana ang damo at mangingi-
nain sa luntiang mga burol ng Israel.
15 Ako mismo ang mag-aalaga sa aking
mga tupa at pagpapahingahin ko sila,"
sabi ni Yawe.
16 "Hahanapin ko ang nawawala at iba-
balik ang naliligaw. Lulunasan ko ang na-
saktan at palalakasin ang mahina, ngunit
malilipol ang mataba at malakas. Maka-
tarungan ko silang papastulin.
17 Tungkol naman sa inyo, aking ka-
wan, sabi ni Yawe, isa-isa kong kikilanlin
ang bawat mga tupa, pagbubukurin ang
mga lalaking tupa at kambing. 18 Hindi ba
sapat sa inyo ang manginain sa mabuting
pastulan? Bakit ninyo niyurakan ang na-
lalabi pang pastulan? Hindi ba kayo nasi-
siyahang uminom sa malinaw na tubig?
Bakit pinagputik ng inyong mga paa ang
iba pa? 19 Manginginain ba ang aking mga
tupa sa inyong mga niyurak at iinom sa
pinagputik ng inyong mga paa?"
20 Kaya nga sinasabi ni Yawe sa mga
pastol: "Paparito ako; ako mismo ang ha-
hatol sa pagitan ng mataba at ng payat na
tupa. 21 Iniipit ng inyong tagilira't balikat at
sinusuwag ninyo ang mahihinang tupa
hanggang maitaboy sila, 22 kaya ililigtas
ko ang aking kawan at hindi na sila
aagawin. Igagawad ko ang katarungan sa
bawat isang tupa.
23 Magtatalaga ako ng isang pastol nila,
si David na aking lingkod, para aalagaan
sila. Pakakanin niya sila at siya'y magi-
ging isang tunay na pastol sa kanila.
24 Akong si Yawe ang kanilang magiging
Diyos, at ang aking lingkod na si David
ang mamumuno sa kanila. 25 Magsasa-
gawa ako ng isang tipan ng kapayapaan
sa kanila, at upang sila'y matiwasay na
makapanirahan sa ilang at matulog sa

---

*mga bansa.* Ang Kahariang inihanda ng Diyos para sa nanlulupaypay na mga taong ito ay magiging higit pa sa lahat ng kanilang maaasahan. Hindi lamang sila magtatamasa ng materyal na kasaganaan kundi mamumuhay pa sila sa kapayapaan at magpapahingang kasama ng Diyos. *Pagpapahingahin ko sila.*

*Tungkol naman sa inyo, isa-isa kong kikilanlin ang mga tupa.* Sa ganitong mga salita nagsisimula ang ikalawang bahagi: ang paghuhukom ng Diyos.

Nasa isang panig ang matatabang tupa: ang mga nagsamantala sa di-makatarungang kaayusang panlipunan. Hindi sila nasiyahang magkaroon ng mas mataas na antas ng pamumuhay kaysa iba, kundi *niyurakan* pa nila *ang nalalabi pang pastulan*. Wala silang itinanim sa pinakamatatabang lupa ng bansa; idineposito nila sa ibang bansa ang perang magagamit sana sa pagpapaunlad sa ekonomiya, ipinagkait nila sa marami ang edukasyon at kultura.

*Sinusuwag ninyo ang mahihinang mga tupa hanggang maitaboy sila* (21). Nagsamantala sila sa kapangyarihan, at sapagkat namamaneho nila ang katarungan, itinadhana nila ang "kanilang" utos sa paggamit ng lakas.

*Magtatalaga ako ng isang pastol nila, si David na aking lingkod.* Ito si Kristo, ang bagong David. Gaya ng binigyang-pansin tungkol sa Isaias 11:1, hindi inihahayag ang Mesiyas bilang isa pa sa inapo ni David at hindi para ipagpatuloy ang nakaraan. Siya'y magiging ibang David at may sisimulan siyang ganap na bago.

Madali nating makikita rito ang ilan sa mga larawan at ideang personal na pinagnilayan ni Jesus at ginamit sa pagbuo ng tatlong talinhaga: ang Mabuting Pastol (Jn 10:1); ang parabula ng nawalang tupa (Lc 15:4) at ang Paghuhukom (Mt 25:31).

kagubatan ay paaalisin ko sa lupain ang
mababangis na hayop. 26 Patitirahin ko
sila sa paligid ng aking banal na bundok at
padadalhan ng pana-panahong ulan at
masaganang pagpapala. 27 Magbibigay
ng bunga ang mga punungkahoy sa pa-
rang at ng ani ang lupa, at magiging ma-
tiwasay sila sa kanilang lupain. Makikilala
nila na ako si Yawe kapag binali ko ang
kanilang pamatok at pinalaya sila sa ka-
pangyarihan ng mang-aalipin. 28 Hindi na
sila sasamsaman pa ng mga bansa ni
lalapangin ng mababangis na hayop. Ma-
mumuhay sila sa kapanatagan at walang
katatakutan. 29 Bibigyan ko sila ng mai-
inam na pananim. Wala nang mamama-
tay sa gutom sa lupain, at hindi na sila
aalipustain ng ibang bansa.

30 Makikilala nila na akong si Yawe ang
kanilang Diyos at sumasakanila ako, at
silang Israel ang aking bayan." Ito ang
salita ni Yawe. 31 Kayo ang aking mga
tupa, ang kawan sa aking pastulan, at ako
ang inyong Diyos, sabi pa ni Yawe."

**Laban sa Edom**

**35** • 1 Dumating sa akin ang salita ni Yawe,
2 "Anak ng tao, humarap ka sa bundok
ng Seir at magpahayag laban doon. 3 Sabihin
mong ganito ang ipinasasabi ni Yawe: Dumating
ako upang pinsalain ka, bundok ng Seir! Iniunat
ko ang aking kamay laban sa iyo at gagawin
kitang isang kapigha-pighating kapanglawan.
4 Iguguho ko ang iyong mga bayan, gagawin
kitang ilang, at makikilala mo na ako si Yawe.

5 Malaon na ang iyong poot sa bayang Israel
at iniumang mo sila sa tabak noong araw na
sapitin sila ng kapahamakan, noong tapusin ko
ang kanilang kasamaan. 6 Dahil diyan, saksi ang
buhay ko, sabi ni Yawe, dadanak ang iyong
dugo. 7 Mapupuno ng pighati't kaulilahan ang
bundok ng Seir at wala nang maglalakad doon.
8 Mapupuno ng bangkay ang mga bundok; ma-
bubuwal sa mga burol, lambak at bangin ang
mga biktima ng tabak. 9 Mananatili kang wasak
magpakailanman, wala nang maninirahan pa sa
iyong mga bayan, at sa gayo'y makikilala mo na
ako si Yawe.

10 Sinabi mo, 'Magiging akin ang dalawang
bansang ito na kinaroroonan ni Yawe. 11 Dahil
diyan, saksi ang buhay ko, pahayag ni Yawe,
pakikitunguhan kita alinsunod sa iyong pagka-
muhi at pagkainggit sa kanila, at ipakikilala ko
ang aking sarili sa pamamagitan mo kapag
hinatulan na kita. 12 Sa gayo'y mababatid mo na
narinig ko, ni Yawe, ang lahat ng pag-alipustang
binigkas mo laban sa kabundukan ng Israel,
gaya ng: 'Wasak na sila, ibinigay na sila sa atin
upang pagpasasaan.' 13 Narinig ko nga ang labis
mong pangmamata at pagmamayabang laban
sa akin.

14 Kaya nga sinasabi ni Yawe: "Samantalang
nagagalak ang sangkalupaan, ikaw nama'y
mamamanglaw. 15 Yamang nagbunyi ka nang
mawasak ang pamana ng Israel, gayundin ang
sasapitin mo. Magiging ilang ka, bundok ng Seir,
at lilipulin ang buong Edom. Makikilala ng mga
tao na ako si Yawe."

**Sama-samang titipunin ang Israel**

**36** 1 "Anak ng tao, magpahayag ka tungkol
sa kabundukan ng Israel, at sabihin mo:
Kabundukan ng Israel, dinggin ang salita ni
Yawe. 2 Sinabi ng iyong mga kaaway, 'Aha, sa
amin na ang mga bundok na ito!' 3 Kinainggitan
at pinag-imbutan ka sa lahat ng panig. Nasakop
ka ng mga ibang bansa, kaya nga naging paksa
ka ng mga usap-usapan." 4 Dahil diyan, kabun-
dukan ng Israel, pakinggan mo ang salitang ito
ni Yawe. Sinasabi ni Yawe sa mga bundok, mga
burol, mga bangin at kapatagan, sa mga ulilang
guho at mga bayang walang tao na sinamsam at
hinamak ng mga nakapaligid na bansa: 5 "Tunay
na sa apoy ng aking panibugho, magsasalita
ako laban sa ibang mga bansa, sa buong Edom
na buong tuwa at kasakimang sumakop sa
aking lupain at nanamsam sa pastulan niyon.

6 Magpahayag ka ngayon tungkol sa Israel.
Sabihin mo sa mga bundok, mga burol, mga
bangin at kapatagan na ito ang salita ni Yawe na
nag-aalab sa panibugho. 7 Sinasabi nga ni Yawe:
"Isinusumpa ko nang nakataas ang kamay,
daranas ng pagkadusta ang mga bansang naka-
paligid sa inyo. 8 Ngunit ikaw, kabundukan ng
Israel, magkakaroon ka ng malalabay na puno
at saganang bunga para sa aking bayang Israel
pagkat pabalik na sila.

9 Tunay na hinarap kita't niyukuan; bubung-
kalin ka at hahasikan ng binhi. 10 Pararamihin ko
ang mga tao, sa buong Israel. Paninirahanan

---

• **35**.1 Hindi ang pagbagsak ng Jerusalem ang katapusan ng kahihiyan ng mga Judio. Pagkaalis ng mga mananakop nang taong 587, sinamantala ng maliit na bayan ng Edom ang sitwasyon at nilusob ang Palestina. Tinangka nilang sakupin ang mga teritoryo ng mga Judio at ng mga Israelita: *ang dalawang bansa.*

ang mga bayan at muling itatayo ang mga guho.
11 Kakapal ang tao't hayop at magiging pala-
anakin. Magiging mabilis ang kanilang pagdami
gaya ng una, at makikilala nila na ako si Yawe.
12 Muli kang lalakaran ng kalalakihan at kaba-
baihan ng Israel. Aangkinin ka nila. Muli kang
magiging kanilang pamana, at hindi mo na sila
kailanman babawian ng kanilang mga supling."
13 Nagsasalita si Yawe: "Ayon sa kanila'y
naninila ka ng tao at binabawian mo sila ng mga
anak. 14 Ngunit hindi ka na kailanman maninila
pa ng tao ni magnanakaw ng mga anak ng iyong
mga mamamayan. 15 Wala ka nang maririnig
pang panghahamak ng mga bansa at pang-
aalipusta ng ibang mga lupain." Ito ang salita ni
Yawe.

16 Dumating sa akin ang salita ni Yawe nang
ganito: 17 "Anak ng tao, noong manirahan ang
Israel sa kanyang sariling lupa, pinarumi niya
iyon sa kanyang pamumuhay at mga gawain.
Para sa akin ang kanilang gawi ay tulad ng
karumihan ng isang babaeng may buwanang
dalaw.
18 Ibinuhos ko sa kanila ang aking poot dahil
sa dugong ibinuhos nila sa lupa at dahil sa
pinarumi nila ito sa kanilang mga diyus-
diyusan. 19 At pinapangalat ko sila sa mga
bansa. Hinatulan ko sila alinsunod sa kanilang
pamumuhay at mga gawa.
20 Ngunit nang itapon sila sa mga ibang bansa
ay nalapastangan ang aking banal na Pangalan,
sapagkat ganito ang sinabi ng iba tungkol sa
kanila: 'Napalayas sa kanyang lupain ang
bayan ni Yawe!' 21 Nabahala ako tungkol sa
aking banal na Pangalang nalapastangan dahil
sa Israel na nangalat sa mga bansa. Kaya nga-
yo'y sabihin mo sa sambayanan ng Israel:

**Ang bagong puso**

• 22 Hindi alang-alang sa inyo ang aking
gagawin kundi dahil sa aking banal na
Pangalang nalapastangan sa mga lugar
na inyong pinatunguhan. 23 Ipakikilala ko
ang kabanalan ng aking dakilang Panga-
lan, na nalapastangan sa mga bansa dahil
sa inyo, at mababatid nilang ako si Yawe
kapag ipinamalas ko na sa kanila ang
aking kabanalan sa piling ninyo.
24 Sapagkat titipunin ko kayo buhat sa
lahat ng bansa at ibabalik sa inyong sa-
riling lupa. 25 At bubuhusan ko kayo ng
dalisay na tubig upang luminis kayo sa-
pagkat pinarumi kayo ng inyong mga
diyus-diyusan. 26 Bibigyan ko kayo ng
isang bagong puso at ilalagay ang isang
bagong espiritu sa loob ninyo. Aalisin ko
sa inyo ang pusong bato at bibigyan ko
kayo ng pusong laman. 27 Ilalagay ko sa
inyong kalooban ang aking espiritu at
nang sumunod kayo sa aking mga kau-
tusan. 28 Mamumuhay kayo sa lupang
ipinagkaloob ko sa inyong mga magu-
lang. Magiging bayan ko kayo at ako ang
inyong Diyos.
29 Papawiin ko ang lahat ninyong

---

• **36.**22. *Bibigyan ko kayo ng isang bagong puso.* Marami ang nag-aakala na imposibleng baguhin ang puso ng tao. Dahil wala nang pag-asa ang ilan na mapagbago ang tao, tinatanggap na nila kung ano ito, at mas ginugustong pagtakpan na lamang ang kapurulan ng diwa at pagkamakasalanan. Sumasama naman ang loob ng iba laban sa lahat at tungkol sa lahat.

Sa tekstong ito na katulad na katulad ng sinasabi sa Jeremias 31:31 at Ezekiel 11:19, *isang bagong puso* ang iniaalok ng Diyos sa magiging bayan niya sa hinaharap. Ipinakita ng karanasan ng bayang Judio na mahina ang tao at walang sinumang makasusunod sa mga utos. Ngunit kung personal na kilala ng tao ang kanyang Diyos, kung nagagawa niyang matalik na makibahagi sa buhay ng Diyos, ano't hindi siya makapagbabago at mababago?

Ito ang kahulugan ng salitang *pagbabalik-loob.* Ang pagbabalik-loob ay pagbalik sa Diyos matapos lumayo sa kanya. Una, may pagbabagong nagaganap sa *puso,* na ibig sabihi'y sa kaloob-looban ng katauhan. Kasunod nito ang pagbabago ng kaisipan at saloobin. Ang totoo'y ang Diyos ang siyang bumabago sa tao, sa pagmamahal dito, sa pag-akit at pagkakaloob dito ng kanyang Espiritu na bumabagong-anyo sa tao upang maging bagong nilalang ito. *Aalisin ko sa inyo ang pusong bato at bibigyan ko kayo ng pusong laman.* Ito ang magiging Bagong Tipan.

Dito maaaring makita ang kaibhan ni Jeremias kay Ezekiel. Si Ezekiel ay binigyan ng Diyos ng gawaing pastoral: kailangang hubugin niya sa loob ng mahabang panahon ang mga magtatayong muli sa Israel. Inihahanda ni Ezekiel ang malapit na hinaharap. *Ibabalik ko kayo sa inyong sariling lupa:* uulit-ulitin ito ni Ezekiel. Nasa hanay siya ni Moises; sunod kay Moises, isa siya sa mga kailangang mamuno sa bayang Israel. Dahil sa kanyang mga tungkulin bilang pastol, hindi niya nakita na ang *isang bagong puso* ay nangangahulugan ng lubusang pagbabago sa kasaysayan ng Israel: pumasok man muli ang mga Judio sa kanilang lupain, wala na ang panahon ng kanilang kaharian at bale-wala na ang kanilang mga pambansang adhikain. Sa kabilang dako, walang gayong pananagutan si Jeremias, kaya isinabuhay niya nang lubos ang trahedya, at sa gayong mga sandali'y nakita niya na ang kasaysayan ng Israel – bayan ng Diyos sa lupa ng Diyos – ay patapos na: kailangang dumating ang Ebanghelyo.

karumihan. Inutusan ko ang trigo na mag-
pakarami at nang hindi na kayo ma-
gutom. 30 Pasasaganain ko ang mga bu-
ngangkahoy at ang ani ng mga bukirin
upang huwag na kayong dustain ng mga
bansa dahil sa inyong pagkagutom.

31 Sa gayon magugunita ninyo ang inyong
masamang pamumuhay at mga gawang di-
mabuti at kasusuklaman ninyo ang sarili dahil
sa inyong mga pagkakasala at buktot na
gawain. 32 Talagang hindi ko ginagawa ito
alang-alang sa inyo, sabi ni Yawe. Dapat nin-
yong malaman ito at makadama kayo ng pag-
kahiya at pagkaaba dahil sa inyong gawi, Is-
rael!"
33 Ito ang sabi ni Yawe: "Pag nalinis ko na
kayo sa lahat ninyong pagkakasala, muli kong
pupunin ng tao ang mga lunsod at itatayo ang
mga guho. 34 Bubungkalin ang lupain mong
tiwangwang na namalas ng nagdaraan. 35 Kaya
masasabi ng lahat, 'Isa nang halamanan ng
Eden ang dating tiwangwang na lupang ito; at
ang dating wasak na mga siyudad ay naging
maayos at matao.' 36 Makikilala ng mga ban-
sang nanatili sa inyong paligid na akong si Yawe
ang muling nagtayo ng wasak na lunsod at
muling naglagay ng mga pananim sa lupang
tiwangwang. Akong si Yawe ang nagsalita at
tutuparin ko ito."
37 Sinasabi ni Yawe: "Minsan pang diringgin
ko ang kahilingan ng Israel at tatangkilikin sila.
Pararamihin ko ang mga mamamayan na gaya
ng tupa, 38 singkapal ng kawang dinala nila sa
templo ng Jerusalem noong banal nitong kapa-
nahunan. Mapupuno ng tao ang mga wasak na
lunsod, at makikilala nila na ako si Yawe."

**"Mga tuyong buto, pakinggan ninyo ang salita ni Yawe."**

**37** • 1 Sumaakin ang kamay ni Yawe.
Dinala niya ako sa espiritu sa gitna
ng isang lambak na puno ng buto. 2 Pina-
lakad niya akong palibut-libot sa mga
iyon, at nakita kong napakaraming bu-
tong nagkalat sa lupa sa lambak. Tuyung-
tuyo ang mga iyon.
3 Sinabi niya sa akin, "Anak ng tao,
muli bang mabubuhay ang mga buto na
ito?" Tumugon ako, "Panginoong Yawe,
ikaw lamang ang nakaaalam." 4 Pagka-
raan sinabi niya, "Ipahayag mo ang aking
salita sa mga buto na ito. Sabihin mo sa
kanila: Mga tuyong buto, pakinggan ang
salita ni Yawe! 5 Sinasabi ni Yawe sa mga
butong ito: Papapasukin ko sa inyo ang
espiritu at muli kayong bubuhayin. 6 La-
lagyan ko kayo ng mga litid at patutubuin
ang laman sa inyo. Babalutin ko kayo ng
balat at ibibigay sa inyo ang aking Espiritu
at mabubuhay kayo. At makikilala ninyo
na ako si Yawe."
7 Pagkapagpahayag ko, gaya ng iniutos
sa akin, maingay na naggalawan ang mga
buto na nagsilapit sa isa't isa. 8 At nakita
kong nagkaroon ng mga litid at mga la-
man na natakpan ng balat. Ngunit walang
espiritu sa mga iyon.
9 Kaya sinabi niya sa akin, "Tumawag
ka para sa akin sa Espiritu. Magpahayag
ka, anak ng tao, at magsabi sa Espiritu:
Ito ang salita ni Yawe: Espiritu, halika
mula sa apat na hangin. Hingahan mo ang
mga patay na kalansay na ito upang ma-
buhay."
10 Pagkapagpahayag ko, gaya ng ini-
atas, pumasok ang espiritu sa mga ka-
lansay at nabuhay sila. Nang tumayo,
singkapal sila ng isang napakalaking
hukbo.

---

• **37.**1 *Muli bang mabubuhay ang mga butong ito?* Ipinahahayag ng pahinang ito ang restorasyon ng Israel na patay sa buong kahulugan ng salitang patay.

*Natuyo ang aming mga buto.* Ang tuyo at nagkalat na kalansay ay kumakatawan sa Israel na ipinatapon at pinangalat. Sa loob ng maraming taon, naniwala ang bayang Israel na ipakikita ng Diyos ang kanyang luwalhati sa daigdig sa pagbibigay sa kanila ng kasaganaan at mga mahimalang pagpapalaya. Ngunit ang mga ito'y mga pangarap lamang ng tao. Ang plano ng Diyos ay turuan ang kanyang bayan sa pamamagitan ng daan-daang taon ng pakikibaka, pagkakamali at paghihirap. Hindi mararating ng mga bansa gaya ng mga tao ang tunay nilang paglago at pamumunga nang hindi nagdaraan sa kamatayan ng kanilang kapalaluan at mga ambisyon. Sa mismong pagkakataong ito ipinadadala ng Diyos ang salita na nagpapabangon sa mga patay.

*Ibibigay ko sa inyo ang aking Espiritu at mabubuhay kayo* (6). Sa una'y sinugo ng Diyos ang kanyang mga propeta. Nahulog sa lupa na parang binhi ang kanilang mga salita na hindi gaanong pinakinggan nang nabubuhay pa sila. Pagkaraan ng ilang taon, may lilitaw na ilang tao na muling magtatatag sa bansa kasama nina Esdras at Nehemias.

Kapag pinag-uusapan ang muling pagkabuhay,

11 Sinabi niya sa akin, "Anak ng tao, ang
mga buto na ito ay ang buong Israel. Lagi
nilang sinasabi: 'Tigang ang aming buto,
walang pag-asa, ito na ang aming wakas.'
12 Kaya magpahayag ka. Sabihin mo sa
kanila: Ito ang salita ni Yawe: Bubuksan ko
ang inyong libingan. Iaahon ko kayo sa
inyong mga puntod, aking bayan, at
aakaying pabalik sa lupang Israel. 13 Maki-
kilala ninyo na ako si Yawe, O bayan ko,
kapag binuksan ko na ang inyong libingan
at inilabas kayo roon, 14 kapag inilagay ko
sa inyo ang aking Espiritu at nabuhay
kayo. Itatatag ko kayo sa inyong lupain, at
mababatid ninyo na akong si Yawe ang
nagsabi at tumupad sa aking sinabi."

• 15 Dumating sa akin ang salita ni Yawe:
"Anak ng tao, kumuha ka ng isang pirasong
kahoy at isulat mo: 'Juda at mga Israelitang
tapat sa kanya.' 16 Kumuha ka uli ng isang
pirasong kahoy at isulat mo: 'Jose, sanga ng
Efraim at mga Israelitang tapat sa kanya.'
17 Pagsugpungin mo ang dalawa upang maging
isa lamang pirasong kahoy sa iyong kamay.
18 Pag itinanong ng mga kababayan mo ang
kahulugan ng mga kahoy na iyon, 19 sabihin mo
sa kanila na ito ang wika ni Yawe: Kukunin ko
ang sanga ni Jose sa kamay ni Efraim at ang
mga tribo ng Israel na tapat sa kanya; isasama
ko sa kanila ang sanga ni Juda at magiging isa
silang dalawa sa aking kamay. 20 Hahawakan
mo sa kanilang harap ang mga piraso ng kahoy
na iyong sinulatan, 21 at sasabihin mo sa kanila
na ito ang sinasabi ni Yawe: Malapit ko nang ialis
ang mga Israelita sa mga bansang kinaroroonan
nila. Titipunin ko sila mula sa pali-paligid at
ibabalik sa kanilang lupain.

22 Gagawin ko silang isang bayan sa kabun-
dukan ng Israel, at isang hari ang magiging hari
nilang lahat. Hindi na kailanman sila mahahati
pa sa dalawang kaharian, 23 ni hindi na rin nila
parurumihin ang sarili sa kanilang mga kasuk-
lam-suklam na diyus-diyusan at paglabag.
Palalayain ko sila sa kanilang paghihimagsik at
kabuktutan; lilinisin ko sila, at magiging isang
bayan sila para sa akin at ako ang Diyos para sa
kanila. 24 Maghahari sa kanila ang lingkod kong
si David – isang pastol nilang lahat. Mamu-
muhay sila alinsunod sa aking mga kautusan;
matutupad nila at isasabuhay ang aking mga
batas. 25 Maninirahan sila sa lupaing ipinagka-
loob ko sa aking lingkod na si Jacob, doon sa
tinirhan ng kanilang mga magulang. Doon sila
maninirahan magpakailanman, ang kanilang
mga anak at ang mga anak ng mga iyon. Ma-
giging kanilang prinsipe magpakailanman si
David na aking lingkod.

26 Magtatatag ako ng isang tipan ng kapa-
yapaan sa kanila, isang walang hanggang tipan.
Darami sila at ilalagay ko magpakailanman sa
kanilang piling ang aking santuwaryo. 27 Sa
kanilang piling ako mananahan; ako ang ma-
giging Diyos nila at sila ang aking bayan. 28 At
makikilala ng mga bansa na ako si Yawe na
nagpapabanal sa Israel kapag nasa kanila na
magpakailanman ang aking santuwaryo."

**Gog at Magog**

**38** • 1 Dumating sa akin ang salita ni Yawe:
2 "Anak ng tao, harapin mo si Gog sa
lupain ng Magog, ang punong prinsipe ng Mesec

---

muling pagkabuhay ng mga tao ang lagi nating iniisip. Tungkol dito ang sinasabi sa Juan 5:25-28 at ipinakita niya kung paanong tinatawag ni Kristo ang mga patay na magbangon mula sa kasalanan o mula sa kamatayan. Ngunit ipinakikita rin sa atin ng kasaysayan na hindi lamang minsan ibinabangon ng Diyos ang kanyang bayan kundi maraming ulit, at araw-araw pa nga gaya ng makikita sa kasalukuyang kasaysayan ng ating Iglesya.

• 15. Ang kanilang pagkakahati mula nang mamatay si Solomon ang "kasalanang orihinal" ng bansang Judio.

Sa Israel na muling itinayang alisin at lulunasan ang pagkakahati: magkakaroon ng *isang bansa at isang pastol* (tingnan Jn 10:16).

Kahit na nakauwi na ang mga bihag mula sa Babilonia, nauunawaan pa rin ng Israel na dapat niyang tipunin ang kanyang mga anak na nangibang-bansa sa lahat ng dako sa daigdig. Gayundin naman, nais ni Jesus na tipunin ang lahat ng watak-watak na mga anak ng Diyos (Jn 11:52), dahil dumating siya hindi lamang para sa mga Judio kundi para sa lahat din ng kabilang sa ibang kawan (Jn 10).

Sa pagninilay sa pinalawak na misyong ito ng mga alagad ni Jesus, nagiging malinaw na ang pagtitipon ay hindi nangangahulugang ang pagtitipon ng lahat ng tao ng isang bansa ni ang pagtatadhana sa kanila ng mga parehong institusyon. Para sa kanila, ito'y ang pagbuo ng isang katawang buhay at dito lalago ang lahat ng makatao pati na ang natatangi sa bawat isa. Regalo ng Diyos ang ganitong pagkakaisa: ang marating ito ay mangangahulugang sumapit na tayo sa wakas ng kasaysayan.

Samantala, upang maging Bagong Bayan ng Diyos sa katotohanan, kailangang maging isa ang Iglesya kahit na sa nakikitang istruktura nito. Ang mahati ito ay pagbabalik sa kasalanan ni Yeroboam.

• **38.**1 Inihahayag ng mga kabanata 38 at 39 ang

at Tubal, at magpahayag ka laban sa kanya.
3 Sabihin mong pakinggan niya ang salita ni
Yawe: Darating akong kalaban mo, Gog, pu-
nong prinsipe ng Mesec at Tubal. 4 Paiikutin kita,
lalagyan ng mga kawit sa panga, at ilalabas kita
sampu ng iyong buong hukbo, mga kabayo at
mangangabayo – isang makapal na hukbong
nasasandatahang lubos, may kalasag at baluti
at nagkikislapang tabak. 5 Kasama nila ang Per-
sia, Kus at Put; may baluti at helmet silang lahat.
6 Kasama rin ang Gomer at ang kanyang mga
batalyon, ang Bet-togarma mula sa dulong Hi-
laga at ang kanyang mga batalyon, kasama mo
ang maraming bansa.

7 Humanda ka, ikaw at lahat ng hukbong
natitipon sa paligid mo, sapagkat magagamit
kita. 8 Pagkaraan ng maraming araw, bibigyan
ka ng isang misyon; sa mga darating na taon,
sasakupin mo ang isang lupaing nagbangon
mula sa digma at nagtipon sa mga mamamayan
niyon mula sa maraming bansa at dinala sa
kabundukan ng Israel na kaytagal na naging
tiwangwang. Matiwasay na ngayon ang samba-
yanang yaon na hinango sa mga bansa. 9 Lulu-
subin ninyong parang unos iyon, kakalatan
ninyong parang ulap – ikaw at lahat mong hukbo
at maraming bansang kasama mo.

10 Sinabi ni Yawe: "May maiisip ka at mag-
babalak ka ng masama sa araw na iyon. 11 Isa-
saloob mong 'Lulusubin ko ang mga bayang
walang tanggulan, ang mga taong tahimik na
namumuhay na walang mga pader at pintuang
bakal. 12 Mang-aagaw ako't mananamsam. Sa-
salakayin ko ang lupaing ngayo'y muling pina-
mamayanan ng mga taong tinipon buhat sa mga
bansa at nangangalakal at nag-aalaga ng ku-
makapal na hayupang nasa isang lupaing pusod
ng daigdig.'

13 Itatanong sa iyo ng mga taga-Seba at De-
dan at lahat ng mangangalakal ng Tarsis: 'Na-
parito ka ba upang magnakaw? Nagtipon ka ba
ng ganyang hukbo upang mang-agaw at ma-
namsam?' At magdadala sila ng pilak at ginto
upang makuha ang mga baka at mabili ang
marami mong sinamsam.

14 Kaya nga, anak ng tao, ipahayag mo kay
Gog ang salita ko: Sa araw na iyong tahimik na
namumuhay ang aking bayang Israel, darating
ka mula sa malayong hilaga, 15 ikaw at ang
maraming bansang kasama mong pawang na-
kakabayo – isang makapal na hukbo. 16 Parang
ulap na bumabalot sa lupa, lulusob kayo sa
aking bayang Israel. Sa malayong panahon pa
mangyayari iyon. Dadalhin kita laban sa aking
bayan upang makilala ako ng mga bansa,
pagkat ihahayag ko ang aking kabanalan sa
pamamagitan mo, Gog!

17 Sabi pa ni Yawe: "Ikaw ang aking tinukoy
noong mga naunang panahon sa pamamagitan
ng aking mga lingkod na propeta ng Israel. Ikaw
ang sinabi nilang palulusubin ko sa kanila sa
malayong haharapin. 18 Sa araw na iyon, pag-

---

paglusob ng mga bansang nagkakaisa laban sa kaharian Israel matapos itong itayong muli. Ang mga bansang iyon ang mga nasa hilaga, malapit sa Dagat na Itim. Isang mahimalang tagumpay ni Yawe ang ipinahahayag para sa panahong iyon.

Kung aalisin natin ang wakas ng kabanata 39 (17-29), halos matitiyak na hindi galing sa kamay ni Ezekiel ang mga pahinang ito at walang kinalaman sa kanyang misyon. Ngunit isiningit sa kanyang aklat ang mga ito sa panahon ng mga Macabeo. Tulad ng sinasabing "mga propesiya ni Daniel," kabilang ang mga ito sa apokaliptikong literatura na kinalugdan ng mga Judio dalawang dantaon bago dumating si Kristo at sa sumunod na dantaon (tingnan ang Introduksyon sa Daniel).

Pinalalabas na galing kay Ezekiel ang di-deretsahang paglalarawang ito sa mga paglusob ng mga taga-Siria sa panahon ng mga Macabeo. Gayong ang totoo'y sinulat ito ng isang taong nabuhay sa panahon ng mga digmaang iyon. At ipinahayag niya ang kanyang katiyakang agad na dudurugin ng Diyos ang mga taga-Siriang umuusig sa kanila.

Sa mga apokaliptikong aklat, karaniwan na ang paggamit ng kumplikadong mga larawan, ang pagbibigay-diin at pagpapahayag sa bawat pagkakataon ng mga kahanga-hangang pakikisangkot ng Diyos. Ang ganitong kumplikadong estilo ay lagi nang nagpapasigla sa mga taong di-gaanong nakapag-aral: nais nilang makatagpo rito ng ilang tunay at matandang propesiya na angkop sa ating panahon. Hinding-hindi mauubusan ng mga detalyeng kapag inintindi nang literal at binanat ay maiuukol sa mga eruplano, tangke, at digmaang kemikal na lason ang gamit... Madaling makikita ng sinuman, kahit na walang malaking kaalaman sa Biblia, ang katunayan ng sarili niyang pangarap.

Sinasabi sa atin ng mga apokaliptikong pahina ng Biblia na magwawakas ang kasaysayan ng mundo sa tunggalian ng mga tumatanggap sa alok ng Diyos at ng mga tumatanggi rito. Hindi ang mundong ito na ating itinatayo ang kaharian ng Diyos, bagamat kailangan natin itong itayo upang ihanda ang bago at walang-hanggang daigdig na ibibigay ng Diyos ayon sa sarili niyang pamamaraan.

Subalit ang umasang gagawin ng Diyos ang lahat ay puwedeng maging ilusyon at panlilinlang. Kaya naman may ilang mananampalataya na nagiging pesimista: iniisip nilang mas malakas ang masama at walang anumang magagawa kundi hintaying dumating ang Diyos para aregluhin ang lahat. May iba namang patay na patay sa mga "rebelasyon," at "mga parusa at kapahamakan" ang inihuhula. Patuloy naman ang iba sa pagiging sarado sa kanilang mga grupo o mga sekta na parang nasa nangaunting grupo ng mga ligtas na at namumuhay na hiwalay sa iba pa, ibig sabihi'y tumatalikod sila sa tunay na buhay.

dating ni Gog sa lupaing Israel – salita ni Yawe –
magbabangon ang aking poot. 19 Sinasabi ko sa
aking panibugho at pagkagalit: Sa araw na iyon
ay lilindol nang napakalakas sa Israel. 20 Sa
harap ko'y mangangatal ang mga isda sa dagat,
ang mga ibon sa himpapawid, ang mga hayop
sa parang, ang mga nilalang na gumagapang sa
lupa at lahat ng tao. Babagsak ang mga bundok,
guguho ang mga dalisdis at mga pader.
21 Tatawagin ko ang tabak laban kay Gog sa
lahat ng aking kabundukan – sabi ni Yawe.
Magpapatayan sila-sila. 22 Salot at pagkamatay
sa tabak ang ipaparusa ko kay Gog. Magpa-
padala ako ng bumabahang ulan, bumubuhos
na graniso at nagbabagang asupre sa kanya at
sa kanyang mga hukbo at sa maraming ban-
sang kasama niya. Ihahayag ko ang aking sarili
bilang Dakila at Ang Banal sa paningin ng
maraming bansa, at makikilala nila na ako si
Yawe."

## 39

1 Anak ng tao, magpahayag ka laban
kay Gog! Sabihin mo sa kanyang ganito
ang wika ni Yawe: Darating ako laban sa iyo,
Gog, punong prinsipe ng Mesec at Tubal. 2 Ka-
pag naiahon kita buhat sa dulong hilaga at
nadala sa kabundukan ng Israel, 3 babaliin ko
ang busog na hawak mo sa kaliwa at ang mga
palasong hawak mo sa kanan. 4 Mabubuwal ka
sa kabundukan ng Israel, ikaw at ang iyong
hukbo at mga bansang kasama mo. Ipauubaya
kita sa lahat ng buwitre at iba pang ibon at
mababangis na hayop. 5 Mabuwal ka nga sa
parang, pagkat iyan ang sinabi ko," wika ni
Yawe. 6 Padadalhan ko ng apoy ang lupain ng
Magog at lahat ng tahimik na naninirahan sa
mga pulo, at makikilala nilang ako si Yawe.
7 Ihahayag ko ang aking banal na pangalan sa
aking bayang Israel. Hindi ko na kailanman
papayagang lapastanganin pa ang banal kong
pangalan. At makikilala ng mga bansa na ako si
Yawe, ang Banal ng Israel.
8 Magaganap ang lahat ng ito, sabi ni Yawe.
Ito ang araw na tinukoy ko noon pa. 9 Pagkaraan
niyon, lalabas ang mga naninirahan sa mga
bayan ng Israel at magpaparikit ng apoy; at
gagamitin nilang panggatong ang iyong mga
sandata: mumunti't malalaking kalasag, busog
at pana, pamaluka't sibat. Pitong taong iga-
gatong nila ang mga iyon; 10 hindi na kakaila-
nganing manguha pa ng kahoy na panggatong
sa parang o sa gubat, yamang napakarami ng
sandatang dapat sunugin. Aagawan nila ang
nang-agaw sa kanila at sasamsaman ang na-
namsam sa kanila." Ito ang salita ni Yawe.
11 Sa araw na iyon, ibibigay ko sa Gog ang
isang bantog na libingan sa Israel, ang kapa-
tagan ng Abarim na nasa silangan ng dagat, ang
kapatagang humahadlang sa mga manlalak-
bay. Doon ililibing si Gog at ang kanyang mga
hukbo, at tatawagin iyong ang Kapatagan ng
Pulutong ni Gog. 12 Kakailanganin ang pitong
buwan upang mailibing ang mga patay at ma-
linis ang lupain. 13 Magtutulung-tulong ang lahat
ng mamamayan sa paglilibing sa mga patay, at
ito ang magiging karangalan nila sa araw na
ako'y luwalhatiin, sabi ni Yawe. 14 Pitong bu-
wang gagala ang mga tao sa buong lupain sa
paghahanap ng bangkay na ililibing. 15 Kapag
nakatagpo ng bangkay, maglalagay sila ng bun-
ton ng mga bato sa tabi niyon hanggang sa
mailibing iyon ng mga maghuhukay sa Kapa-
tagan ng Pulutong ni Gog 16 (Pulutong ang pa-
ngalan ng bayan). Sa gayong paraa'y malilinis
ang lupain.
17 At ngayon, anak ng tao, sabi ni Yawe,
"Magsalita ka sa lahat ng ibon at maiilap na
hayop: Magkakasama kayong parito buhat sa
lahat ng dako para sa sakripisyong inihahanda
ko sa inyo, isang dakilang pag-aalay sa kabun-
dukan ng Israel kung saan kakain kayo ng
laman at iinom ng dugo, 18 laman ng mga bayani
at dugo ng mga prinsipe ng daigdig. Sila'y
pawang tupa, kambing, baka – mga patabaing
hayop buhat sa Basan. 19 Kakanin ninyo ang
lahat ng tabang nais ninyo at iinom kayo ng
dugo hanggang sa malasing sa sakripisyong
inihahanda ko para sa inyo. 20 Mabubusog kayo
sa kabayo, mangangabayo, bayani at kawal –
lahat ng uri nila, sabi ni Yawe. 21 Ipakikita ko ang
aking kaluwalhatian sa lahat ng bansa, at maki-
kilala nila ang aking paghatol at ang parusang
ilalapat ko sa kanila.
22 Mula sa araw na iyon, makikilala ng Israel
na ako si Yawe, ang kanilang Diyos. 23 At mau-
unawaan ng mga bansa na itinapon ang Israel
dahil sa kanilang pagkakasala, sapagkat hindi
sila naging tapat sa akin; kaya itinago ko sa
kanila ang aking mukha, ibinigay ko sila sa
kanilang mga kaaway at nalipol sila sa tabak.
24 Pinakitunguhan ko sila nang marapat sa
kanilang kasalaulaan at kasalanan, at inilingid
ko sa kanila ang aking mukha.
25 Kaya nga sinasabi ni Yawe: "Ngayon, dahil
sa pagkahabag ko sa Israel, ibabalik ko ang
itinapong mga mamamayan ng Jacob at bi-
bigyan ko ng kaluwalhatian ang banal kong
pangalan. 26 Malilimutan nila ang kanilang pag-
kadusta at ang kataksilang ginawa nila sa akin,
kapag tahimik na silang namumuhay sa ka-
nilang lupain at walang gumagambala sa kanila.
27 Kapag natipon ko na sila mula sa mga bansa

at naialis sa lupain ng kanilang mga kaaway,
ipamamalas ko ang aking kabanalan sa mga
bansa sa pamamagitan nila. 28 Makikilala nila na
ako si Yawe, ang kanilang Diyos, kapag naibalik
ko na silang sama-sama sa kanilang sariling
lupa at walang naiwang sinuman sa mga
bansang pinagtapunan sa kanila. 29 Hindi ko na
sila pagtataguan pa ng aking mukha sapagkat
ibubuhos ko ang aking Espiritu sa sambayanan
ng Israel – sabi ni Yawe."

## *ANG TORE NI EZEKIEL*

### Ang Templo sa Hinaharap

**40** • 1 Noong ikadalawampu't limang taon
ng aming pagkabihag, sa pagsisimula
ng taon, sa ikasampung araw ng buwan, labing-
apat na taon makaraang sakupin ang Jerusa-
lem, sumaakin ang kamay ni Yawe. 2 Sa isang
banal na pangitain, dinala niya ako palayo sa
lupang Israel at inilapag sa isang napakataas na
bundok, kung saan waring may nakatayong
lunsod sa gawing timog. 3 Dinala niya ako sa
lunsod, at nakita ko roon ang isang lalaking
parang tanso ang ayos. May hawak siyang
pising lino at panukat at nakatayo sa bungad ng
pintuan. 4 Sabi sa akin ng lalaki, "Anak ng tao,
pakinggan mong mabuti at tingnang mataman
ang lahat ng ipakikita ko sa iyo, yamang iyan
ang dahilan kaya dinala ka rito. Sabihin mo sa
Israel ang lahat ng makikita mo."

Naliligid ng pader ang Bahay, at ang tao ay
may hawak na panukat na tatlong metro (anim
na siko) ang haba. Sinukat niya ang kapal ng
pader – isang panukat; at ang taas – isa ring
panukat.

6 Nagtungo siya sa silangang pintuan, su-
mampa sa mga baitang at sinukat ang bungad:
isang panukat ang lalim. May luwang at habang
tig-isang panukat 7 ang bawat silid-bantayan;
limang siko ang kapal ng pader na nakapagitan
sa mga silid-bantayan. 8 Mula sa portiko ng
pintuan papaloob, isang panukat ang haba ng
bungad. 9 Sinukat niya ang portiko, walong siko:
dalawang siko ang mga haligi niyon. Nasa
gawing loob ang portiko ng pintuan. 10 May
tigatlong silid-bantayan sa magkabilang panig
ng silangang pintuan; magkakapareho ang
sukat ng mga iyon, gayundin ang kapal ng mga
pader sa pagitan ng mga silid. 11 Sinukat niya
ang luwang ng pasukan, sampung siko; at ang
kabuuang luwang nito patungong tarangkahan,
labintatlong siko. 12 May barandilya sa harapan
ng mga silid-bantayan; may sukat na isang siko
ang bawat barandilya sa magkabilang panig.
Anim na sikong parisukat ang mga silid-ban-
tayan sa magkabilang panig. 13 Sinukat niya ang
luwang ng pintuan mula sa panlikod na pader ng
isang silid-bantayan hanggang sa panlikod na
pader ng katapat na silid: dalawampu't limang
siko mula sa bintana ng isa hanggang sa bintana
ng katapat. 14 Sinukat niya ang pasukan: dala-
wampung siko. Kasunod ng portiko ng pintuan
ang panlabas na liwasan. 15 Limampung siko
mula sa dulo ng tarangkahan hanggang sa
katapat na portiko. 16 May natatabingang mga
bintana sa mga silid-bantayan, gayundin sa loob
ng portiko. Napapalamutihan ng mga dibuhong
palma ang mga haligi.

17 Bumagtas kami patungo sa patyo sa labas.
May mga silid doon at isang terasang na-
lalatagan ng bato. May tatlumpung silid sa
18 terasang abot hanggang sa mga gilid ng ta-
rangkahan at sinhaba nito. Tinawatawag iyon
na Mababang Terasa. 19 Sinukat niya ang pat-
yo sa labas mula sa mababang tarangkahan
hanggang sa labas ng patyo sa loob: sandaang
siko.

---

• **40**.1 Sa ika-25 taon ng kanyang pagkatapon (o noong 571), tinanggap ni Ezekiel ang pangitaing inilalahad niya sa mga kabanata 40-48, tungkol sa bagong lupain ng Palestina. Isa itong huwarang pangitain, na masasabing isang paglalarawan sa bagong Israel bilang isang daigdig na walang kapintasan.

Ang Luwalhati ni Yawe (tingnan 1:4) ay nagbabalik sa Jerusalem mula sa Babilonia upang mapasakanya ang kanyang Templo. Isang ilog ang umaagos sa ilalim ng Templo at lumalawak, pinatataba ang mga lupa: ito ang tanda ng lahat ng uri ng pagpapalang nagmumula sa presensya ni Yawe sa piling ng kanyang bayan. Inilalarawan din ang paghahati ng lupain sa labindalawang tribu, na pagbalik sa matandang istruktura ng bayang Israel.

Sa pangitaing ito, tinitiyak ni Ezekiel sa kanyang mga kasamahan na may pag-asa para sa kanila: muling mabubuhay ang bayan, at ang kanilang misyon ay magiging panrelihiyon dahil sa Templo masesentro ang buhay-bansa. Medyo nakababagot ang mga kabanatang ito na may maraming detalye tungkol sa pagsamba. Ngunit huwag nating kalimutan na walang bansang makababangon nang hindi nagtatalaga ng sarili sa isang mahigpit na misyon. Para sa mga Judio, muli nilang inorganisa ang kanilang komunidad sa palibot ng Templo at ng kanilang mga pari, sa paniwalang ang kaganapan ng pagsamba at ang pagsunod sa Batas ang tiyak na maghahatid sa Kaharian ng Diyos (Tingnan ang mga aklat ni Esdras at ni Nehemias.)

20 Sinukat niya ang haba at luwang ng hila-
gang pintuan ng patyo sa labas. 21 May tigatlong
silid-bantayan sa magkabilang panig niyon.
Ang mga pader sa pagitan ng mga silid, gayun-
din ng portiko, ay may kapal na tulad ng sa
unang pintuan: limampung siko ang haba ng
daanan at dalawampu't limang siko ang luwang.
22 Tulad ng sa silangang pintuan ang sukat ng
mga bintana, pasukan at mga palamuting di-
buho ng palma. May pitong baitang paakyat, at
nasa dulong panloob ang portiko. 23 Sa patyo sa
loob, katapat ng hilagang pintuan, may isang
pintuang tulad ng katapat ng silangang pintuan.
Sinukat niya ang layo mula sa isang pinto hang-
gang sa kasunod: sandaang siko.
24 Dinala niya ako sa timog na kinaroroonan
ng isang pintuan. Sinukat niya ang mga silid-
bantayan doon, ang kapal ng mga pader at ang
portiko: katulad ng sa iba pa. 25 Sa pasukan at sa
paligid ay may mga bintanang katulad ng iba
pang mga bintana; may habang limampung siko
at luwang na dalawampu't limang siko ang
daanang ito, 26 at may pitong baitang paakyat
doon; nasa dulong loob ang pasukan na sa
magkabilang panig ay may mga haliging napa-
palamutihan ng nakadibuhong palma. 27 May
pintuan sa gawing timog ng patyo sa loob. Sinu-
kat niya ang distansyang patimog mula sa isang
pintuan hanggang sa kabila: sandaang siko.
28 Pagkaraa'y dinala niya ako sa patyo sa
loob, na sa pintuan sa timog ang daan. Sinukat
niya ang pintuang iyon, na sinlaki ng iba pa.
29 May sukat na katulad ng sa iba pa ang mga
silid-bantayan, kapal ng mga pader at pasukan.
30 May mga bintana sa pasukan at pali-paligid.
Limampung siko ang haba ng daanan at dala-
wampu't limang siko ang luwang. 31 May walong
baitang ang pasukang bumubungad sa patyo sa
labas at may mga haliging napapalamutihan ng
nakadibuhong mga palma sa magkabilang
panig.
32 Dinala niya ako sa silangang pintuan at
sinukat iyon. Tulad din ng sa iba pa ang laki
niyon. May sukat na gaya rin ng sa iba ang mga
silid-bantayan, ang kapal ng mga pader at ang
pasukan. May mga bintana sa paligid. Ang sukat
ng daanang iyon ay limampung siko ang haba at
dalawampu't limang siko ang luwang. 34 Ang
portiko niyong paharap sa patyo sa labas ay
may walong baitang at napapalamutihan sa
magkabilang panig ng mga haliging may di-
buhong mga palma.
35 Dinala niya ako sa hilagang pintuan na
kanya ring sinukat. Tulad din ng sa iba pa ang
sukat ng mga silid-bantayan niyon, kapal ng
mga pader at pasukan. 36 May mga bintana sa
pali-paligid. Limampung siko ang haba ng da-
anan at dalawampu't limang siko ang luwang.
37 Paharap sa patyo sa labas ang pasukan. May
mga dibuho ng palma sa mga haligi sa magkabi-
lang panig at may walong baitang na paakyat
doon.
38 Malapit sa pintuan, may isang silid na gina-
gamit sa paghuhugas ng mga handog na sinu-
nog. 39 Sa magkabilang panig ng pasukan sa
pintuan, may dalawang mesang pinagkakata-
yan ng mga handog na sinusunog, mga hain
para sa kasalanan at para sa utang. 40 Pahilaga
mula sa pintuan, may dalawang mesa sa labas
at dalawa pang mesa sa dulong pasukan. 41 May
apat na mesa sa loob at apat na mesa pa sa
labas ng pasukan. Lahat-lahat, walong mesa
ang ginagamit sa pag-aalay ng mga sakripisyo.
42 Mayroon pang apat na mesang yari sa tinap-
yas na bato at may habang isang siko at kala-
hati, luwang na isang siko, at taas na isang siko.
Sa mga mesang ito nakalagay ang mga sakri-
pisyo at ang mga kagamitan sa pagpatay ng
susunuging handog. 43 Sa paligid ng mga mesa,
may mga pasamanong mandangkal ang lapad.
Sa mga mesang ito ipinapatong ang mga kar-
neng panghandog.
44 Dinala niya ako sa patyo sa labas. May
dalawang silid doon: nasa gawi ng hilagang
pintuan, paharap sa timog, ang isa; at nasa gawi
ng pintuan sa timog, paharap sa hilaga, ang isa
pa. 45 Sinabi niya sa akin, "Para sa mga paring
naglilingkod sa Bahay ang silid na nakaharap sa
timog. 46 Para sa mga paring naglilingkod sa
altar ang silid na nakaharap sa hilaga. Mga anak
sila ni Sadok, ang tanging mga anak ni Levi na
lumapit kay Yawe upang maglingkod sa kanya."
47 Sinukat niya ang patyo sa loob. Parisukat
ito na tigsandaang siko ang haba at luwang, at
may altar sa harap ng Bahay.
48 Dinala niya ako sa bulwagan ng Bahay at
sinukat niya ang mga haligi ng pinto – tiglimang
siko magkabila. Labing-apat na siko ang lu-
wang ng pasukang may tatlong-sikong pader sa
magkabila. 49 May habang dalawampung siko at
luwang na labindalawang siko ang bulwagan.
May sampung baitang na paakyat doon, at may
tig-isang tukod sa magkabilang panig, sa tabi ng
mga haligi ng pinto.

**41** 1 Niyaya niya ako sa santuwaryo at
sinukat ang magkabilang haligi ng pinto
niyon: anim na siko ang kapal ng magkabilang
panig. 2 Sampung siko ang luwang ng pasukan.
Limang siko ang kapal ng mga pader. Sinukat
niya ang haba, apatnapung siko; at ang luwang,
dalawampung siko.

3 Pumasok siya sa loob at sinukat ang mga
haligi ng pinto: dalawang siko. Anim na siko ang
pasukan, at pitong siko ang mga pader sa
magkabilang panig. 4 Sinukat niya ang haba:
dalawampung siko. Ang luwang pabagtas sa
dulong pader ng santuwaryo ay dalawampung
siko. Sinabi niya sa akin, "Ito ang Pinakabanal
na Lugar."

5 Sinukat niya ang pader ng Bahay: anim na
siko. Tig-apat na siko ang luwang ng mga silid
na nakapaligid sa Bahay. 6 Tatlong palapag ang
kinaroroonan ng mga silid, tigtatlumpu sa bawat
palapag. Ang nangakapaligid na silid ay hindi
nakaukit sa pader ng Bahay, kundi sinusupor-
tahan ang mga ito ng mga moldeng nakausli
mula sa pader. 7 Habang tumataas ang palapag
ay lumuluwang naman ang mga silid na pala-
palapag na nakapalibot sa gusali. 8 Nakita ko na
napapaligiran ang Bahay ng isang terasang
nalalatagan ng bato. Anim na siko ang taas nito.
Ito ang nagsisilbing pundasyong nagpapatatag
sa mga silid na nakaligid sa mga panabi ng
Bahay. May kapal na limang siko 9 ang panlabas
na pader ng mga silid sa panabi, at nagsisilbing
beranda ang lugar na nalalatagan ng bato sa
labas ng mga silid ng Bahay. 10 Sa makalampas
ng mga silid, ay may lugar na dalawampung
siko ang luwang sa palibot ng Bahay. 11 At
upang makapunta sa liwasan mula sa mga silid
sa panabi ng gusali, may isang daanan sa
gawing hilaga at isa pa sa gawing timog. Limang
siko sa paligid ang luwang ng liwasan.

12 May luwang na pitumpung siko at habang
siyamnapung siko ang gusaling nakatayo sa
kanluran ng lugar na ito, at may kapal na limang
siko ang mga pader. 13 Sinukat ng lalaki ang
labas ng Bahay: sandaang siko ang haba. San-
daang siko rin ang haba ng liwasan kasama ng
gusali at mga pader niyon. 14 Sandaang siko rin
ang luwang ng harap ng Bahay pati ng patyo.
15 Sinukat niya ang haba ng gusali kasama ng
looban sa likod gayundin ng lalim sa panabi ng
pinto – sandaang siko pa rin.

Ang loob ng santuwaryo at ang daanan pa-
tungo sa liwasan, ang mga bulwagan, ang mga
panabing ng bintana, ang tatlong huwego ng
mga pinto, isa sa bawat bulwagan, 16 ay pawang
nababalot ng tabla, mula sa sahig hanggang sa
mga bintanang natatabingan ng pinagsala-
salang kahoy. 17 Mula sa pintuan hanggang sa
loob ng Bahay at sa paligid ng buong pader ng
panloob na silid, 18 may mga nililok na kerubin at
palma; bawat kerubin ay may dalawang mukha
– 19 mukha ng taong nakaharap sa palma sa
isang panig at mukha ng leong nakaharap sa
palma sa isa pang panig sa pali-paligid ng
Bahay. 20 Mula sa sahig hanggang sa itaas ng
pintuan ay may mga kerubin at palmang naka-
larawan sa pader. 21 Parisukat ang mga haligi ng
Templo.

Sa harapan ng Pinakabanal na Lugar, 22 may
isang altar na yari sa kahoy, tatlong siko ang
taas at dalawang sikong parisukat. Yari sa ka-
hoy ang mga sulok, ibaba at panabi. Sinabi
sa akin ng lalaki, "Ito ang mesa sa harap ni
Yawe."

23 May tigalawang paypay na pinto patungo
sa Banal na Lugar at isa pa ring tigalawang
paypay na pinto patungo naman sa Pinakabanal
na Lugar. 24 May tigalawang bisagra bawat
paypay ng mga pintong ito. 25 Tulad ng mga
pader, may nakaukit ding mga kerubin at pu-
nong palma sa pinto patungo sa Banal na Lugar.
May panabing na kahoy sa labas ng bulwagang
pasukan. 26 May mga bintanang natatabingan at
napapangkol ng mga palma na nakaukit sa mga
pader, gayundin sa mga silid sa tagiliran ng
Bahay.

42 1 Nagtungo kaming pahilaga sa liwasan
at pumasok sa mga silid na nakaharap
sa patyo sa labas at sa gusaling nasa hilaga.
2 May habang sandaang siko ang gusali at
luwang na limampung siko. 3 Sa bahaging naka-
harap sa pintuan ng patyo sa loob, at sa tapat ng
bangketa ng patyo sa labas ay may isang ga-
leryang katapat ng isa pang galeryang tatluhang
palapag. 4 May isang daanang sampung siko
ang luwang at sandaang siko ang haba sa harap
ng mga silid. Nakaharap sa hilaga ang mga
pinto ng mga iyon. 5 Makikitid ang mga silid sa
itaas sapagkat naagawan ng espasyo ng mga
galerya, di tulad ng mas malalaking silid sa
ibaba at sa panggitnang palapag ng gusali.
6 Walang haligi ang mga silid sa ikatlong pa-
lapag, di tulad ng nasa patyo; ito ang dahilan
kung bakit makikitid ang mga silid na nasa itaas
kaysa nasa ibaba. 7 May habang limampung
siko ang panlabas na pader na kaharap ng mga
silid at nakaaabot hanggang sa patyo sa labas.
8 Ang haba ng mga silid sa bahaging nakaharap
sa patyo sa labas ay limampung siko; sandaang
siko naman sa bahaging nakaharap sa gusali.
9 May isang pasukan mula sa silangan sa ibaba
ng mga silid, patungo sa patyo mula sa labas.

10 May mga silid sa kakapalan ng pader ng
liwasan sa gawing timog, paharap sa liwasan at
sa gusali. 11 May daanan sa harapan ng mga
iyon; tulad sa mga silid sa gawing hilaga, mag-
kakatulad ang mga iyon sa haba at luwang, sa
disenyo at sa mga pinto. 12 May pintuan sa dulo
ng bawat daanan paharap sa pader sa silangan,

ang mga silid sa timog; doon nagdaraan ang
pumapasok sa silid.
Sinabi niya sa akin, 13 "Banal ang mga silid sa
hilaga at timog na kaharap ng liwasan. Doon
kinakain ng mga paring nagsisilapit kay Yawe
ang mga banal na bagay. Sapagkat banal na
lugar, sa mga silid na iyon inilalagay ang mga
banal na bagay: hain para sa kasalanan at para
sa utang. 14 Sa sandaling pumasok doon ang
mga pari, hindi sila aalis patungo sa patyo sa
labas nang hindi iniiwan doon ang kanilang mga
panliturhiyang kasuutan, yamang banal din ang
mga kasuutang ito. Magpapalit sila ng damit
bago magtungo sa mga lugar na pambayan."
15 Matapos sukatin ang loob ng Bahay, ni-
yaya niya ako sa pintuan sa silangan at sinukat
niya ang buong liwasan. 16 Sinukat niya ang
silangang bahagi, limandaang siko ang ka-
buuan. 17 Pagkaraa'y ang hilagang bahagi na-
man ang sinukat: limandaang siko. 18 Sumunod
na sinukat ang bahagi sa timog: limandaang
siko. 19 Limandaang siko rin ang naging sukat ng
kanlurang bahagi. 20 Anupa't ang kabuuang su-
kat ng lugar na nalilibot ng pader ay parisukat na
tiglimandaang siko ang haba at luwang. Sa
ganyan pinaghihiwalay ang mga pook na banal
at di-banal.

**43** 1 Niyaya niya ako sa pintuang naka-
harap sa silangan. 2 At dumating mula sa
silangan ang Luwalhati ng Diyos ng Israel. May
ugong na parang lagunlong ng dagat, at nakita
kong nagniningning ang lupa sa kanyang
Luwalhati. 3 Ang pangitaing ito ay tulad ng na-
kita ko na noong dumating siya upang wasakin
ang lunsod, at tulad din ng nasaksihan ko sa
pampang ng ilog Kebar. Nagpatirapa ako sa
lupa.
4 Pumasok sa Bahay ang Luwalhati ni Yawe
na nagdaan sa silangang pintuan. 5 Itinaas ako
ng espiritu at dinala sa patyo sa loob: Puno ng
Luwalhati ni Yawe ang Bahay. 6 Narinig kong
may nagsalita sa akin mula sa Bahay habang
nakatayo sa tabi ko ang lalaki. 7 Sabi ng tinig,
"Anak ng tao, nakita mo ang lugar ng aking
trono at tuntungan ng aking mga paa. Dito ako
maninirahan sa piling ng mga anak ng Israel
magpakailanman. At kailanma'y hindi na
sasalaulain pa ng bayang Israel at ng kanilang
mga hari ang aking banal na pangalan sa
pamamagitan ng kanilang mga pagbibili ng
sarili at ng bangkay ng kanilang mga hari.
8 Noong magtayo sila ng bulwagang katabi ng
aking bulwagan at ng pintong katabi ng aking
pinto at maging iisa ang aming pader, pinarumi
nila ang aking banal na pangalan sa pama-
magitan ng kanilang maruruming gawain. Iyan
ang dahilan kaya napoot ako't winasak ko sila.
9 Ngunit mula ngayon, kung aalisin nila ang
pagbibili ng sarili at ang mga bangkay ng kani-
lang mga hari sa harap ko, maninirahan akong
kasama nila magpakailanman.
10 Anak ng tao, ilarawan mo ang Bahay na ito
sa sambayanan ng Israel upang ikahiya nila ang
kanilang maruruming gawain. 11 Kapag ikina-
hiya nila ang kanilang ginagawa, gumuhit ka ng
plano at ipakita mo sa kanila ang disenyo ng
Bahay, ang mga labasan at pasukan, ang hugis,
ang kaayusan ng lahat-lahat, ang mga alitun-
tunin at mga batas niyon. Ibigay mo sa kanila
ang lahat ng ito nang nakasulat upang makita
nila, masuri at maisagawa. 12 Ito ang batas ng
Bahay: isang pook na kabanal-banalan ang
buong paligid ng taluktok ng bundok.
13 Narito ang mga sukat ng altar (nasusukat
sa malaking siko – isang siko at isang lapad ng
kamay). Ang pundasyon: isang sikong taas at
isang sikong luwang. Ang gilid sa buong palibot:
isang dangkal ang lapad. Ganito ang taas at laki
ng altar: 14 dalawang sikong taas at isang sikong
luwang mula sa lupa hanggang sa unang pun-
dasyon; apat na sikong taas at isang sikong
luwang mula sa maliit na pundasyon hanggang
sa malaking pundasyon. 15 Apat na siko ang taas
ng sunugan ng mga handog at may nakalabas
doong apat na sungay. 16 Parisukat ang sunugan
at tiglabindalawang siko ang bawat panabi.
17 Tiglabing-apat na siko naman sa mga panabi
ang pundasyong parisukat din. Kalahating siko
ang lapad ng nakapalibot na kornisa, gayundin
ang moldeng nakapalibot sa pundasyon. Nasa
gawing silangan ang mga baytang.
18 Sinabi niya sa akin, "Anak ng tao, ito ang
sinasabi ng Panginoong Yawe: Tungkol sa altar,
ganyan ang dapat na maging ayos niyon kapag
ipinatayo na para sa pag-aalay ng susunuging
handog at ng dugong ibububo. 19 Sa mga paring
Levitico buhat sa angkan ni Sadok na nagli-
lingkod sa akin, magbibigay ka ng isang batang
toro bilang hain sa kasalanan. 20 Kukuha ka ng
dugo niyon at ipapahid mo sa apat na sungay at
apat na sulok ng pundasyon at nakapaligid na
kornisa. Sa ganyang paraan nalilinis ang altar at
humihingi ng tawad doon. 21 Pagkatapos, kunin
mo ang torong inilalaan bilang handog sa kasa-
lanan. Sunugin mo iyon sa isang silid ng Bahay
sa labas ng santuwaryo. 22 Sa ikalawang araw,
maghandog ka ng walang kapintasang lalaking
kambing bilang sakripisyo para sa kasalanan.
Lilinisin uli ang altar sa paraang ginawa noong
maghandog ng toro. 23 Kapag naisagawa na ang
paglilinis, maghahandog ka ng isang batang

toro na walang kapintasan at isa ring walang
kapintasang lalaking tupa na pinili sa kawan.
24 Iaalay mo ang mga iyon sa harap ni Yawe;
bubudburan ng asin ng mga pari ang mga iyon
at iaalay bilang susunuging handog kay Yawe.
25 Bilang hain para sa kasalanan, mag-aalay
ka araw-araw sa loob ng pitong araw ng isang
lalaking kambing, isang toro at isang walang
kapintasang lalaking tupa na pinili sa kawan.
26 Sa ganitong paraan hihingi ng tawad para sa
altar; nalilinis iyon at naitatalaga sa akin. 27 Ma-
karaan iyon, sa ikawalong araw at sa haharapin,
iaalay ng mga pari ang inyong mga handog
na sinunog at ang inyong mga hain ng mabu-
ting pagsasamahan. Sa gayon, kalulugdan ko
kayo." Salita ni Yawe.

**Mga bagong alituntunin sa pagsamba**

44 1 Inilabas niya ako sa silangang pintuan
ng santuwaryo. Sarado iyon. 2 Sabi ni
Yawe sa akin, "Mananatiling nakapinid ang
pintuang ito. Walang sinumang magbubukas
nito o magdaraan dito. Pagkat nagdaan dito si
Yawe, ang Diyos ng Israel, dapat itong mama-
laging nakasara. 3 Gayunma'y maaaring maupo
rito ang prinsipe upang kumain sa harap ni
Yawe. Ngunit sa portiko ng tarangkahan siya
magdaraan sa pagpasok, at doon din sa pag-
labas."

4 Inihatid ako ng lalaki sa hilagang pintuan sa
may harapan ng Bahay. Tumingin ako: napu-
puno na ng Luwalhati ni Yawe ang Bahay niya,
at nagpatirapa ako sa lupa. 5 Sabi ni Yawe sa
akin, "Anak ng tao, magmasid kang mabuti at
maingat na makinig habang ipinapaliwanag ko
sa iyo ang lahat ng alituntunin at batas sa Bahay
ni Yawe. Maging maingat ka tungkol sa kung
sino ang tatanggapin o hindi sa Templo. 6 At
sabihin mo sa mga rebelde sa bayan ng Israel na
ganito ang wika ni Yawe: Labis na ang ginagawa
ninyong mga kasamaan, Sambahayang Israel.
7 Binabayaan ninyong pumasok ang mga dayu-
hang di-tuli sa puso at katawan. Nasa aking
santuwaryo sila upang bigyan ako ng pagkaing
taba at dugo, at nilapastangan ninyo ang aking
templo. Sinira ninyo ang aking tipan sa kabila ng
karumal-dumal ninyong mga gawain. 8 Sa halip
na tuparin ninyo ang aking mga tungkulin, nag-
talaga kayo ng iba upang mamahala sa aking
santuwaryo." 9 Ganito ang sinasabi ni Yawe:
Walang dayuhang di-tuli sa puso at katawan ang
papasok sa aking santuwaryo; wala sinuman sa
mga dayuhang nasa piling ng Israel.

10 Ang mga Levitang nagsitalikod sa akin,
noong maligaw ang mga Israelita, at nagsipag-
lingkod sa mga diyus-diyusan, ay papapana-
gutin sa kanilang pagkakasala. 11 Sila ang mag-
babantay sa mga pintuan ng aking santuwaryo
at magiging utusan lamang sila sa aking Bahay.
Sila ang papatay sa mga handog na susunugin
at sa mga handog ng bayan, at itatalaga nila ang
sarili sa paglilingkod sa mga tao. 12 Ngunit
yamang naglingkod sila sa kanilang mga diyus-
diyusan at nagbigay ng pagkakasala sa Israel,
itinaas ko ang aking kamay laban sa kanila –
salita ni Yawe – kaya pananagutan nila ang
kanilang pagkakasala. 13 Hindi na sila lalapit sa
akin upang manungkulang pari sa harap ko;
hindi sila lalapit sa aking mga banal o pinaka-
banal na bagay; magbabata sila ng pagka-
alipusta dahil sa kanilang maruruming gawain.
14 Gagawin ko silang mga tanod sa Bahay ko
tungkol sa liturhikang paglilingkod at iba pang
mga gawain.

15 Ang mga paring Levitico na mga anak ni
Sadok ang tanging lalapit at maglilingkod sa
akin. Nagsitupad sila ng kanilang tungkulin sa
akin sa santuwaryo noong magsitalikod sa akin
ang mga Israelita. Sila ang makatatayo sa harap
ko upang maghandog sa akin ng taba at dugo –
si Yawe ang nagsasalita. 16 Makapapasok sila sa
aking santuwaryo at makalalapit sa aking mesa
para sa banal na paglilingkod sa akin. 17 Sa
sandaling pumasok sila sa mga pintuan ng
patyo sa loob, magsusuot sila ng damit na lino;
hindi sila magsusuot ng lana kapag maglilin g-
kod sa patyo sa loob at sa Bahay. 18 Magsusuot
sila ng turbanteng lino at pantalong lino; hindi
sila gagamit ng pamigkis upang huwag pagpa-
wisan. 19 Bago lumapit sa mga tao sa patyo sa
labas, maghuhubad muna sila ng kasuutang
ginamit sa liturhiya at iiwan iyon sa mga banal
na silid at magpapalit sila ng damit upang huwag
mapadiit sa mga tao ang banal nilang kasuotan.
20 Hindi rin sila mag-aahit ng ulo ni magpapa-
haba ng buhok; sa halip ay magpapagupit sila
nang katamtaman lamang. 21 Walang paring
iinom ng alak sa araw na pumasok siya sa patyo
sa loob. 22 Hindi sila mag-aasawa sa balo o
diborsyada kundi sa mga dalaga lamang ng lipi
ng Israel. Gayunma'y maaari rin silang mag-
asawa sa balo kung biyuda ito ng pari. 23 Ituturo
nila sa aking bayan kung ano ang banal at hindi,
gayundin ang pagkilala sa malinis at sa marumi.
24 Mamamagitan sila sa mga alitan, hahatol alin-
sunod sa aking mga alituntunin; susundin nila
ang aking mga batas at kautusan para sa aking
mga kapistahan at pananatilihing banal ang
aking mga sabat. 25 Hindi sila lalapit sa patay
upang huwag silang maging marumi, liban sa
kung ang namatay ay kanilang magulang, anak,
kapatid na lalaki o walang asawang kapatid na

babae. 26 Kung maging marumi ang sinuman sa
ganyang paraan, dapat paraanin ang pitong
araw upang siya'y maging malinis, 27 at sa
unang araw na pumasok siya sa santuwaryo
upang maglingkod, iaalay niya ang kanyang
sakripisyo para sa kasalanan – salita ni Yawe.

28 Ako ang magiging pamana nila. Hindi
ninyo sila bibigyan ng pamana sa Israel; ako ang
bahagi nila. 29 Mga handog ang magiging pag-
kain nila, ang hain para sa kasalanan at ang hain
para sa utang. Lahat ng bawal na itatakwil sa
Israel ay magiging para sa kanila. 30 Para sa mga
pari ang pinakamainam sa mga unang bunga ng
inyong pananim at lahat ng inyong iniaalay.
Ibibigay rin ninyo sa mga pari ang pinakama-
inam ninyong masa upang pagpalain ang in-
yong tahanan. 31 Hindi kakain ang mga pari ng
anumang namatay sa natural na paraan o sa
pagkakalapa, maging ibon o anumang hayop
ito."

**45** 1 Sa paghahati ninyo ng lupain sa pala-
bunutan, maglalaan kayo ng isang ba-
hagi para kay Yawe: dalawampu't limang libong
siko ang haba at dalawampung libong siko ang
luwang. 2 Magiging isang lupang banal ang
kabuuan, at mula roon, magbubukod kayo ng
isang bahaging may limandaang sikong pari-
sukat upang pagtayuan ng templo; maglalagay
sa paligid nito ng bukas na hanggahang li-
mampung siko ang luwang. 3 Mula sa bahaging
ito, susukat kayo ng isang loteng dalawampu't
limang libong siko ang haba at sampung libong
siko ang luwang; saklaw nito ang pagtatayuan
ng santuwaryo at ito ang pinakabanal na dako.
4 Ito ay Banal na bahagi ng lupain at magiging
pag-aari ng mga paring nangangasiwa sa san-
tuwaryo at lumalapit kay Yawe upang mag-
lingkod. Dito itatayo ang kanilang mga bahay at
magiging isa itong banal na dako para sa san-
tuwaryo. 5 Isa pang loteng may habang dala-
wampu't limang libong siko at luwang na sam-
pung libong siko ang ipagkakaloob sa mga
Levitang naglilingkod sa Bahay; magkakaroon
sila ng mga bayang paninirahan. 6 Ibibigay ninyo
sa lunsod ang isang loteng dalawampu't limang
libong siko ang haba at limang libo ang luwang,
kahilera ng banal na bahagi. Para naman ito sa
lahat ng sambayanan ng Israel.

7 Maglalaan kayo para sa prinsipe ng isang
lugar sa alinman sa magkabilang tabi ng lupang
banal at ng lupang pag-aari ng lunsod. Sasaklaw
itong pakanluran mula sa kanlurang panig at
pasilangan mula sa silangang panig, at magka-
karoon ng lawak na katumbas ng isa sa mga
bahaging nasa pagitan ng kanlurang dagat at
silangang hanggahan ng bansa. 8 Ito ang magi-
ging ari-arian niya sa Israel. Sa gayo'y hindi na
sisikilin ng aking mga prinsipe ang aking bayan.
Ipauubaya nila ang matitirang bahagi ng lupain
para sa mga tribu ng Israel.

9 Ganito ang sinasabi ni Yawe: Husto na, mga
prinsipe ng Israel! Talikdan na ninyo ang inyong
paniniil at karahasan. Isagawa ninyo ang kata-
rungan at karapatan. Huwag na ninyong sikilin
sa buwis ang aking bayan. 10 Kailangang husto
ang inyong mga sukat, timbangan at takalan.
11 Kailangang pareho ang sukat ng efa at bat;
ikasampung bahagi ng isang homer ang bat;
gayundin ikasampung bahagi ng homer ang efa.
12 Dapat ibatay sa sukat ng homer ang mga ito.
Dalawampung gera ang isang siklo. Katumbas
ng isang mina ang pinagsama-samang dala-
wampu, dalawampu't lima at labinlimang siklo.

13 Ito ang tanging handog na inyong iaalay:
ikaanim ng isang efa para sa bawat homer ng
trigo o sebada. 14 Sa langis naman: isang bat na
langis sa bawat sampung bat o bawat coro (ang
isang coro ay katumbas ng sampung bat o isang
homer). 15 Sa kawan naman: isang tupa sa
bawat dalawang daan. Magbubuhat ito sa sari-
wang pastulan ng Israel at magiging handog na
pagkain, susunugin, at pangkapayapaan. Sa
gayo'y patatawarin sila – salita ni Yawe. 16 Mag-
aabuloy ang lahat ng mamamayan ng bansa sa
handog na ito para sa prinsipe ng Israel. 17 Ang
prinsipe naman ang bahala sa mga susunugin,
pagkain at inuming handog sa mga pista, mga
Bagong Buwan at sabat, at lahat ng solemneng
pagdiriwang ng Israel. Siya ang bahala sa hain
para sa kasalanan, susunuging handog at hain
ng mabuting pagsasamahan upang humingi ng
tawad para sa sambayanan ng Israel.

18 Sinasabi ni Yawe: Sa unang araw ng unang
buwan ay kukuha kayo ng isang batang toro na
walang kapintasan, upang madalisay ang san-
tuwaryo. 19 Mula sa handog para sa kasalanan,
kukuha ang pari ng dugong ipapahid sa mga
haligi ng templo at sa apat na sulok ng ibaba ng
altar, gayundin sa mga haligi ng pintuan sa
patyo sa loob. 20 Uulitin ninyong gawin iyon sa
ikapitong araw ng buwan, alang-alang sa sinu-
mang nagkasala nang di-sinasadya o dahil sa
kawalang-muwang; sa gayon kayo gagawa
para sa Bahay ng pagbabayad-sala at paki-
kipagkasundo sa Diyos. 21 Sa ikalabing-apat na
araw ng unang buwan,dapat ninyong ipag-
diwang ang Paskuwa. Pitong araw na kakain ang
lahat ng tinapay na walang lebadura. 22 Sa araw
na iyon ay mag-aalay ang prinsipe ng isang toro
para sa kasalanan, para sa kanyang sarili at
para sa lahat ng mamamayan ng bansa. 23 Sa

pitong araw na pagdiriwang, mag-aalay siya kay Yawe ng susunuging handog na pitong toro at pitong lalaking tupa na walang kapintasan – araw-araw sa buong sanlinggo – at isang lalaking kambing araw-araw bilang hain para sa kasalanan, 24 Sasamahan ito ng handog na pagkaing butil: isang efa para sa bawat toro at isang efa para sa bawat lalaking tupa; may kasama rin itong apat na litrong langis para sa bawat efa.

25 Para sa pista sa ikalabinlimang araw ng ikapitong buwan, ganito rin ang gagawin sa loob ng pitong araw: mag-aalay ng handog para sa kasalanan, handog na susunugin, handog na inumin at langis.

**Ang Sabat at ang Bagong Buwan**

**46** 1 Sinasabi ni Yawe: Sa loob ng anim na araw ng paggawa, isasara ang silangang pintuan ng patyo sa loob. Bubuksan iyon sa araw ng sabat at sa pista ng Bagong Buwan. 2 Papasok ang prinsipe sa pintuan sa labas at mananatili roon habang iniaalay ng mga pari ang handog na susunugin at ang handog na pangkapayapaan. Magpapatirapa siya sa bungad ng pintuan, at paglabas niya, hindi ipipinid ang pinto hanggang sa gabi. 3 Magpapatirapa ang mga mamamayan sa harap ni Yawe sa bungad ng pintuan kung sabat at kapistahan ng Bagong Buwan. 4 Sa araw ng sabat, mag-aalay ng anim na walang kapintasang batang tupa at isang wala ring kapintasang lalaking tupa upang sunuging handog. 5 Isang efa ang handog na pagkaing butil para sa bawat lalaking tupa at ayon naman sa marapatin ng prinsipe para sa bawat batang tupa; may kasamang isang hin o apat na litrong langis para sa bawat efa. 6 Sa araw ng kapistahan ng Bagong Buwan, maghahandog siya ng isang walang kapintasang batang toro, anim na walang kapintasang batang tupa at isang walang kapintasang lalaking tupa. 7 Mag-aalay rin siya ng handog na butil na isang efa para sa bawat toro, isang efa para sa bawat lalaking tupa, at ayon sa kanyang marapatin para sa batang tupa, kasama ng isang hin na langis para sa bawat efa.

8 Sa bestibulo ng pintuan magdaraan ang prinsipe sa pagpasok at doon din sa paglabas. 9 Sa pagsamba kay Yawe sa mga solemneng kapistahan, sa pintuan sa timog lalabas ang mga taong pumasok sa hilagang pintuan; sa pintuan sa hilaga lalabas ang pumasok naman sa pintuan sa timog. Wala sinumang lalabas sa pintuang kanyang pinasukan. 10 Sa gayunding paraan papasok at lalabas ang prinsipe, kasama ng mga mamamayan. 11 Sa mga araw ng pista at solemneng pagdiriwang, isang efa ang handog para sa bawat toro, isang efa para sa bawat lalaking tupa, kung ano ang marapatin ng prinsipe para sa mga batang tupa, at isang hin na langis para sa bawat efa. 12 Kapag nag-alay ang prinsipe kay Yawe ng isang kusanloob na pangkapayapaang handog, bubuksan para sa kanya ang silangang pintuan at iaalay niya ang kanyang susunuging handog at hain ng mabuting pagsasamahan, gaya ng ginagawa niya sa araw ng sabat. Ipipinid ang pintuan pagkalabas niya. 13 Araw-araw, tuwing umaga, mag-aalay siya ng isang walang kapintasang tupa na isang taon ang gulang bilang susunuging handog kay Yawe. 14 Bilang karagdagan, tuwing umaga, mag-aalay rin siya ng pagkaing ikanim na bahagi ng isang efa at langis na ikatlong bahagi ng isang hin bilang panghalo sa harina. Ito ay isang walang hanggang batas. 15 Iaalay ang batang tupa, ang pagkain at ang langis tuwing umaga magpakailanman.

16 Ganito ang sabi ni Yawe: "Kapag binigyan ng prinsipe ang kanyang mga anak na lalaki ng kani-kanilang bahagi sa kanyang pamana, magiging pag-aari at pamana ng kanyang mga anak ang ipinagkaloob niya. 17 Ngunit kapag binigyan niya ng bahagi sa kanyang pamana ang isa sa kanyang mga alipin, maaangkin nito iyon hanggang sa taon lamang ng magandang pagpahayag (kung kailan ipapahayag na malaya ang alipin at ibabalik ang mga lupa sa dating may-ari). Sa gayon, mababalik sa prinsipe ang pamanang ibinigay sa dating alipin. Sapagkat mga anak lamang ng prinsipe ang pamalagiang makapag-aangkin ng pamanang kaloob ng ama. 18 Hindi maaaring kunin ng prinsipe ang alinmang bahagi ng pamana ng kanyang nasasakupan at sa gayo'y agawan ang mga ito ng sariling ari-arian. Bibigyan niya ng pamana ang kanyang mga anak mula sa kanyang sariling ari-arian, upang huwag niyang agawan ng ari-arian ang mga tao sa aking bayan."

19 Niyaya ako ng lalaki papasok sa daanan sa tagiliran ng hilagang pintuan, patungo sa mga banal na silid na nakalaan para sa mga pari. At naroon sa harap namin sa dulong kanluran ang ayon sa lalaki ay, 20 "Dito pakukuluan ng mga pari ang mga hayop na kinatay upang ialay na handog para sa kasalanan at pagbabayad-puri at lulutuin ang handog na butil. Sapagkat sagradong bagay, ang mga ito ay hindi dadalhin sa patyo sa labas at baka makapinsala sa mga tao." 21 Niyaya niya ako sa patyo sa labas at tinungo namin ang apat na sulok niyon. 22 Sa bawat sulok, may isang munting lugar na apatnapung siko ang haba at tatlumpung siko ang

luwang. Apat na lahat iyon at pare-pareho ang
sukat. 23 Naliligid ng pader ang apat na bawat
isa'y may mga apuyan sa ibaba. 24 Sabi niya, "Ito
ang mga kusina. Dito pakukuluan ng mga
lingkod ng Bahay ang mga handog na alay ng
mga mamamayan."

### Ang ilog na umaagos mula sa Templo

47 • 1 Ibinalik ako ng lalaki sa pasukan
ng Bahay at nakakita ako ng tubig
na umaagos na pasilangan. Nakaharap sa
silangan ang Bahay, at sa timog na panig
ng altar nagmumula ang tubig. 2 Inilabas
niya ako sa hilagang pintuan at inilibot
na patungo sa panlabas na tarangkahang
nakaharap sa silangan, at nakita ko roon
ang agos na nagmumula sa gawing ti-
mog.
3 May hawak na panukat ang lalaki.
Habang lumalakad na pasilangan, sumu-
kat siya ng sanlibong siko at niyaya akong
patawid sa tubig na hanggang bukung-
bukong. 4 Sumukat siya ng isa pang san-
libong siko at tumawid pa kami sa tubig
na hanggang baywang ko na. 5 Nang ma-
kasukat siya ng sanlibong siko pa uli,
malalim na ang tubig na imposibleng ma-
tawid kung hindi lalanguyin.
6 Sinabi sa akin ng lalaki, "Anak ng tao,
nakita mo ba?" Lumakad pa siya at saka
ibinalik ako sa pampang ng ilog. 7 Nakita
ko roon ang maraming punungkahoy sa
magkabilang pampang. 8 Sabi niya sa
akin, "Patungo sa silangan ang tubig na
ito, pababa sa Arabah. Pag nakarating
ang tubig na ito sa namamahong dagat,
magiging malinis ang tubig ng dagat.
9 Saanman makarating ang agos ng ilog
na ito, mabubuhay roon ang maraming
isda at mananariwa ang tubig. Magiging
masagana ang buhay sa maaabot ng
daloy nito. 10 Tatayo sa pampang ang mga
mangingisda at maglaladlad ng lambat
mula sa En Gedi hanggang En Eglaim.
Maraming uri ng isda ang matatagpuan
doon, tulad ng mga isda sa malaking da-
gat. 11 Gayunma'y hindi madadalisay ang
tubig sa latian; mananatili iyong maalat
upang may makunan ng asin.
12 Malapit sa ilog sa magkabilang pa-
nig, sisibol ang lahat ng uri ng namumu-
ngang punungkahoy na hindi malalanta
at laging magkakaroon ng saganang bu-
nga; mamumunga ang mga iyon buwan-
buwan sapagkat dinidilig ng tubig na
nanggagaling sa Templo. Magiging pag-
kain ang mga bunga ng mga iyon at ga-
mot naman ang mga dahon.

### Ang mga hanggahan ng lupain

13 Sinabi ni Yawe: "Narito ang mga hangga-
han ng mga teritoryong ipagkakaloob sa labin-
dalawang tribu ng Israel, kasama ang dalawang
bahagi para kay Jose. 14 Paghati-hatian ninyo ito
nang magkakapareho, yamang pinanumpaan
ko sa inyong mga magulang na ipagkakaloob
ko sa kanila ang lupaing ito na ngayo'y inyong
pamana. 15 Ito ang magiging hanggahan ng
lupain sa hilaga: mula sa Malaking Dagat ay
babagtas ng Hetlon, Paso ng Hamat, tuloy ng
Zedad, 16 Berotha, Sibraim na nasa pagitan ng
Damasco at Hamat, patungo sa Hazer-hatticon
sa mga hanggahan ng Hauran. 17 Magsisimula
sa dagat ang hanggahan nito patungong Haze-
renon, kahanay ng Damasco at ng Hamat sa
hilaga. 18 Sa silangan, magsisilbing hanggahan
ang Jordan sa pagitan ng Hauran at Damasco,
sa pagitan ng Gilead at Israel, pababa sa Dagat
Silangan hanggang sa Tamar. 19 Magsisimula sa
Tamar ang hanggahan sa timog, babagtas na
patimog sa mga tubig ng Meriba sa Kades,
mamamaybay sa Batis ng Ehipto hanggang sa
Malaking Dagat. 20 Sa kanluran magsisilbing
hanggahan ang Malaking Dagat, tuluy-tuloy sa
gawi ng Hamat. 21 Paghahati-hatian ang lupa-
ing ito ng mga tribu ng Israel. 22 Pagbabaha-
bahagihin ninyo itong pamana sa inyu-inyong
sarili at sa mga dayuhang nakikipanirahan sa

---

• **47.**1 Kapansin-pansin ang pangitain ng ilog na nagpapataba sa lupa at nanggagaling sa kinaroroonan ng Diyos. Ang Diyos na di-nakikita ay nagpapamalas ng sarili sa buhay na ibinibigay niya sa mga tao. Ang Espiritu Santo na inilalarawan ng ilog ng tubig na buhay (tingnan Juan 7:38) ang muling nagpapamulaklak sa lahat ng binhi ng buhay sa daigdig. Umaagos ang ilog tungo sa Dagat ng Asin o Dagat na Patay (napakaalat ng tubig sa dagat na ito kaya walang isda at walang anumang halamang tumutubo sa pampang). Isa itong larawan ng pagpapagaling na hatid ng Diyos sa daigdig na naging baog dahil sa mga kasalanan nito. *Magiging pagkain ang mga bunga ng mga iyon at gamot naman ang mga dahon.*

inyo at may mga anak sa piling ninyo, yamang marapat na tratuhin ninyo sila na para na ring katutubong taga-Israel. At tatanggap din sila ng pamana na dinaraan sa sapalaran kasama ng mga tribu ng Israel. 23 Bibigyan ninyo ng pamana ang dayuhan sa tribung kanyang pinaninirahanan" – salita ni Yawe.

**Ang pagbabaha-bahagi ng lupain sa labindalawang tribu**

**48** 1 Ito ang talaan ng mga tribu at ng kani-kanilang pamana. Sa dulong hilaga pagawi sa Hetlon hanggang Hamat at Hazer-enon, may hanggahang kahanay ng Damasco sa hilaga, magmula sa hanggahan sa silangan hanggang sa hanggahan sa kanluran – isa itong bahagi na ukol sa Dan. 2 Karatig ng Dan, mula sa silangan hanggang kanlurang hanggahan – ito ang para sa tribu ng Aser. 3 Karatig ng Aser, mula sa silangan hanggang kanlurang hanggahan – ito ang bahaging para sa tribu ng Neftali. 4 Karatig ng Neftali, mula sa silangan hanggang kanlurang hanggahan – para sa tribu ng Manases. 5 Karatig ng Manases, mula sa hanggahan sa silangan hanggang kanluran – ito ang bahagi ng Efraim. 6 Karatig ng Efraim, mula sa silangan hanggang kanlurang hanggahan – para sa tribu ng Ruben. 7 Karatig ng Ruben, mula sa silangan hanggang kanlurang hanggahan – para sa Juda. 8 Karatig ng Juda, mula sa silangan hanggang kanlurang hanggahan – ito ang bahaging ibubukod ninyo, may luwang na dalawampu't limang libong siko at singhaba ng bawat isa sa iba pang mga bahagi mula sa silangan hanggang sa kanlurang hanggahan. Sa sentro nito itatayo ang santuwaryo.

9 Ang bahaging ilalaan ninyo para kay Yawe ay dalawampu't limang libong siko ang haba at sampung libong siko ang luwang. 10 Dalawampu't limang libong siko ang sukat ng hanggahan nito sa hilaga, sampung libong siko sa kanluran, sampung libong siko sa silangan, at dalawampu't limang libong siko sa timog; nasa kalagitnaan nito ang santuwaryo ni Yawe. 11 Magiging pag-aari ito ng mga nakatalagang pari, mga anak ni Sadok na patuloy na tumupad ng kanilang tungkulin sa dambana at hindi tumulad sa mga Levitang nagsitalikod sa akin kasama ng nangaligaw na Israelita. 12 Kaya nga kukunin ang kanilang kaparte sa pinakabanal na bahagi ng lupain, karatig ng sa mga Levita. 13 May habang dalawampu't limang libong siko at luwang na sampung libo ang teritoryo ng mga Levita, katulad ng sa mga pari. 14 Hindi nila maipagbibili ni maipagpapalit ang alinmang bahagi niyon, at hindi rin nila maisasalin sa iba, pagkat itinalaga iyon kay Yawe. 15 Ang natitirang may luwang na limang libong siko at habang dalawampu't limang libo ay isang dibanal na lugar na itatalaga sa lunsod para pagtayuan ng mga bahay at gawing pastulan. Sa kalagitnaan niyon itatayo ang lunsod. 16 Narito ang mga sukat niyon: sa hanggahan sa hilaga, apat na libo at limandaang siko; sa timog, apat na libo at limandaang siko; sa silangan, apat na libo at limandaang siko; sa kanluran, apat na libo at limandaang siko. 17 Ang mga pastulan ng lunsod ay sasaklaw ng dalawang daan at limampung siko pahilaga, dalawang daan at limampu patimog, dalawang daan at limampu pasilangan, at dalawang daan at limampu pakanluran. 18 Ang malalabi sa bahaging ibinukod, matapos bawasin ang itinalagang bahagi, ay may sukat na sampung libong siko pasilangan at sampung libo pakanluran. Ang aanihin sa lupang ito ay para sa pagkain ng mga manggagawa sa loob ng lunsod. 19 Huhugutin sa lahat ng tribu ng Israel ang mga manggagawang ito, at sila ang magbubungkal at magtatanim sa nabanggit na lupa. 20 Lahat-lahat, ang nakabukod na bahaging banal, na karatig ng lupang pag-aari ng lunsod, ay dalawampu't limang libong sikong parisukat. 21 Para sa prinsipe ang nalabi sa alinmang panig ng lupang banal at ng lupa ng lunsod at sasaklaw ng dalawampu't limang libong siko hanggang sa hanggahan sa silangan at dalawampu't limang libong siko hanggang sa hanggahan sa kanluran, kahanay ng iba pang mga bahagi. Sa kalagitnaan ng kaparting ito ng prinsipe naroon ang banal na lote at ang santuwaryo ng Bahay. 22 Anupa't bukod sa pag-aari ng mga Levita at pag-aari ng lunsod na nasa loob ng kaparti ng prinsipe, lahat ng nasa pagitan ng mga hanggahan ng Juda at ng mga hanggahan ng Benjamin ay magiging pag-aari ng prinsipe.

23 Narito ang talaan ng iba pa sa mga tribu at kani-kanilang kaparti: Mula sa silangan hanggang kanlurang hanggahan – Benjamin. 24 Karatig ng Benjamin, mula sa silangan hanggang kanlurang hanggahan – Simeon. 25 Karatig ng Simeon, mula sa silangan hanggang kanlurang hanggahan – Isacar. 26 Karatig ng Isacar, mula sa silangan hanggang kanlurang hanggahan – Zabulon. 27 Karatig ng Zabulon, mula sa silangan hanggang kanlurang hanggahan – Gad. 28 Ang hanggahan sa timog ng Gad ay babagtas sa Tamar patungo sa mga tubig ng Meriba sa Kades, hanggang sa Wadi at Malaking Dagat. 29 Ito ang mga pamana ng mga tribu ng Israel, at ganito ang gagawin ninyong pagbabaha-bahagi – salita ni Yawe.

30 Narito naman ang mga labasan ng lunsod.
Sa gawing hilaga, na may habang apat na libo at
limandaang siko, 31 magtatayo ng tatlong pin-
tuan: pintuan ng Ruben, pintuan ng Juda, pin-
tuan ng Levi. Pangalan ng mga tribu ng Israel
ang ipapangalan sa mga pintuan ng lunsod.
32 Sa gawing silangan, na may habang apat na
libo at limandaang siko, ay tatlong pintuan:
pintuan ng Jose, pintuan ng Benjamin, pintuan
ng Dan. 33 Sa gawing timog, na apat na libo at
limandaang siko rin ang haba, tatlong pintuan:
pintuan ng Simeon, pintuan ng Isacar, pintuan
ng Zabulon. 34 At sa kanluran, apat na libo at
limandaang siko ang haba, magkakaroon ng
tatlong pintuan: pintuan ng Gad, pintuan ng
Aser, pintuan ng Neftali. 35 Labingwalong libong
siko ang kabuuang sukat sa palibot. Ang ipa-
pangalan sa lunsod ay "Naroon si Yawe."